CITY CLERK
CITY OF LOS ANGELES
FOUNDED 1781
ELECTION DIVISION

PAMPLET NG IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

TINIPON NI PATRICE Y. LATTIMORE, KLERK NG LUNGSOD

★ PANGKALAHATANG HALALANG MUNISIPAL ★
MARTES, NOBYEMBRE 3, 2026

clerk.lacity.gov/elections

TAGALOG

Para sa Impormasyon Tungkol sa Eleksyon, tumawag sa 1-888-873-1000

Ang Lungsod ng Los Angeles ay nagbibigay ng impormasyon para sa botante sa Ingles at sa mga sumusunod na wika:

Այս բրոշյուրի հայերեն օրինակն ստանալու համար զանգահարեք 1-888-873-1000 հեռախոսահամարով:

要索取本手冊的中文版，
請致電 **1-888-873-1000**

برای تهیه‌ی نسخه‌ای از این جزوه به زبان فارسی، با شماره تلفن
1-888-873-1000 تماس بگیرید

हिन्दी में इस पैम्फलेट की प्रति प्राप्त करने के लिए,
1-888-873-1000 पर फोन करें

このパンフレットの日本語版をご希望の方は、
1-888-873-1000までお電話ください。

ដើម្បីទទួលបានឯកសារថតចម្លងមួយច្បាប់ពីកូនសៀវភៅនេះជាភាសាខ្មែរ
សូមហៅទូរស័ព្ទលេខ **1-888-873-1000**

이 팸플릿을 한국어로 원하시면 다음 전화번호로
연락하십시오. **1-888-873-1000**

Для получения копии данной брошюры на русском языке позвоните по номеру 1-888-873-1000.

Para obtener una copia de este folleto en español, llame al 1-888-873-1000

Para makakuha ng kopya ng pamplet na ito sa Tagalog, tumawag sa 1-888-873-1000

เพื่อขอสำเนาจุลสารนี้ในภาษาไทย โปรดโทรศัพท์ติดต่อที่หมายเลข 1-888-873-1000

Muốn có một tập sách này bằng tiếng Việt, hãy gọi số 1-888-873-1000

Talaan ng Mga Nilalaman

Pahina

Buod ng Balota 3-9

Panukala sa Balota, Mga Pangangatwiran, at Teksto

Proposisyon TE **10**

Pagsusog sa Saligang-batas LA **16**

Pagsusog sa Saligang-batas PL **35**

Pagsusog sa Saligang-batas EE **44**

Pagsusog sa Saligang-batas PRK **57**

Pagsusog sa Saligang-batas PRT **64**

Inisyatibong Ordinansa FD **70**

IMPORMASYON NG BOTANTE

Ang Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng Los Angeles ay ang tagapangasiwa ng Halalang Munisipal ng Lungsod ng Los Angeles.

Ang pamplet na ito ay naglalaman lamang ng impormasyon tungkol sa mga panukala sa balota ng Lungsod para sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 3, 2026.

Para sa impormasyon tungkol sa Halalan, tulad ng Mga Sentro ng Botohan, mangyaring makipag-ugnayan sa LA County sa (800) 815-2666 o bisitahin ang kanilang website sa www.lavote.gov.

Naglalaman ang susunod na 7 pahina ang pinasimpleng bersyon ng mga panukala sa balota ng Lungsod. Ang buong teksto ng bawat panukala, pati na rin ang iba pang impormasyon, ay naka-limbag pagkatapos ng Buod ng Balota (tingnan ang Pahina ng Talaan ng Nilalaman).

PROPOSISYON TE NG LUNGSOD NG LOS ANGELES

PAMAGAT:
EKSEMPSIYON SA BUWIS SA PAGLIPAT NG ARI-ARIAN PARA SA MGA BIKTIMA NG SAKUNA DAHIL SA SUNOG NOONG ENERO 2025.

ANG ISYU:
Dapat bang magpatibay ng isang ordinansa upang magbigay ng minsanang eksempsiyon mula sa Buwis sa Kawalan ng Tirahan at mga Solusyon sa Pabahay(Proposisyon ULA) ng Lungsod para sa mga residensyal na ari-arian na nasira o nawasak sa Sunog sa Palisades at naibenta sa loob ng limang taon mula sa petsa ng pagsisimula ng Sunog?

ANG SITWASYON:
Noong 2022, inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon ULA, isang espesyal na buwis sa paglilipat ng dokumentaryo sa mga pagbebenta ng ari-arian na higit sa $5 milyon (ayon sa implasyon) upang pondohan ang abot-kayang pabahay at mga programa sa tulong sa nangungupahan. Ang Sunog sa Palisades, na nagsimula noong ika-7 ng Enero, 2025, ay nakapinsala o sumira sa maraming residensyal na ari-arian, kabilang ang mga bahay at yunit ng tirahan. Ang mga ari-ariang napinsala ng sunog na naibenta o ibebenta nang higit sa $5 milyon (ayon sa implasyon) ay sasailalim sa buwis sa Proposisyon ULA.

ANG MUNGKAHI:
Ililibre ng panukalang ito ang pagbebenta o paglilipat ng mga ari-ariang residensyal na higit sa $5 milyon (ayon sa implasyon) na napinsala o nawasak ng Sunog sa Palisades mula sa buwis sa Proposisyon ULA. Kung ang isang nasira o nawasak na residensyal na ari-arian ay ibinenta sa pagitan ng ika-7 ng Enero, 2025 at ika-6 ng Enero, 2030 ng may-ari nito noong araw na nagsimula ang sunog, magiging kwalipikado ang pagbebenta para sa isang beses na pagbabalik-bayad o eksempsyon mula sa buwis sa ilalim ng Proposisyon ULA.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mo na ang mga pagbebenta ng mga residensyal na ari-arian na higit sa $5 milyon (ayon sa implasyon) na nasira o nawasak ng Sunog sa Palisades ay maging kwalipikado para sa isang beses na pagbabalik-bayad o eksempsyon mula sa buwis ng Proposisyon ULA kung maibebenta sa loob ng limang taon mula sa petsa ng pagsisimula ng Sunog.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gugustuhing maging kwalipikado para sa isang beses na pagbabalik-bayad o eksempsyon mula sa buwis ng Proposisyon ULA ang mga pagbebenta ng mga residensyal na ari-arian na higit sa $5 milyon (ayon sa implasyon) na nasira o nawasak ng Sunog sa Palisades kung maibebenta sa loob ng limang taon mula sa petsa ng pagsisimula ng Sunog.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 14.

PAMAGAT:
IMPRASTRUKTURA, BADYET, PANANALAPI, AT PAGKONTRATA NG LUNGSOD.

ANG ISYU:
Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang: magtatag ng plano para sa imprastraktura at siklo ng badyet na dalawang taon para sa Lungsod; dagdagan ang awtoridad ng Direktor ng Mga Gawaing Pampubliko (Direktor) at pahintulutan ang pag-aalis o pagbabago sa Lupon ng mga Gawaing Pampubliko (Lupon); alisin ang mga paghihigpit na nagbabawal sa Lungsod na magsagawa ng mga negosyong pangkomersiyo at isanla ang ari-ariang pag-aari ng Lungsod; at baguhin ang ilang tuntunin at pamamaraan sa pagkontrata?

ANG SITWASYON:
Ang Saligang-batas sa kasalukuyan ay: nagtatatag ng isang taong siklo ng badyet; ipinagbabawal ang Lungsod na isasangla ang ari-arian nito; nililimitahan ang pagsasagawa ng mga komersyal na negosyo; itinatadhana na ang Kagawaran ng Gawaing Pampubliko ay pinamamahalaan ng isang buong panahong Lupon at tinutulungan ng isang Direktor; hindi nangangailangan ng plano sa imprastraktura ng kapital; at kinokontrol ang paggawad ng mga kontrata.

ANG MUNGKAHI:
Gagawin ng panukalang ito ang mga sumusunod:

- Magtatag ng dalawang-taong siklo ng badyet na maaaring isaayos sa pamamagitan ng ordinansa;
- Alisin ang mga paghihigpit sa kakayahan ng Lungsod na makisali sa mga negosyong pangkomersyo o isasangla ang mga ari-ariang pag-aari ng Lungsod;
- Palawakin ang awtoridad ng Direktor na pangasiwaan ang Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain, at payagan ang mga pagbabago o pag-aalis ng Lupon, sa pamamagitan ng ordinansa;
- Atasan ang Lungsod na magtatag ng isang plano para sa imprastraktura ng kapital;
- Ilibre ang ilang mahahalagang proyektong imprastraktura mula sa mga patakaran ng Lungsod sa kompetisyon sa pag-bid; at
- Pahintulutan ang Lungsod sa pamamagitan ng ordinansa na talikuran ang mga teknikal o administratibong pagkakamali, at payagan ang mga nagbi-bid na itama ang iba pang mga pagkakamali o pagkukulang, sa mga papel ng etika bago suriin ang mga pag-bid sa kontrata.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mong susugan ang Saligang-batas upang maisagawa ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas tungkol sa imprastraktura, badyet, pananalapi, at pagkontrata ng Lungsod.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gugustuhing susugan ang Saligang-batas upang gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas tungkol sa imprastraktura, badyet, pananalapi, at pagkontrata ng Lungsod.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 22.

PAMAGAT:
KAGAWARAN NG PAGPAPLANO NG LUNGSOD.

ANG ISYU:
Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang: magtatag ng Komisyon sa mga Apela ng Kapitbahayan bilang kapalit ng mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar; baguhin kung paano nirerepaso at inaaprubahan ang ilang desisyon sa pagpaplano; linawin ang awtoridad ng Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod para sa mga mala-hudisyal na aplikasyon; pahintulutan ang mga pagbabago sa mga regulasyon sa lawak ng sahig sa pamamagitan ng ordinansa; at gumawa ng mga kaugnay na pagbabago?

ANG SITWASYON:
Itinatatag ng Saligang-batas ang mga kapangyarihan at tungkulin ng mga pangunahing tagagawa ng desisyon sa pagpaplano at paggamit ng lupa, kabilang ang Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod, mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at Pagpaplano ng Lugar, Direktor ng Pagpaplano, Tanggapan ng Administrasyon ng Sona, Konseho ng Lungsod at Alkalde.

ANG MUNGKAHI:
Ang panukala ay:

- Palitan ang pitong Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ng iisang Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan (NAC) na may kahit pitong miyembro;
- Bigyan ng kapangyarihan ang bagong tatag na NAC na dinggin ang mga apelang administratibo at muling isaalang-alang ang mga apela na iyon nang walang pagsa-alang-alang sa mga naunang gumagawa ng desisyon, at magpasya sa iba pang mga bagay na itinatadhana ng ordinansa;
- Lumikha ng mga karagdagang kinakailangan sa pamamaraan at takdang panahon para sa Konseho ng Lungsod upang igiit ang hurisdiksyon sa pagpaplano at mga usapin sa paggamit ng lupa;
- Tukuyin sa Saligang-batas na ang Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod ay responsable para sa mala-hudisyal na pagsusuri na isinasagawa ng itinalagang kawani ng Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod na awtorisado ng ordinansa, at ayon sa hinirang ng Direktor ng Pagpaplano;
- Alisin ang mga seksyong may kaugnayan sa ilang partikular na pag-apruba sa paggamit ng lupa at itinalagang awtoridad sa batas;
- Itakda na ang mga Pagbabago sa Pangkalahatang Plano ay aaprubahan kung ang Konseho ng Lungsod ay hindi kikilos sa loob ng 75 araw pagkatapos ng mga naunang pag-apruba; at
- Payagan ang Konseho ng Lungsod na baguhin ang limitasyon sa Paghihigpit sa Lawak ng Sahig sa pamamagitan ng ordinansa.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mong susugan ang Saligang-batas gamit ang mga pagbabago sa itaas patungkol sa Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gustong susugan ang Saligang-batas gamit ang mga pagbabago sa itaas patungkol sa City Planning Department.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 39.

PAGSUSOG NG LUNGSOD NG LOS ANGELES SA SALIGANG-BATAS EE

PAMAGAT:
MGA ETIKA, HALALAN, AT PAMAMAHALA NG LUNGSOD.

ANG ISYU:
Dapat bang susugan ang Saligang-batas upang: palakasin ang kalayaan ng Inspektor Heneral ng Kagawaran ng Pulisya at ng Indipendiyenteng Tagatasa ng Kagawaran ng Bumbero; pagbawalan ang mga Komisyoner ng Etika na tumakbo para sa ilang halal na posisyon sa loob ng limang taon matapos silang umalis sa tungkulin; taasan ang mga multang pera para sa mga paglabag sa pananalapi ng kampanya; atasan ang Konseho ng Lungsod na magpulong nang hindi bababa sa isang beses bawat linggo sa halip na sa kasalukuyang kinakailangang tatlong araw bawat linggo; taasan ang bilang ng mga lagdang kailangan para sa mga petisyon ng reperendum; at gumawa ng iba pang kaugnay na pagbabago tungkol sa etika, halalan, at pamahalaan?

ANG SITWASYON:
Itinatakda ng Saligang-batas ng Lungsod ang mga istruktura, kapangyarihan, at responsibilidad ng pamahalaang Lungsod.

ANG MUNGKAHI:
Ang panukalang ito ay magdadala ng mga sumusunod na pagbabago:

- Pagbawalan ang Ehekutibong Direktor at mga Komisyoner ng Komisyon ng Etika na tumakbo para sa mga katungkulan sa Lungsod o sa Lupon ng Edukasyon ng Los Angeles sa loob ng limang taon pagkatapos umalis sa kanilang mga posisyon;
- Taasan ang pinakamataas na multa para sa mga paglabag sa pondo ng kampanya sa mas mataas na $15,000 (inaayos taun-taon para sa implasyon), o tatlong beses ng halagang hindi wastong naiulat o ilegal na iniambag, ginastos, ibinigay, o natanggap, bawat paglabag.
- Taasan ang bilang ng mga lagda na kinakailangan para sa mga petisyon ng reperendum mula 10 porsyento sa 15 porsyento ng mga boto noong nakaraang halalan sa pagka-Alkalde;
- Palakasin ang kalayaan ng Inspektor Heneral ng Kagawaran ng Pulisya at ng Indipendiyenteng Tagatasa ng kagawaran ng Bumbero upang magbukas at magsagawa ng mga imbestigasyon o pag-awdit;
- Atasan ang Konseho ng Lungsod na magpulong nang hindi bababa sa lingguhan sa halip na tatlong araw kada linggo at gumawa ng mga kaugnay na pagbabago sa mga kinakailangan sa oras para sa pag-veto ng mga aksyon ng lupon;
- Linawin ang mga salita tungkol sa paglilipat ng mga kapangyarihan para sa Kagawaran ng Pulisya at Kagawaran ng Bumbero; at
- Pahintulutan ang pagbibigay-kahulugan sa isang miyembro ng komunidad ng Konseho ng Kapitbahayan sa pamamagitan ng ordinansa.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mong susugan ang Saligang-batas upang gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas tungkol sa etika, halalan, at pamamahala.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gugustuhing susugan ang Saligang-batas upang gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas tungkol sa etika, halalan, at pamamahala.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 49.

PAMAGAT:
BADYET NG KAGAWARAN NG LIBANGAN AT MGA PARKE NG LUNGSOD.

ANG ISYU:
Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang itaas ang pinakamababang badyet para sa Kagawaran ng Libangan at mga Parke, na unti-unting ipatutupad sa loob ng sampung taon hanggang sa maging doble ito ng kasalukuyang pinakamababang nakalaang badyet, na may mga eksempsiyon kapag may krisis sa pananalapi?

ANG SITWASYON:
Itinatatag ng Saligang-batas ang pinakamababang badyet para sa Libangan at mga Parke mula sa Pangkalahatang Pondo. Ang pinakamababang badyet na iyon ay isang halagang katumbas ng 0.0325% ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod. Ang kasalukuyang porsiyento ng pondong inilaan sa Saligang-batas at ang nagresultang alokasyon sa badyet ay hindi nakasabay sa lumalaking populasyon, lumalawak na sistema ng mga parke, at tumataas na gastos sa paggawa. Nakatulong ito sa mga pagbawas sa mga serbisyo ng Libangan at mga Parke sa paglipas ng panahon.

ANG MUNGKAHI:
Ang panukalang ito ay magtataas sa pinakamababang halaga ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo na inilalaan para sa Libangan at mga Parke. Ang porsiyento ay tataas mula 0.0325% hanggang 0.065% ng tinatayang halaga ng lahat ng ari-arian batay sa halagang itinakda para sa buwis ng Lungsod, na unti-unting ipatutupad sa loob ng sampung taon. Ang panukala na ito ay hindi lilikha ng bagong buwis o bubuo ng karagdagang kita ng Lungsod. Mangangailangan ito ng mas maraming pera mula sa Pangkalahatang Pondo na ilalaan sa Libangan at mga Parke.

Ang dagdag na pondong ito ay makakatulong na matugunan ang mga antas ng serbisyo sa Libangan at mga Parke, mga kakulangan sa pagkakapantay-pantay ng parke, at magbibigay-daan sa Libangan at mga Parke na masakop ang gastos ng mga operasyon at programa.

Sa panahon ng idineklarang emerhensiya sa pananalapi, maaaring bawasan ng Konseho ng Lungsod ang nadagdagang pondong ito ng isang tiyak na halaga. Gayunpaman, ang pinakamababang alokasyon ng badyet ng Libangan at mga Parke ay hindi maaaring bawasan sa kasalukuyang antas na 0.0325% ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mong taasan ang minimum na badyet para sa Kagawaran ng Libangan at mga Parke, na unti-unting gagawin sa loob ng mahigit sampung taon, maliban sa mga emerhensiya sa pananalapi.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gugustuhing taasan ang minimum na badyet para sa Department of Kagawaran ng Libangan at mga Parke.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 62.

PAMAGAT:
MGA KAGAWARAN NG MGA PALIPARAN, DAUNGAN, TUBIG AT KURYENTE NG LUNGSOD.

ANG ISYU:
Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang: atasan ang Kagawaran ng Daungan na maglaan ng pondo para sa mga proyektong pampublikong aksesibilidad sa tabing-dagat; atasan ang pagsisiwalat ng mga epekto ng lakas ng paggawa para sa ilang mga pag-upa at kasunduan sa Daungan ng Los Angeles; dagdagan ang pinakamataas na termino para sa ilang mga pag-upa; at baguhin ang kinakailangan sa komposisyon para sa Komisyon ng Paliparan?

ANG SITWASYON:
Pinahihintulutan ng Saligang-batas ang Konseho ng Lungsod na aprubahan ang mga kontrata ng pag-upa na hanggang 50 taon para sa Kagawaran ng Paliparan (LAWA) at Kagawaran ng Tubig at Enerhiya (DWP) at hanggang 66 na taon para sa Kagawaran ng Daungan.

Nagtatag ang Saligang-batas ng isang pitong miyembrong Lupon ng mga Komisyoner ng Paliparan na may isang miyembro mula sa lugar na nakapalibot sa Internasyonal na Paliparan ng Los Angeles (LAX) at isang miyembro mula sa lugar na nakapalibot sa Paliparan ng Van Nuys (VNY).

Binibigyan ng Saligang-batas ang Lupon ng mga Komisyoner ng Daungan ng awtoridad na pamahalaan ang Distrito ng Daungan. Kinakailangan ng batas ng estado ang mga Permiso sa Pagpapaunlad ng Baybayin para sa maraming proyekto sa pagpapaunlad ng daungan.

ANG MUNGKAHI:
Gagawin ng panukalang ito ang mga sumusunod:

- Payagan ang Konseho ng Lungsod na pahintulutan ang mga lease na hanggang 66 na taon para sa LAWA at DWP;
- Kinakailangan na ang tatlong miyembro ng Lupon ng mga Komisyoner ng Paliparan ay magmula sa lugar na nakapalibot sa LAX at dalawa mula sa lugar na nakapalibot sa VNY;
- Hilingin sa Kagawaran ng Daungan na gamitin ang ilan sa kita nito sa pagpapatakbo para sa mga proyektong pampublikong daanan sa tabing-dagat; at
- Hilingin sa mga aplikante para sa ilang iminungkahing pag-upa, at para sa mga pagpapaunlad na nangangailangan ng mga Permiso sa Pagpapaunlad sa Baybayin, sa Daungan ng Los Angeles na ibunyag ang mga epekto sa antas ng trabaho na kaugnay ng iminungkahing proyekto.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mong susugan ang Saligang-batas upang gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas patungkol sa mga departamento ng Paliparan, Daungan, at Tubig at Enerhiya ng Lungsod.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gugustuhing susugan ang Saligang-batas upang gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas patungkol sa mga departamento ng Paliparan, Daungan, at Tubig at Enerhiya ng Lungsod.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 68.

INISYATIBONG ORDINANSA NG LUNGSOD NG LOS ANGELES FD

PAMAGAT:
PAGPONDO PARA SA KAGAWARAN NG BUMBERO NG LOS ANGELES SA PAMAMAGITAN NG KALAHATING PORSYENTONG BUWIS SA PAGBEBENTA.

ANG ISYU:
Dapat bang magpatibay ng isang ordinansa upang magtatag ng buwis sa pagbebenta na kalahating porsiyento (0.5%) sa Lungsod ng Los Angeles upang magbigay ng karagdagang pondo para sa Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles, kabilang ang para sa mga tauhan, sasakyan at kagamitan, mga istasyon ng bumbero, paglilinis ng mga halaman at iba pang nasusunog na materyales sa mga lugar na madaling kapitan ng sunog, at iba pang pangangailangan ng Kagawaran ng Bumbero? Ang buwis ay lilikom ng humigit-kumulang $345 milyon bawat taon at mangangailangan ng mga taunang pag-awdit at isang Komite ng Pangangasiwa ng mga Mamamayan.

ANG SITWASYON:
Ang Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles (LAFD) ay tumatanggap ng pondo bawat taon sa pamamagitan ng proseso ng badyet ng Lungsod. Halos lahat ng pondong iyon ay sa pamamagitan ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod, na may limitadong mga mapagkukunan at dapat suportahan ang karamihan sa mga kagawaran ng Lungsod habang binabalanse ang malawak na hanay ng magkakasalungat na prayoridad.

ANG MUNGKAHI:
Ang panukalang ito ay naging kwalipikado para sa balota sa pamamagitan ng isang petisyon ng inisyatibong inisponsoran ng mamamayan. Ang panukalang ito ay magtatatag ng 0.5% na buwis sa pagbebenta na bubuo ng karagdagang taunang kita na nakalaan upang suportahan ang LAFD. Ang mga kita mula sa buwis ay gagamitin para sa, ngunit hindi limitado sa:

- bumbero, paramediko, at mga kawaning sibilyan;
- mga trak ng bumbero, ambulansya, helikopter, kagamitan, at mga sistema ng komunikasyon para sa emerhensiya;
- pagpapabuti ng paglilinis ng mga palumpong at paghahanda sa sunog sa kagubatan; at
- pagpapanatili, pagpapalit, at pagtatayo ng mga istasyon ng bumbero at mga pasilidad ng serbisyong medikal na pang-emerhensya.

Ang panukalang ito ay magtatatag ng isang Komite sa Pangangasiwa ng mga Mamamayan upang matiyak na ang mga kita mula sa buwis ay gagastusin alinsunod sa ordinansa. Maaari lamang ipataw ang buwis kung ang Lungsod ay nagpapanatili ng pinakamababang antas ng paggastos ng Pangkalahatang Pondo para sa LAFD, batay sa mga dating antas ng pagpopondo.

ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:
Gusto mong magtakda ng 0.5% na buwis sa pagbebenta upang makapagbigay ng karagdagang pondo para sa Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles.

ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:
Hindi mo gugustuhing magtakda ng 0.5% na buwis sa pagbebenta para magbigay ng karagdagang pondo para sa Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles.

ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 81.

TE EKSEPSIYON SA BUWIS SA PAGLIPAT NG ARI-ARIAN PARA SA MGA BIKTIMA NG SAKUNA DAHIL SA SUNOG NOONG ENERO 2025. PROPOSISYON TE.

Dapat bang pagtibayin ang isang ordinansa upang magbigay ng isang beses na eksepsiyon sa espesyal na buwis ng Lungsod sa paglipat ng dokumento ng ari-arian (Proposisyon ULA) para sa mga residensyal na ari-ariang nasira o nawasak sa Sunog sa Palisades at ipinagbili sa loob ng limang taon mula sa petsa ng Sunog?

WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Ang Lungsod ng Los Angeles ay nagpapataw ng buwis sa dokumentaryong paglipat na 0.45 porsyento sa pagbebenta o paglipat ng ari-arian. Noong 2022, inaprubahan ng mga botante ang Buwis sa Kawalan ng Tirahan at mga Solusyon sa Pabahay (Proposisyon ULA), isang karagdagang espesyal na buwis sa dokumentaryong paglipat sa pagbebenta o paglipat ng tunay na ari-arian. Ang Proposisyon ULA ay nagtatag ng apat na porsyentong buwis sa pagbebenta o paglipat ng ari-arian na higit sa $5 milyon at 5.5 porsyentong buwis sa mga benta o paglipat na $10 milyon o higit pa. Ang mga limitasyon sa pagbebenta ng ari-arian na napapailalim sa buwis ay inaayos taun-taon batay sa Naka-chain na Indeks ng Presyo ng Mamimili at kasalukuyang nasa $5.4 milyon at $10.9 milyon. Ang mga entidad ng gobyerno, mga kwalipikadong organisasyon ng abot-kayang pabahay, at ilang partikular na organisasyong hindi pangkalakal ay hindi sakop ng buwis.

Ang kita mula sa buwis sa Proposisyon ULA ay ginagamit para sa abot-kayang pabahay at mga programa sa tulong sa nangungupahan. Pinopondohan ng Programa sa Abot-kayang Pabahay ang produksyon at rehabilitasyon ng abot-kayang pabahay. Pinopondohan ng Programa sa Pag-iwas sa Kawalan ng Tirahan ang iba't ibang aktibidad sa pagtulong sa nangungupahan, tulad ng suportang pinansyal o legal na suporta sa mga kaso ng pagpapaalis. Hindi hihigit sa walong porsyento ng kita ang maaaring gamitin para sa pangangasiwa, pag-uulat, pagsunod, at pagpapatupad ng programa.

Noong Ika-7 ng Enero, 2025, nagsimula ang Sunog sa Palisades. Ayon sa datos mula sa Kagawaran ng Gusali at Kaligtasan ng Los Angeles, ang Sunog sa Palisades ay nagdulot ng pinsala at pagkawasak ng humigit-kumulang 5,620 na istruktura, kung saan tinatayang 5,495 ay mga istrukturang residensyal. Kung ang alinman sa mga ari-ariang ito ay ibebenta o ililipat nang higit sa $5 milyon (ayon sa pagsasaayos para sa implasyon), ang transaksyon ay sasailalim sa buwis sa Proposisyon ULA.

Ililibre ng panukalang ito ang pagbebenta o paglilipat ng mga ari-ariang residensyal na higit sa $5 milyon (ayon sa implasyon) na napinsala o nawasak ng Sunog sa Palisades mula sa buwis sa Proposisyon ULA. Ang pinsala o pagkawasak ay ibeberipika ng Kagawaran ng Gusali at Kaligtasan. Kung ang isang nasira o nawasak na ari-ariang pantahanan ay naibenta o nailipat sa pagitan ng Ika-7 ng Enero, 2025 at Ika-6 ng Enero, 2030 ng may-ari na nakatala sa petsa ng pagsisimula ng Sunog sa Palisades, ang pagbebenta o paglilipat ay magiging kwalipikado para sa isang beses na pagbabalik ng bayad o eksemsyon mula sa buwis sa Proposisyon ULA..

Ang Direktor ng Pananalapi ay magkakaroon ng awtorisasyon na mag-isyu ng mga pagbabalik ng bayad sa mga karapat-dapat na paghahabol para sa anumang buwis sa Proposisyon ULA na nabayaran bago ang petsa ng pagkakabisa ng panukalang ito.

Ang hakbang na ito ay magbibigay ng tulong pinansyal para sa mga may-ari ng ari-ariang naapektuhan ng Sunog sa Palisades. Ang hakbang na ito ay maaaring humantong sa pagbawas sa mga kita sa buwis

ng Proposisyon ULA, na magreresulta sa pagbaba ng pondo para sa abot-kayang pabahay at mga programa sa tulong sa nangungupahan.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNGSOD

Ang panukalang ito ay nagbibigay ng minsanang eksepsiyon mula sa buwis sa paglilipat ng dokumentaryo ng Pinag-isang Proposisyon sa Bahay ng LA (ULA) sa mga ari-ariang pantahanan na nasira o nawasak sa Sunog sa Palisades noong 2025 at naibenta sa pagitan ng Ika-7 ng Enero, 2025 at Ika-6 ng Enero, 2030. Ang eksemsyong ito ay hindi makakaapekto sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod, ngunit magbabawas sa kita ng Pondo ng Bahay ng LA, na siyang nagpopondo sa produksyon ng abot-kayang pabahay at mga programa sa pag-iwas sa kawalan ng tirahan. Ang tinatayang pagbawas sa kita ng ULA ay nasa pagitan ng $35 milyon at $66 milyon hanggang Enero 2030. Ang tantyang ito ay batay sa karaniwang buwis sa ULA na binabayaran sa bawat kwalipikadong transaksyon sa Palisades, ang bilang ng mga muling itinayong bahay na nakalista para sa pagbebenta noong Hulyo 2026, at mga benta ng mga bakanteng parsela pagkatapos ng sunog. Ipinapalagay ng mas mataas na pagtatantya na ang katamtamang bilang ng mga transaksyon ay dumoble. Ang aktwal na pagkalugi sa kita ay depende sa kabuuang kwalipikadong ari-ariang pantahanan na naibenta bago matapos ang eksepsiyon.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA TE

Inaprubahan ng mga botante ng Los Angeles ang Panukala ULA para tugunan ang krisis sa kawalan ng tirahan at pabahay. Hindi kailanman nilayon nitong parusahan ang mga nakaligtas na nawalan ng lahat ng bagay sa idineklarang sakuna.

Kapag ang sunog, lindol, o iba pang sakuna ay sumira sa isang bahay o buong komunidad, ang mga biktima ay kadalasang walang pagpipilian kundi ibenta ang kanilang ari-arian upang mabayaran ang mga gastusin, lumipat ng tirahan, maibalik ang mga gamit, o makabawi sa kanilang pinansyal na kalagayan. Ang pag-aatas sa kanila na magbayad ng buwis sa real estate ng ULA kahit na nawala na sa kanila ang lahat—nang hindi naman nila kasalanan - ay lalo lamang nagpapalala sa isang mapaminsalang sitwasyon.

Matapos malampasan ang hindi maisip na mga problema sa mga kompanya ng seguro, mabilis na pagtaas ng mga gastos sa muling pagtatayo, at hindi tiyak na mga takdang panahon, maraming nakaligtas sa sunog ang nahaharap sa isang imposibleng pagpipilian: ang tanggapin ang mga gastos na hindi nila kayang muling itayo, o ibenta ang ari-ariang nawala sa kanila. Hindi na sila dapat patawan ng karagdagang parusa ng buwis sa ULA para sa mga pangyayaring lampas sa kanilang kontrol.

Ang pagbibigay ng kaluwagan sa buwis sa mga biktima ng kalamidad ay tungkol sa pagiging patas, habag, at sentido komun. Pinapanatili nito ang pangunahing layunin ng ULA, habang kinikilala na ang mga nakaligtas sa mapaminsalang pagkalugi ay nararapat sa suporta at kakayahang umangkop.

Hindi pinapawalang-bisa ng hakbang na ito ang ULA o lumilikha ng butas para sa mga mamumuhunan o mga ispekulator. Sa halip, ang makitid na iniakmang hakbang na ito ay nagbibigay ng limitado at minsanang eksepsyon para sa mga may-ari ng mga residensyal na ari-arian, kabilang ang mga gusaling maraming pamilya, na nasira o nawasak sa mga sunog noong Enero 7, 2025.

Gaya ng naranasan mismo ng Los Angeles, maaaring tumama ang mga sakuna sa anumang kapitbahayan. Kapag may idineklara na sakuna, ang dapat nating tugon ay tulungan ang mga tao na makabangon, hindi magpataw ng karagdagang pasanin sa pananalapi sa pinakamasamang posibleng sandali.

Ang pagsuporta sa mga biktima ng kalamidad ay hindi isang isyung partisan. Ito ay isang pahayag na nandiyan ang Los Angeles kasama ang mga residente nito sa kanilang pinakamalaking oras ng pangangailangan.

Ang botong **OO** ay nagpapanatili sa layunin ng ULA habang inaalis ang mga hadlang sa pananalapi sa pagbangon mula sa sakuna.

MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA TE

TRACI PARK
Miyembro ng Konseho, ika 11 Distrito
City of Los Angeles

MARQUEECE HARRIS-DAWSON
Presidente ng Konseho, ika 8 Distrito
City of Los Angeles

BEN ALLEN
Senador ng Estado
State of California

NICK MELVOIN
Miyembro ng Lupon ng Paaralan
Los Angeles Unified School District

WESTERN STATES REGIONAL COUNCIL OF CARPENTERS
Favian Guillen
Kalihim Tagapagpaganap Ingat-yaman

KAREN BASS
Alkalde
City of Los Angeles

MONICA RODRIGUEZ
Miyembro ng Konseho, ika 7 Distrito
City of Los Angeles

JACQUI ERWIN
Miyembro ng Asembleya
State of California

LA/OC BUILDING & CONSTRUCTION TRADES COUNCIL
Ernesto Medrano
Kalihim Ehekutibo

PACIFIC PALISADES COMMUNITY COUNCIL
Allison Holdorff Polhill
Presidente

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA NA ITO ANG NAISUMITE.

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga bagong probisyon o wikang idinagdag sa Kodigo Munisipal o sa mga umiiral na seksiyon ng Kodigo Munisipal ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang tinanggal mula sa Kodigo Munisipal o mula sa mga umiiral na seksiyon ng Kodigo Munisipal ay ipinapakita nang ~~naka-strikeout~~.

PROPOSISYON TE

TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

Seksiyon 1. Isang bagong Seksiyon 21.9.17 ang idinaragdag sa Kodigo Munisipal ng Lungsod ng Los Angeles, patungkol sa mga eksepsiyon sa Buwis sa Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Pabahay, na nakasaad gaya ng sumusunod:

SEK. 21.9.17. EKSEPSIYON – SUNOG SA PALISADES

(a) Buwis sa Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Pabahay na ipinapataw ng Subseksiyon (b) ng Seksiyon 21.9.2 ng Kodigong ito ay hindi ilalapat sa anumang deed, instrumento, o kasulatan kaugnay ng pagbibigay, pagtatalaga, paglilipat, o pag-convey, o pag-vest ng anumang ibinebentang lupa, tenement, o iba pang ari-arian sa Lungsod ng Los Angeles sa isang bumibili o mga bumibili, o iba pang tao o mga tao kung ang nasabing transferee ay:

(1) ang lupa, mga paupahan, o iba pang ari-arian na naibenta sa loob ng Lungsod ng Los Angeles ay isang residensiyal na ari-arian na napinsala o nawasak ng Sunog sa Palisades noong Enero 2025;

(2) ang pinsala o pagkawasak ng ari-ariang residensiyal na inilarawan sa Subseksiyon (a)(1) ay beripikado ng Kagawaran ng Gusali at Kaligtasan;

(3) ang tagapagbigay, tagapagtalaga, o tagapaglipat ay ang may-ari o mga may-ari ng ari-ariang residensiyal na inilarawan sa Seksiyon (a)(1);

(4) Ang tagapagbigay, tagapagtalaga, o tagapaglipat na inilarawan sa ilalim ng Subseksiyon (a)(3) ay ang may-ari o mga may-ari ng ari-ariang residensiyal na inilarawan sa Subseksiyon (a)(1) noong Enero 7, 2025;

(5) ang ari-arian na inilarawan sa Subseksiyon (a)(1) ay hindi pa nakakuha ng eksepsiyon sa ilalim ng Seksiyong ito; at

(6) ang ari-arian na inilarawan sa Subseksiyon (a)(1) ay hindi kasali sa Subseksiyon (a) ng Seksiyon 21.9.2 ng Kodigong ito.

(b) Ang "Napinsala" ay magkakaroon ng parehong aplikasyon gaya ng nakasaad sa Seksiyon 16.03 ng Kodigong ito.

(k) Ang Subseksiyon (a) ay magkakabisa simula Enero 7, 2025 hanggang Enero 6, 2030.

(d) Ang Direktor ng Pananalapi ay awtorisado at may kapangyarihang mag-isyu ng refund sa mga karapat-dapat na claim, na itinuturing na naipon, para sa anumang Buwis sa Solusyon sa Kawalan ng Tirahan at Pabahay na ipinataw alinsunod sa Subseksiyon (b) ng Seksiyon 21.9.2 na nabayaran bago ang petsa ng pagkakabisa ng seksiyong ito, sa paraang nakasaad sa Section 21.9.10 ng Kodigong ito. Anumang mga limitasyon sa oras na itinakda ng Seksiyon 21.9.10 ng Kodigong ito patungkol sa mga refund na inilarawan dito ay hindi magsisimulang gumana hanggang sa petsa ng pagkakabisa ng seksiyong ito.

Sek. 2. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng

anumang hukuman o tribunal na may kakayahang panghurisdiksiyon, ang natitirang mga seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para rito, ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na naipasa nawa nila ang lahat ng seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi at aplikasyon ng ordinansang ito nang wala ang seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon na ipinasiyang labag sa konstitusyon o hindi wasto.

LA IMPRASTRUKTURA, BADYET, PANANALAPI, AT PAGKONTRATA NG LUNGSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA.

Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang: magtatag ng isang plano para sa imprastrakturang kapital at dalawang-taong siklo ng badyet para sa Lungsod; palawakin ang kapangyarihan ng Direktor ng Pampublikong Gawain at pahintulutan ang pagbuwag o pagbabago sa Lupon ng mga Pampublikong Gawain; alisin ang mga paghihigpit na nagbabawal sa Lungsod na makibahagi sa mga negosyong pangkomersyo at magsanla ng mga ari-ariang pagmamay-ari ng Lungsod; at baguhin ang ilang tuntunin at pamamaraan sa pagkontrata?

WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Kasama sa Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles (Saligang-batas) ang mga tuntunin kung paano pinamamahalaan ng Lungsod ang badyet, kontrata, ari-ariang pag-aari ng Lungsod, at ang Kagawaran ng mga Gawaing Pampubliko. Babaguhin ng panukalang ito ang Saligang-batas upang gumawa ng mga pagbabago sa mga patakarang ito, tulad ng sumusunod:

- Dalawang-Taong Badyet: Sa kasalukuyan, ang Lungsod ay kinakailangang magpatibay ng badyet bawat taon. Babaguhin ng panukalang ito ang siklo ng badyet ng Lungsod patungo sa dalawang-taong siklo maliban kung may isa pang siklo ng badyet na pagtibayin sa pamamagitan ng ordinansa, at babaguhin ang petsa kung kailan isusumite ng Alkalde ang isang Iminungkahing Badyet. Aatasan ng panukalang ito ang Alkalde na magsumite ng isang panukalang dalawang-taong badyet sa Konseho ng Lungsod (Konseho) bago ang ika-1 ng Abril. Magkakaroon ang Konseho ng hanggang ika-1 ng Hunyo upang aprubahan o baguhin ang iminungkahing dalawang-taong badyet. Ang mga pagbabago sa Konseho ay maaaring mapalilalim sa pag-veto ng Alkalde at ipawalang-bisa ng Konseho gaya ng tinukoy sa Saligang-batas. Para sa bawat taon ng pananalapi ng dalawang-taong siklo, aaprubahan ng Konseho ang halagang inilaan sa badyet para sa darating na taon ng pananalapi, sa pamamagitan ng resolusyon, sa o bago ang ika-1 ng Hunyo, napapailalim sa pag-veto ng Alkalde at mga probisyon na binabalewala ng Konseho.
- Plano sa Imprastraktura ng Kapital (CIP): Sa kasalukuyan, hindi kinakailangan ng Lungsod na magkaroon ng plano ng kapital para sa mga proyektong imprastraktura. Aatasan ng panukalang ito ang Lungsod na magtatag ng isang CIP sa pamamagitan ng ordinansa. Isasama sa ordinansa ang saklaw, takdang panahon, pondo, at mga kinakailangan sa pag-uulat para sa CIP. Maaaring kabilang sa mga proyekto ang pagtatayo o pagpapabuti ng mga kalsada, parke, tulay, at gusali ng Lungsod.
- Kompetitibong Pag-bid: Sa kasalukuyan, hinihiling ng Saligang-batas sa Lungsod na sumunod sa mga tuntunin sa kompetisyon sa pag-bid ng kontrata, tulad ng paggawad ng mga kontrata sa mga kwalipikadong negosyo sa pinakamababang halaga. Ang panukala ay nagdaragdag ng eksempsiyon sa mga patakarang ito para sa mga serbisyo ng software o mga kontrata sa pagpapanatili na nakuha mula sa tagagawa ng software. Pinapayagan din ng panukala ang Lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa, na lumikha ng eksempsiyon sa mga patakaran para sa ilang kritikal na kontrata sa imprastraktura na mahalaga sa seguridad, kalusugan ng publiko, o kaligtasan ng Lungsod.
- Pamamahala ng Kagawaran ng mga Gawaing Pampubliko (Kagawaran): Sa kasalukuyan, nagtatag ang Saligang-batas ng isang buong panahon na Lupon ng mga Gawaing Pampubliko (Lupon) na tinutulungan ng ilang pinuno ng kawanihan at ng Direktor ng mga Gawaing Pampubliko (Direktor) upang pangasiwaan ang Kagawaran. Ang hakbang na ito ay magpapataas

ng mga kapangyarihan at tungkulin ng Direktor na: direktang pamahalaan ang pagtatayo ng proyekto sa mga pampublikong gawain, kabilang ang pag-upa o pagbili ng ari-arian; gamitin ang kapangyarihang kumuha ng pribadong ari-arian para sa pampublikong gamit, na napapailalim sa pag-apruba ng Konseho; napapailalim sa pag-apruba ng Konseho; pangasiwaan ang pangangasiwa ng kontrata; magbigay ng mga permiso sa kalye; at magrekomenda ng mga badyet sa pagpapatakbo para sa Kagawaran. Sa kabaligtaran, ang ilan sa awtoridad ng Lupon ay ililipat sa Direktor, ngunit mananatili sa Lupon ang ilan sa mga tungkulin nito, tulad ng: pag-apruba sa paggawad ng mga kontrata; pagsasagawa ng mga pagdinig ayon sa awtorisado ng ordinansa; pag-apruba, sa konsultasyon sa Direktor, ng mga ispesipikasyon para sa mga proyekto sa mga pampublikong gawain; at paggawa ng mga rekomendasyon tungkol sa mga plano sa mga pampublikong gawain sa Direktor, Alkalde, at Konseho. Pinahihintulutan din ng panukala ang Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa, na baguhin o buwagin ang Lupon. Bukod pa rito, inaalis ng panukala ang pagtatalaga ng punong opisyal ng administrasyon para sa mga pinuno ng kawanihan, na naaayon sa mga iminungkahing kapangyarihan at tungkulin ng Direktor.

- Mga Operasyon sa Negosyo: Sa kasalukuyan, ipinagbabawal ng Saligang-batas ang pagsasangla ng Lungsod ng mga ari-ariang pag-aari nito at pinipigilan nito ang Lungsod na magpatakbo ng mga negosyong puro komersyal o industriyal. Aalisin ng panukala ang mga paghihigpit na ito upang pahintulutan ang Lungsod na gamitin ang mga ari-ariang pag-aari nito at makilahok sa mga negosyong komersyal o industriyal.
- Mga Porma ng Kontrata: Sa kasalukuyan, kapag ang mga kompanyang panlabas ay nag-aalok ng kanilang bid sa mga kontrata ng Lungsod, kinakailangan nilang magsumite ng mga partikular na porma. Ang panukalang ito ay magpapahintulot sa Lungsod, sa pamamagitan ng ordinansa, na talikuran o pahintulutan ang pagwawasto ng maliliit na teknikal o administratibong pagkakamali bago suriin ang isang mungkahi ng kontrata. Gayunpaman, ang mga malaking pagkakamali sa mga pormularyo ng etika ay hindi maaaring talikuran at dapat na ganap na itama.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA TAGAPANGASIWA NG LUNGSOD

Ang panukalang ito ay nagtatatag ng isang plano sa imprastraktura ng kapital, inililipat ang Lungsod sa isang dalawang-taong siklo ng badyet, pinalalawak ang awtoridad ng Direktor ng mga Pampublikong Gawain, at pinapayagan ang Lungsod na makisali sa mga negosyo, isasangla ang ari-arian ng Lungsod, at baguhin ang mga pamamaraan sa pagkontrata. **Ang paglipat sa dalawang-taong siklo ng badyet at pagtatatag ng plano sa imprastraktura ng kapital ay mangangailangan ng tinatayang $4 milyon hanggang $6 milyon na minsanang gastos upang ma-upgrade ang mga sistema ng pamamahala ng badyet at asset, sanayin ang mga kawani, at kumonsulta sa mga eksperto sa paksa.** Ang pondo ay manggagaling sa Pangkalahatang Pondo, na nakabatay sa pag-apruba ng Alkalde at Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng proseso ng badyet. Ang mga patuloy na gastusin para sa dalawang elementong ito ng panukala, tulad ng pamamahala ng proyekto, ay sasagutin sa pamamagitan ng muling pag-oorganisa ng mga umiiral na mapagkukunan. Ang mga epekto sa pananalapi at kita ng mga natitirang pagsusog sa saligang-batas—kabilang ang mga pagbabago sa kontrata, mga pagsasanla sa ari-arian, at mga negosyo—ay hindi masusukat sa ngayon.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA

Bumoto ng OO sa Panukala LA para atasan ang Munisipyo na maghatid ng mas mahusay na mga pangunahing serbisyo, mas mabilis na ayusin ang lumalalang imprastraktura, at mas matalinong gamitin ang pondo ng mga nagbabayad ng buwis.

Hindi kayang harapin ng Los Angeles ang bilyun-bilyong dolyar para sa mga kinakailangang pagkukumpuni sa imprastraktura o mapatatag ang pananalapi nito nang walang plano para sa kung ano ang kailangang gawin, magkano ang magagastos dito, at kung sino ang responsable sa pagpapatupad nito.

Nakikita ng mga residente ng Los Angeles ang nangyayari kapag hindi nagplano nang maaga ang Lungsod. Inaabot ng maraming taon ang Lungsod para muling ispaltuhin ang mga kalye, ayusin ang mga bangketa at ilaw sa kalye, at tugunan ang patuloy na pagpapanatili, kadalasang hinihintay hanggang sa maging mas mahirap at mas magastos ayusin ang mga problema.

Inaayos iyan ng Panukala LA. Kinakailangan ng Los Angeles na magplano nang maaga. Nagtatatag ito ng pangmatagalang pagpaplano ng imprastraktura para unahin ng Lungsod ang mga pagkukumpuni, matugunan ang pagpapanatili bago pa man maging mas mahal ang mga problema, at maisulong ang mga proyekto nang may malinaw na responsibilidad sa pagtatapos ng trabaho.

Nangangailangan din ito ng dalawang-taong pagbabadyet para isaalang-alang ng mga lider ng Lungsod ang mga gastos para sa hinaharap kapag gumagawa ng mga desisyon ngayon. At inaalis din nito ang mga hindi na napapanahong kabawalan sa Saligang-batas na nagpapahirap sa Los Angeles na maging mahusay sa pagpapatakbo at masulit ang pondong mula sa mga nagbabayad ng buwis.

Hindi maaayos ng Panukala LA ang bawat lubak sa isang iglap. Pero ang mas mahuhusay na kalye, bangketa, imprastraktura, at mga serbisyo ng Lungsod ay nagsisimula sa mas mahusay na pagpaplano, mas malinaw na pananagutan, at mas matalinong pagbabadyet.

Gumugol kami ng mga taon sa pag-aaral ng mga badyet ng Lungsod, pag-awdit ng mga programa, pangangasiwa sa mga kagawaran, at pakikipaglaban para sa mas mahusay na imprastraktura. Nakita na natin mismo kung ano ang humahadlang. Naniniwala kami na makakatulong ang mga repormang ito sa Los Angeles na maghatid ng mas magagandang resulta para sa mga taong naninirahan dito.

Bumoto ng OO sa Panukala LA.

MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA

KENNETH MEJIA
Kontroler
City of Los Angeles

BOB BLUMENFIELD
Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng LA
City of Los Angeles

RON GALPERIN
Dating Kontroler ng Lungsod
City of Los Angeles

MICHAEL SCHNEIDER
CEO (Punong Ehekutibong Opisyal)
Streets For All

KATY YAROSLAVSKY
Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng LA
City of Los Angeles

JESSICA MEANEY
Tagapagpaganap na Direktor
Investing in Place

DAVID LEVITUS
CEO (Punong Ehekutibong Opisyal)
LA Forward

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA

Sa panahong paulit-ulit na nakaranas ang Los Angeles ng mga iskandalo ng katiwalian at nasira ang tiwala ng publiko sa Munisipyo ng Lungsod, dapat nating palakasin ang pagiging-bukas at pananagutan, hindi alisin ang independiyenteng pagbabantay.

Kung maaprubahan, bibigyan ng Pagsusog sa Saligang-batas LA ang Konseho ng Lungsod ng awtoridad na buwagin ang Lupon ng mga Gawaing Pampubliko at pagsama-samahin ang mga kapangyarihan nito sa ilalim ng iisang indibidwal. Ang Lupon ay itinatag upang magbigay ng independiyenteng pagrepaso sa mga kontrata ng Lungsod, kung saan ang mga desisyon ay ginagawa sa mga pampublikong pagpupulong na napapailalim sa mga batas ng California para sa mga bukas na pagpupulong. Ang pag-aalis ng mahalagang pagsusuri at balanseng ito ay magbabawas sa masusing pagsisiyasat ng publiko at magpapahina sa pananagutan sa bilyun-bilyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis para sa mga pampublikong proyekto.

Itinuturo ng mga tagasuporta ng Pagsusog sa Saligang-batas na ito ang mga reporma tulad ng isang Plano sa Pagpapabuti ng Kapital, ngunit ang pagbabagong iyon ay maaaring ipatupad nang hindi sinususugan ang Saligang-batas.

Kailangan ng Los Angeles ng higit na pagiging bukas, higit na pangangasiwa, at mas matibay na proteksyon laban sa pang-aabuso, hindi mas kaunting mga pananggalang.

Bumoto ng HINDI sa Pagsusog sa Saligang-batas LA.

MGA TAONG LUMAGDA SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA

MONICA RODRIGUEZ
Konsehal ng Lungsod ng Los Angeles, Distrito 7
City of Los Angeles

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA

Isang bagay ang tama sa oposisyon: Sa loob ng maraming henerasyon, umasa ang Los Angeles sa parehong pira-pirasong sistema para pangasiwaan ang imprastraktura nito. Nakakalat ang responsibilidad sa maraming opisyal, komisyon, ahensya, at kawanihan. Nakikita ng mga residente ng Los Angeles ang mga resulta sa mga sirang kalye, mga gusot na bangketa, at mga ilaw sa kalye na nananatiling madilim.

Inaayos iyan ng Panukala LA. Nangangailangan ito ng isang pangmatagalang programa sa imprastraktura para sa buong Lungsod at dalawang-taong pagbabadyet para magtakda ang Los Angeles ng malinaw na mga priyoridad, tukuyin ang mga proyektong kailangang tapusin, at planuhin kung paano popondohan ang mga ito sa paglipas ng panahon.

Naglalagay rin ito ng isang Direktor na mamamahala sa koordinasyon ng mga Pampublikong Gawain at sa pagpapatupad ng planong iyon. Ang Direktor ay nag-uulat sa Alkalde at sa Konseho ng Lungsod at nananatiling nasa ilalim ng pangangasiwa ng independiyenteng inihalal na Kontroler ng Lungsod. Malalaman ng mga residente ng Los Angeles kung sino ang responsable sa pagsasaayos ng mga kalye, pagkukumpuni ng mga bangketa, pag-aayos ng mga ilaw sa kalye, at pagpapatupad ng mga proyekto.

Ang pananagutan ay nangangahulugan ng isang malinaw na plano, malinaw na responsibilidad, at malinaw na pangangasiwa.

MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LA

KENNETH MEJIA
Kontroler
City of Los Angeles

KATY YAROSLAVSKY
Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng LA
City of Los Angeles

BOB BLUMENFIELD
Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng LA, Presidente Pansamantala
City of Los Angeles

JESSICA MEANEY
Tagapagpaganap na Direktor
Investing in Place

RON GALPERIN
Dating Kontroler ng Lungsod

DAVID LEVITUS
CEO (Punong Ehekutibong Opisyal)
LA Forward

MICHAEL SCHNEIDER
CEO
Streets For All

- Palitan ang pitong Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar (APC) at ang kanilang 35 Komisyonado ng isang bagong Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan (NAC) na may hindi bababa sa pitong miyembro, napapailalim sa mga kinakailangan sa kwalipikasyon patungkol sa heograpiko o iba pang representasyon na tutukuyin ng ordinansa, at bigyan ang NAC ng kapangyarihang dinggin ang mga administratibong apela at isaalang-alang muli ang mga apela na iyon nang walang paggalang sa mga naunang gumagawa ng desisyon. Aalisin nito ang sistemang APC na ipinatupad simula nang magkabisa ang kasalukuyang Saligang-batas noong Hulyo 2000 at ibabalik ang Lungsod sa isang istruktura ng pangangasiwa at paggawa ng desisyon na sumasalamin sa istrukturang umiral bago ang 2000 na binubuo ng isang nag-iisang limang-miyembrong katawang panghukuman, ang Lupon ng mga Apela sa Pagsona.
- Tukuyin sa Saligang-batas ang mga responsibilidad ng Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod at Direktor ng Pagpaplano sa pamamagitan ng pag-amyenda sa seksyon ng Saligang-batas tungkol sa Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagsona upang bigyan ang Kagawaran ng awtoridad sa mga aplikasyong na panghukuman at ang Direktor ng Pagpaplano ay may awtoridad na

magtalaga ng mga tauhan na higit pa sa Opisina ng Pangasiwaan ng Pagssona upang gampanan ang mga tungkulin ng panghukumangl review, ayon sa awtorisado ng ordinansa.

- Alisin ang mga seksyon ng Saligang-batas na nagtatatag ng mga proseso at karapatan sa pag-apela para sa ilang partikular na karapatan sa paggamit ng lupa kabilang ang mga Susog sa Pangkalahatang Plano, mga pagbabago sa sona, mga pagkakaiba-iba, mga pahintulot sa kondisyonal na paggamit at mga katulad na pag-apruba na mala-hudisyal, at paglalaan ng awtoridad sa batas, sa gayon ay pinahihintulutan ang mga naturang bagay na pamamahalaan ng ordinansa.
- Gumawa ng mga pagbabago sa kasalukuyang proseso para sa Konseho ng Lungsod upang igiit ang hurisdiksyon sa pagpaplano at mga usapin sa paggamit ng lupa. Gagawin ng panukalang ito ang mga sumusunod: (1) lumikha ng 30-araw na limitasyon sa oras para sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod na sumang-ayon o tumutol sa Konseho ng Lungsod sa oras ng remand, pagkatapos igiit ng Konseho ang hurisdiksyon; (2) hilingin na ang aksyon ng mga Komisyon sa remand ay i-refer sa Konseho ng Lungsod para sa isang pangwakas na boto; at (3) hilingin sa Konseho ng Lungsod na kumilos sa loob ng 21 araw o ang aksyon ng Komisyon ay magiging pinal. Ang awtoridad ng Konseho ng Lungsod na igiit ang hurisdiksyon sa konteksto ng pagpaplano at paggamit ng lupa ay natatangi dahil ang Konseho ay may kakayahang kumilos kapalit ng pinagbabatayang Komisyon sa sandaling igiit ang hurisdiksyon.
- Awtomatikong aaprubahan ang mga Susog sa Pangkalahatang Plano kung ang Konseho ng Lungsod ay hindi kikilos sa loob ng 75 araw mula sa pag-apruba ng Alkalde at ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod. Gagawin ng panukalang ito ang mga sumusunod: (1) palitan ang kasalukuyang batas ng Lungsod na nagtatadhana ng awtomatikong hindi pagsang-ayon sa Pagsusog sa Pangkalahatang Plano kung ang Konseho ng Lungsod ay hindi kikilos sa bagay na ito, at (2) isabatas ang 75-araw na limitasyon sa oras para kumilos ang Konseho ng Lungsod, na umiiral na sa batas ng Lungsod, sa Saligang-bata.
- Payagan ang Konseho ng Lungsod na baguhin ang limitasyon sa Paghihigpit sa Lawak ng Sahig sa pamamagitan ng ordinansa. Kasalukuyang nagtatakda ang Saligang-batas ng limitasyon sa lawak ng sahig na 13 beses ng maaaring itayo area ng isang site.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNGSOD

Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang: magtatag ng Komisyon sa mga Apela ng mga Pamayanan na papalit sa mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar, at magtatag ng proseso para sa pagrepaso ng Konseho ng Lungsod sa mga pasya ng Komisyon sa mga Apela ng mga Pamayanan at ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod; baguhin ang iskedyul at proseso ng pagkilos ng Konseho ng Lungsod sa ilang desisyon sa pagpaplano; bigyan ang Kagawaran ng Pagpaplano ng kapangyarihang magsiyasat, magsagawa ng pagdinig, at magpasya sa mga aplikasyon para sa pagsusuring mala-hukuman na pagrepaso; at pahintulutan ang mga pagbabago sa mga regulasyon sa lawak ng nasasakupan sa pamamagitan ng ordinansa? Hindi inaasahang magkakaroon ng epekto ang panukalang ito sa kita. Ang taunang gastos sa administrasyon para sa mga tauhan at mapagkukunan ng komisyon ay tinatayang mababawasan ng $360,000 mula $1.1 milyon patungong $740,000. Ang pagbawas ng gastos ay magkakaroon ng positibong epekto sa Espesyal na Pondo para sa Pagproseso ng mga Kaso sa Pagpaplano, na sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PL

Naranasan ng Los Angeles ang mga bunga ng sistema ng pagpaplano kung saan ang mga indibidwal na desisyon sa paggamit ng lupa ay maaaring masangkot sa politika. Kapag hindi malinaw ang mga patakaran o labis na nakadepende sa pagpapasya ng mga pulitiko ang mga desisyon, nagkakaroon ng mga pagkakataon para sa mga espesyal na interes na humingi ng paborableng pagtrato at nasisira ang tiwala ng publiko sa Munisipyo.

Ang Panukala PL ay mahalagang hakbang tungo sa pagbabago nito.

Ginagawang makabago ng Panukala PL ang sistema ng pagpaplano ng Los Angeles sa pamamagitan ng pagtatakda ng mas malinaw na mga patakaran, mas pare-parehong proseso, at mas malaking pananagutan sa paraan ng paggawa ng mga desisyon sa pagpaplano.

Papalitan ng panukala ang mga kasalukuyang Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ng Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan, na lilikha ng mas pare-parehong proseso sa buong lungsod para sa pagdinig sa mga apela sa pagpaplano. Nagtatatag din ito ng mas malinaw na mga pamamaraan kung kailan maaaring repasuhin ng Konseho ng Lungsod ang mga desisyon ng Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan at Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at pinapabuti ang proseso at mga takdang panahon para sa aksyon ng Konseho sa ilang mga bagay na may kinalaman sa pagpaplano.

Magbibigay-kapangyarihan din ang Panukala PL sa mga propesyonal na kawani ng Kagawaran ng Pagpaplano para magsiyasat, duminig, at magpasya tungkol sa mga naaangkop na mala-panghukuman na aplikasyon, na tumutulong na mapabilis ang mga karaniwang desisyon sa pagpaplano habang pinananatili ang mga paraan para sa pampublikong pagsusuri at pangangasiwa. Pinapayagan din nito ang pag-update ng densidad ng gusali sa pamamagitan ng ordinansa, na nagbibigay sa Los Angeles ng mas malawak na kakayahang umangkop para tumugon sa nagbabagong mga pangangailangan sa pabahay, pagpapaunlad, at mga kapitbahayan.

Ang mga repormang ito ay gagawing mas madaling maunawaan at mas episyente ang paggamit ng ating sistema ng pagpaplano para sa sinumang residente. Gayundin kahalaga, ang mas malinaw na mga linya ng awtoridad at pare-parehong mga pamamaraan ay nagpapahirap para sa sinuman na manipulahin ang sistema para sa espesyal na pagtrato.

Pinananatili ng Panukala PL ang pakikilahok at pangangasiwa ng publiko habang lumilikha ng isang sistema ng pagpaplano na mas bukas, mas tiyak, at mas may pananagutan.

Nararapat malaman ng mga residente ng Los Angeles kung sino ang gumagawa ng mga desisyon sa pagpaplano, kung paano ginagawa ang mga desisyong iyon, at na lahat ay sumusunod sa parehong mga patakaran.

Pasimplehin ang pagpaplano. Dagdagan ang pagiging bukas. Palakasin ang pananagutan. Labanan ang korapsyon.

Bumoto ng OO sa Panukala PL.

MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PL

RAYMOND MEZA
Tagapangulo
Charter Reform Commission

ROY SAMAAN
Presidente
Engineers & Architects Association

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA NA ITO ANG NAISUMITE.

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga bagong probisyon o wikang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga umiiral na seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring salangguhit; ang mga salitang tinanggal mula sa Saligang-batas o mula sa mga umiiral na seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring ~~strikeout~~.

PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PL
(KAGAWARAN NG PAGPAPLANO NG LUNGSOD)

TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

Seksyon 1. Ang Subseksyon (e) ng Seksyon 104 ng Saligang-batsa ng Lungsod ng Los Angeles ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(e) **Paghihigpit sa Lawak ng Sahig**. Ang kabuuang lawak ng sahig na nakapaloob sa lahat ng mga gusali sa anumang isang lugar ng gusali ay hindi dapat lumagpas sa 13 beses ng lawak ng lugar na maaaring itayo, maliban kung may ibang itinadhana ang Konseho. ~~dahil ang nasabing lawak na maaaring itayo ay tinukoy ng ordinansa~~. Ang Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa, ay maaaring tukuyin at ipatupad ang mga probisyon ng subseksyon na ito at maaaring ~~dagdagang paghigpitan at~~ i-regulate ang kabuuang lawak ng sahig, lawak na maaaring itayo, at taas o kalakhan ng mga gusali o istruktura.

Sek. 2. Ang Subseksyon (e) o Seksyon 245 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa pag-veto ng Konseho ng Lungsod sa mga aksyon ng lupon, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(e) **Mga Eksempsiyon para sa mga Aksyon ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan** ~~**Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar.**~~ Ang Konseho ay hindi limitado sa pag-veto sa mga aksyon ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o ~~Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ng~~ Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan, ngunit, napapailalim sa mga limitasyon ng oras at iba pang mga limitasyon ng seksyong ito, pagkatapos bumoto upang dalhin ang bagay sa harap nito, ay magkakaroon ng parehong awtoridad na kumilos sa isang bagay na orihinal na hawak ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o ~~Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ng~~ Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan.Kung i-veto at ibalik ng Konseho ang usapin, ang Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan ay magkakaroon ng 30 araw upang muling talakayin ang item at sumang-ayon o tumutol. Ang aksyon ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan sa muling pagharap sa usapin ay ihaharap sa Konseho para sa pagsasaalang-alang nito sa pinal na ikalawang pagboto ng Konseho sa usapin. Sa paghahain ng pangwakas na pangalawang boto, ang Konseho ay magkakaroon ng parehong awtoridad na kumilos sa isang bagay na orihinal na hinarap ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan at dapat kumilos, sa loob ng 21 araw ng kalendaryo mula sa nasabing paghahain, o ang aksyon ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan sa ibinalik na usapin ay magiging pinal. Ang mga araw ng kalendaryo na ang Konseho ay naka-recess, na nagmumula sa iskedyul ng recess na pinagtibay ng Konseho, ay hindi isasama sa 21 araw ng kalendaryo na kailangang kumilos ang Konseho.

Sek. 3. Ang Seksyon 552 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 552. Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan. ~~**Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar.**~~

Ang Konseho ay magpapatibay ng isang ordinansa na lilikha ng isang komisyon na binubuo ng hindi bababa sa pitong miyembro na magsasaalang-alang sa mga apela ng mga mala-hudisyal na pagpapasyang ginawa ng Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod. Ang mga miyembro ay hihirangin at aalisin sa parehong paraan tulad ng mga miyembro ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod, maliban na ang mga paghirang bilang komisyoner ay sasailalim sa mga kinakailangan sa kwalipikasyon patungkol sa heograpikong representasyon o iba pang representasyon gaya ng tinukoy ng ordinansa. Ang Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan ay isang mala-hudisyal na ahensya, at magkakaroon at gagamit ng kapangyarihang:

(a) dinggin at pagpasyahan ang mga apela ng mga mala-hudisyal na pagpapasyang de novo, napapailalim sa mga pamamaraang itinakda ng ordinansa; at

(b) dinggin at pagpasyahan ang iba pang mga bagay na ipinagkatiwala dito sa pamamagitan ng ordinansa.

~~Ang Konseho ay magpapatibay ng isang ordinansa na lilikha ng hindi bababa sa limang magkakahiwalay na lupoin na kikilalanin bilang Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar. Ang ordinansa ay magtatatag ng mga hangganan ng lugar na paglilingkuran ng bawat Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar, na iguguhit upang ang lahat ng lugar ng Lungsod ay paglilingkuran ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar. Ang bawat Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ay dapat bubuuin ng limang miyembro. Ang mga miyembro ay hihirangin at aalisin sa parehong paraan tulad ng mga miyembro ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod, maliban sa ang paninirahan sa lugar na pinaglilingkuran ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ay magiging isang kwalipikasyon para sa paghirang. Maliban sa nakasaad sa subseksyon (d), ang Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ay mga mala-hudisyal na ahensya.~~

~~Ang bawat Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar, hinggil sa mga bagay na may kinalaman sa ari-arian na matatagpuan sa lugar na pinaglilingkuran ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar, ay magkakaroon at gagamit ng kapangyarihang:~~

~~(a) dinggin at pagpasyahan ang mga apela kung saan sinasabing mayroong pagkakamali o pang-aabuso sa diskresyon sa anumang utos, kinakailangan, desisyon, interpretasyon o iba pang pagpapasyang ginawa ng isang Tagapangasiwa ng Zoning;~~

~~(b) dinggin at gumawa ng mga pagpapasya sa anumang bagay na karaniwang nasa ilalim ng hurisdiksyon ng isang Tagapangasiwa ng Pagsosona kapag ang bagay na iyon ay inilipat na sa hurisdiksyon ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar dahil ang Tagapangasiwa ng Pagsosona ay nabigong kumilos sa loob ng mga limitasyon ng oras na itinakda ng ordinansa;~~

~~(c) dinggin at pagpasyahan ang mga aplikasyon para sa, o mga apela na may kaugnayan sa, mga permiso sa kondisyonal na paggamit at iba pang katulad na mga pag-apruba na mala-hudisyal, alinsunod sa mga pamamaraang itinakda ng ordinansa;~~

~~(d) gumawa ng mga rekomendasyon kaugnay ng mga pagbabago sa sona o mga katulad na bagay na inirefer dito mula sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod alinsunod sa Seksyon 562; at~~

~~(e) dinggin at pagpasyahan ang iba pang mga bagay na ipinagkatiwala dito sa pamamagitan ng ordinansa.~~

Sek. 4. Ang Subseksyon (e) ng Seksyon 555 ng Saligang-batsa ng Lungsod ng Los Angeles ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(e) **Mga Botong Kinakailangan para sa Pagpapatibay.** Kung parehong irerekomenda ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at ng Alkalde ang pag-apruba ng isang iminungkahing pagsusog, maaaring pagtibayin ng Konseho ang susog sa pamamagitan ng boto ng mayorya. Kung ang Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o ang Alkalde ay magrekomenda ng hindi pag-apruba sa isang iminungkahing pagsusog, maaari lamang itong pagtibayin ng Konseho sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto. Kung parehong irerekomenda ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at ng Alkalde ang hindi pag-apruba sa isang iminungkahing pagsusog, maaari lamang itong pagtibayin ng Konseho sa pamamagitan ng boto na tatlong-kapat. Kung ang Konseho ay magmumungkahi ng pagbabago sa isang pagsusog, ang mga rekomendasyon ng Komisyon at ng Alkalde sa pagbabago ay makakaapekto lamang sa pagbabagong iyon. Kung ang Konseho ay hindi kumilos sa loob ng 75 araw mula sa rekomendasyon ng Alkalde, at ang iminungkahing Pagsusog sa Pangkalahatang Plano ay nakatanggap ng rekomendasyon ng pag-apruba mula sa parehong Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at sa Alkalde, ang susog ay ituturing na naaprubahan.

Sek. 5. Ang Seksyon 560 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 560. Mga Pagdinig at Imbestigasyon.

Ang Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at ~~Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ng~~ Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan ay maaaring magpahintulot sa Direktor ng Pagpaplano o sa kanyang itinalaga na magsagawa ng mga pagdinig sa ngalan ng komisyon. Ang Direktor ng Pagpaplano ay magsasagawa ng mga

imbestigasyon kaugnay ng lahat ng bagay na nakasaad sa Seksyon 555 at 558 ayon sa maaaring iutos ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod at maghahain ng mga ulat sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod.

Sek. 6. Ang Seksyon 561 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 561. Pagrepasong Mala-Hudisyal ~~Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagsosona~~.

Ang Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod ang magiging responsable para sa malayang pagrepaso at pag-apruba, kondisyonal na pag-apruba, o pagtanggi sa mga aplikasyong mala-hudisyal. Ang mga tungkulin ng pagrepasong mala-hudisyal ay isasagawa ng mga itinalagang kawani ng Pagpaplano ng Lungsod, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, ang Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagsosona, isang Ahensyang Pangkalahatang Tagapayo, at mga Opisyal ng Pagdinig, ayon sa awtorisado ng ordinansa, na lahat ay hihirangin ng Direktor ng Pagpaplano, napapailalim sa mga probisyon ng Saligang-batas tungkol sa serbisyo sibil. Alinsunod sa mga tuntunin at regulasyon na maaaring itadhana ng ordinansa, ang Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod ay mag-iimbestiga, diringgin, at tutukuyin ang lahat ng aplikasyon para sa mala-hudisyal na pagsusuri, at magkakaroon ng iba pang mga kapangyarihan at tungkulin kaugnay ng mga pagpapasya sa pagsosona at paggamit ng lupa na itinatakda ng ordinansa.

Magkakaroon ng isang mala-hudisyal na ahensya na kilala bilang Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagsosona. Ang mga tungkulin ng katungkulang ito ay gagampanan ng isa o higit pang mga Tagapangasiwa ng Pagsosona ayon sa awtorisasyon ng Konseho, na hihirangin ng Direktor ng Pagpaplano alinsunod sa mga probisyon ng Saligang-batas tungkol sa serbisyo sibil. Kung higit sa isang Tagapangasiwa ng Pagsosona ang awtorisado, isang posisyon ng Punong Tagapangasiwa ng Pagsosona ang itatatag, ang paghirang ay gagawin ng Direktor ng Pagpaplano, at ang iba ay magiging mga Kasamang Tagapangasiwa ng Pagsosona. Alinsunod sa mga tuntunin at regulasyon na maaaring itadhana ng ordinansa, ang Tanggapan ng Pangasiwaan ng Pagsosona ay mag-iimbestiga at magpapasiya sa lahat ng aplikasyon para sa mga pagkakaiba mula sa alinman sa mga regulasyon at kinakailangan ng mga ordinansa sa pagsosona, at magkakaroon ng iba pang mga kapangyarihan at tungkulin kaugnay ng pagsosona at paggamit ng lupa na itinatakda ng ordinansa.

Ang Konseho sa pamamagitan ng ordinansa ay magtatakda ng mga limitasyon sa oras kung saan ang Kagawaran ng Pagpaplano ng Lungsod ~~isang Tagapangasiwa ng Pagsosona ang~~ ay dapat kumilos para sa bawat uri ng kaso sa ilalim ng ~~kanyang~~ hurisdiksyon nito. Kung walang ginawang pagpapasya ~~ng isang Tagapangasiwa ng Pagsosona~~ sa loob ng itinakdang panahon, maaaring humiling ang aplikante na ilipat ang bagay na ito sa hurisdiksyon ng isang Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan ~~Komisyon sa Apela ng Kapitbahayan~~ o iba pang lupon ayon sa itinakda ng ordinansa.

Ang Punong Tagapangasiwa ng Pagsosona ay puwedeng pagtibayin ang mga panuntunang kinakailangan para maisagawa ang mga iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa at hindi sumasalungat o hindi alinsunod sa mga ordinansang iyon. ~~Ang lahat ng panuntunan at regulasyon ay dapat magagamit para sa inspeksyon alinsunod sa mga iniaatas ng Batas sa Mga Pampublikong Talaan ng California.~~

Sek. 7. Ang Seksyon 562 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay pinawawalang-bisa gaya ng sumusunod:

~~**Sek. 562. Mga pagkakaiba-iba.**~~

~~Ang Konseho ay magtatakda sa pamamagitan ng ordinansa ng mga pamamaraan para sa pagbibigay ng mga pagkakaiba-iba na napapailalim sa mga sumusunod:~~

~~(a) Paunang Pagdinig at Pagpapasya. Ang lahat ng aplikasyon para sa mga pagkakaiba-iba ay diringgin at pagpapasyahan ng isang Tagapangasiwa ng Pagsosona maliban kung may ibang nakasaad sa Seksyon 564.~~

~~(b) Proseso ng mga Apela. Maaaring iapela ng isang taong nasasakdal ang isang desisyon ng Tagapangasiwa ng Pagsosona sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar. Ang pagbibigay ng isang pagkakaiba-iba ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ay maaaring iapela pa sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o Konseho ayon sa itinakda ng ordinansa. Wala nang apela pang maiaalok laban sa desisyon ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar na tanggihan ang isang pagkakaiba-iba. Gayunpaman, ang aksyong iyan ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ay napapailalim sa pagsusuri ng Konseho alinsunod sa Seksyon 245.~~

~~(c) Mga Natuklasan para sa Pagbibigay ng Pagkakaiba-iba. Ang mga sumusunod na natuklasan ay dapat gawin bago maibigay ang isang pagkakaiba-iba:~~

~~(1) na ang mahigpit na pagpapatupad ng mga probisyon ng ordinansa sa pagsosona ay magreresulta sa mga praktikal na kahirapan o hindi kinakailangang paghihirap na hindi naaayon sa pangkalahatang layunin at layunin ng mga regulasyon sa pagsosona;~~

~~(2) na may mga espesyal na pangyayari na naaangkop sa ari-ariang nasasakupan tulad ng laki, hugis, topograpiya, lokasyon o kapaligiran na hindi pangkalahatang naaangkop sa ibang ari-arian sa parehong sona at karatig-pook;~~

~~(3) na ang pagkakaiba ay kinakailangan para sa pangangalaga at pagtatamasa ng isang mahalagang karapatan sa ari-arian o paggamit na karaniwang pagmamay-ari ng ibang ari-arian sa parehong sona at paligid ngunit, dahil sa mga espesyal na pangyayari at praktikal na kahirapan o hindi kinakailangang paghihirap, ay ipinagkakait sa ari-ariang pinag-uusapan;~~

~~(4) na ang pagbibigay ng pagkakaiba ay hindi magiging materyal na nakakapinsala sa kapakanan ng publiko, o makakasira sa ari-arian o mga pagpapabuti sa parehong sona o paligid kung saan matatagpuan ang ari-arian; at~~

~~(5) na ang pagbibigay ng pagkakaiba-iba ay hindi makakaapekto nang negatibo sa anumang elemento ng Pangkalahatang Plano.~~

~~Ang pagbibigay ng pagkakaiba ay maaaring magsama ng mga kundisyong magreresolba sa pagkakaiba ng mga pribilehiyo at kinakailangan upang protektahan ang kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng publiko at tiyakin ang pagsunod sa mga layunin ng Pangkalahatang Plano at ang layunin at layunin ng ordinansa sa pagsosona. Ang isang pagkakaiba-iba ay hindi dapat gamitin upang magkaloob ng isang espesyal na pribilehiyo o upang pahintulutan ang isang paggamit na lubos na naaayon sa mga limitasyon sa iba pang mga ari-arian sa parehong sona at paligid. Maaaring tanggihan ng Tagapangasiwa ng Pagsosona ang isang pagkakaiba-iba kung ang mga kundisyong lumilikha ng pangangailangan para sa pagkakaiba-iba ay kusang ipinataw.~~

Sek. 8. Ang Seksyon 563 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay pinawawalang-bisa gaya ng sumusunod:

~~Sek. 563. Mga Kondisyonal na Pahintulot sa Paggamit at Iba Pang Mga Pag-apruba.~~

~~(a) Mga subdibisyon. Ang pamamaraan para sa pag-apruba ng mga mapa ng parsela, mga mapa ng subdibisyon at iba pang mga pag-apruba na ipinagkaloob alinsunod sa Batas sa Mapa ng Subdibisyon ng Estado ay itatakda ng ordinansa.~~

~~(b) Mga Kondisyonal na Pahintulot sa Paggamit at Iba Pang Katulad na mga Pag-apruba na Mala-Hudisyal. Ang Konseho ay magtatakda sa pamamagitan ng ordinansa ng pamamaraan para sa pagbibigay ng mga permiso sa kondisyonal na paggamit at mga katulad na pag-apruba na mala-hudisyal na napapailalim sa mga sumusunod:~~

~~(1) Paunang Pagpapasiya. Ang mga aplikasyon para sa mga permiso sa kondisyonal na paggamit at mga katulad na mala-hudisyal na pag-apruba sa paggamit ng lupa ay dapat dinggin at pagpasyahan alinman sa Tagapangasiwa ng Pagsosona o Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar ayon sa itinatadhana ng ordinansa. Gayunpaman, maaaring magpatibay ang Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod ng mga tuntunin at regulasyon, na napapailalim sa pag-apruba sa pamamagitan ng ordinansa, na tumutukoy sa mga uri o kategorya ng mga mala-hudisyal na pag-apruba na may epekto sa buong lungsod, at magtadhana para sa mga pag-apruba na iyon na dinggin at pagpasyahan ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod sa halip na isang Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar.~~

~~(2) Proseso ng mga Apela. Maaaring iapela ng isang taong naagrabyado ang desisyon ng Tagapangasiwa ng Pagsosona kaugnay ng isang kondisyonal na permiso sa paggamit o katulad na mala-hudisyal na pag-apruba sa Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar. Ang mga desisyon ng isang Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar, maliban sa mga desisyong ginawa ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar sa pamamagitan ng pag-apela mula sa desisyon ng Tagapangasiwa ng Pagsosona, ay maaaring iapela sa~~

~~Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod o sa Konseho, ayon sa itinatadhana ng ordinansa. Gayunpaman, ang proseso para sa pag-apruba ng mga kondisyonal na permiso sa paggamit at mga katulad na pag-apruba na mala-hudisyal ay hindi maaaring magsama ng higit sa isang antas ng apela mula sa desisyon ng isang opisyal o lupon na gumagawa ng desisyon. Para sa mga layunin ng paghihigpit na ito:~~

~~(A) Ang paggamit ng mga tagasuri ng pagdinig o iba pang mga pamamaraan kung saan ang mga rekomendasyon ay ibinibigay sa isang opisyal o lupon na gumagawa ng desisyon ay hindi humahadlang sa isang apela mula sa desisyon ng opisyal o lupon na gumagawa ng desisyon.~~

~~(B) Kung ang Konseho ang kumikilos bilang lupon ng apela, ang aksyon ng Konseho ay maaaring sumailalim sa pag-apruba ng Alkalde at pagpapawalang-bisa ng Konseho sa hindi pag-apruba ng Alkalde sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto ng Konseho, kung itinatadhana ito ng ordinansa.~~

~~(C) Ang pagsusuri ng Konseho sa isang aksyon sa ilalim ng Seksyon 245 ng Saligang-batas ay hindi ituturing na isang apela para sa mga layunin ng seksyong ito.~~

~~(D) Ang mga paghihigpit sa mga apela ay hindi naaangkop sa anumang aksiyong lehislatibo.~~

Sek. 9. Ang Seksyon 564 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay pinawawalang-bisa gaya ng sumusunod:

~~Sek. 564. Mga Proyektong Nangangailangan ng Maramihang Pag-apruba.~~

~~Kung ang isang proyekto ay nangangailangan ng mga pag-apruba ng parehong Tagapangasiwa ng Pagsosona at alinman sa isang Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar o ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod, ang mga pag-apruba na sana ay diringgin at pagpapasyahan ng Tagapangasiwa ng Pagsosona ay diringgin at pagpapasyahan ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar o ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod, alinman ang may hurisdiksyon sa iba pang mga pag-apruba na kinakailangan para sa proyekto. Ang mga pag-apruba para sa isang proyekto na nangangailangan ng parehong mala-hudisyal at lehislatibong aksyon ay dapat dinggin at pagpasyahan ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod, maliban sa nakasaad sa Seksyon 565.~~

Sek. 10. Ang Seksyon 565 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay pinawawalang-bisa gaya ng sumusunod:

~~Sek. 565. Pagtatalaga ng Awtoridad sa Lehislatura sa Mga Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar.~~

~~Ang Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod ay maaaring magpatibay ng mga tuntunin at regulasyon, na napapailalim sa pag-apruba ng ordinansa, na tumutukoy sa mga uri o kategorya ng mga aksyong pambatas para sa mga proyektong natukoy na walang epekto sa buong lungsod, at magtadhana ng aksyon sa mga proyektong iyon na isasagawa ng isang Komisyon sa Pagpaplano ng Lugar kapalit ng Komisyon sa Pagpaplano ng Lungsod.~~

Sek. 11. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng pagsusog na ito sa Saligang-batas o anumang bahagi nito ay ideklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa ng alinmang hukuman o tribunal na may naaangkop na hurisdiksyon, ang mga natitirang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng pagsusog na ito sa Saligang-batas ay mananatiling ganap na may bisa at bisa, at para sa layuning ito, ang mga probisyon ng pagsusog na ito sa Saligang-batas ay maaaring ihiwalay sa isa't isa. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na ipinasa sana nila ang lahat ng seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, at aplikasyon ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon na idineklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa.

EE MGA ETIKA, HALALAN, AT PAMAMAHALA NG LUNGSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE.

Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas upang: dagdagan ang awtoridad ng Pangkalahatang Inspektor ng Kagawaran ng Pulisya at Independiyenteng Tagatasa ng Kagawaran ng Bumbero; pagbawalang tumakbo sa ilang tiyak na posisyong inihahalal ang mga Komisyoner sa Etika sa loob ng limang taon; dagdagan ang mga parusa para sa mga paglabag sa pagpopondo sa kampanya; atasan ang Konseho ng Lungsod na magpulong nang hindi bababa sa lingguhan kaysa sa kasalukuyang kinakailangang tatlong araw bawat linggo; dagdagan ang mga kinakailangan sa lagda ng petisyon sa reperendum; at gumawa ng iba pang mga pagbabago tungkol sa etika, halalan, at pamamahala?

WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Itinatatag ng Saligang-batas ng Lungsod ang istruktura, mga kapangyarihan, tungkulin, proseso at responsibilidad ng pamahalaan ng Lungsod. Nagmumungkahi ang Lungsod ng iba't ibang pagbabago at paglilinaw sa Saligang-batas ng Lungsod tungkol ng pangangasiwa at mga operasyon ng Lungsod.

Sususugan ng panukala ang Saligang-batas ng Lungsod gaya ng sumusunod:

- Pagbawalan ang Tagapagpaganap na Direktor at mga Komisyonado ng Komisyon sa Etika na tumakbo para sa anumang inihalal na katungkulan ng Lungsod o sa tanggapan ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles nang hindi bababa sa limang taon pagkatapos umalis sa kanilang mga katungkulan, sa gayon ay nagtatatag ng limang taong pagbabawal pagkatapos ng serbisyo sa pagtakbo para sa inihalal na katungkulan ng Lungsod o Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles;
- Taasan ang pinakamataas na multa para sa mga paglabag sa pondo ng kampanya sa mas mataas na $15,000, na inaayos taun-taon para sa implasyon, o tatlong beses ng halagang hindi wastong naiulat o ilegal na iniambag, ginastos, ibinigay, o natanggap, bawat paglabag;
- Taasan ang bilang ng mga lagdang kinakailangan upang maging kwalipikado ang isang petisyon ng reperendum para sa presentasyon sa Konseho ng Lungsod mula 10 porsyento patungong 15 porsyento ng kabuuang bilang ng mga boto noong nakaraang halalan para sa Alkalde, ang parehong porsyento ng mga lagdang kinakailangan para sa mga petisyon ng inisyatibo;
- Palakasin ang kalayaan ng Inspektor Heneral ng Kagawaran ng Pulisya sa pamamagitan ng pag-aalis ng awtoridad ng Lupon ng mga Komisyonado ng Pulisya na utusan ang Inspektor Heneral na huwag simulan o ipagpatuloy ang imbestigasyon o pag-awdit;
- Palakasin ang kalayaan ng Independyenteng Tagatasa ng Kagawaran ng Bumbero sa pamamagitan ng pag-aalis ng awtoridad ng Lupon ng mga Komisyonado ng Bumbero na utusan ang Independyenteng Tagatasa na huwag simulan o ipagpatuloy ang isang pagtatasa o pag-audit;
- Linawin ang wika upang manatiling hindi saklaw ng paglilipat o pagsasama-sama ng mga kapangyarihan ng mga kagawaran ang Kagawaran ng Pulisya at Kagawarang ng Bumbero kung malaki ang magiging pagbabago o epekto nito sa pangunahing layunin ng mga kagawaran.
- Ipag-utos na ang Konseho ng Lungsod ay magdaos ng mga regular na pagpupulong nang hindi bababa sa lingguhan sa halip na magpulong nang hindi bababa sa tatlong araw bawat linggo, kung kinakailangan sa kasalukuyan;
- Baguhin ang kinakailangan sa tiyempo para sa mga aksyon ng mga lupon ng mga komisyonado upang maging pinal pagkatapos ng 15 araw ng kalendaryo kung kailan nagpulong ang Konseho

ng Lungsod sa regular na sesyon sa halip na limang araw ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, gaya ng kasalukuyang kinakailangan sa Saligang-batas;

- Baguhin ang kinakailangan sa tiyempo na kaugnay ng kakayahan ng Konseho ng Lungsod na kumilos bago maging pinal ang aksyon ng Lupon ng mga Komisyonado ng Pulisya na tanggalin ang Hepe ng Pulisya sa 21 araw ng kalendaryo kung kailan ang Konseho ng Lungsod ay nagpulong sa regular na sesyon sa halip na sampung araw ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, gaya ng kasalukuyang kinakailangan sa Saligang-batas;
- Linawin na dapat magpatibay at magpapanatili ng mga ordinansa at patakaran ang Lungsod upang matiyak na maa-access sa iba't ibang wika ang mga serbisyo ng Lungsod; at
- Isama ang ilang teknikal at kaugnay na pagbabago sa mga probisyon tungkol sa mga Konseho ng Kapitbahayan at ipahiwatig na ang kahulugan ng nakataya ng Konseho ng Kapitbahayan ay bibigyang-kahulugan sa pamamagitan ng ordinansa.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNGSOD

Ang susog na ito sa Saligang-batas ng Lungsod ay tumutukoy sa iba't ibang larangan ng pamamahala kabilang ang: pagpapadali sa aksesibilidad ng wika; pagbabawas ng pinakamababa na kinakailangan para sa mga regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod; pagdaragdag ng mga kinakailangang lagda para sa isang petisyon ng reperendum; pag-update ng Saligang-batas Seksyon 470 upang umayon sa mga parusa sa pagpopondo ng kampanya sa Seksyon 706; pagbabawal sa mga Komisyonado ng Etika na tumakbo para sa ilang partikular na katungkulan sa loob ng limang taon; at, pagpapahintulot sa mga pagtatasa at pag-awdit ng mga kagawaran ng Bumbero at Pulisya ng Independiyenteng Tagatasa o Inspektor Heneral, ayon sa pagkakabanggit, nang walang pangangasiwa ng kanilang mga lupon. Maaaring magresulta ang pagbawas sa mga pagpupulong ng Konseho sa pagtitipid sa gastos ng Pangkalahatang Pondo mula sa pinababang mga serbisyo sa pagsasalin at pagsasara ng kapsyon. Maaaring mangailangan ang mga pagbabago sa mga komisyon ng Bumbero at Pulisya ng pagkuha ng mga bagong imbestigador, pagpapanatili ng mga panlabas na awditor, o pagpapalawak ng mga tauhan ng imbestigasyon depende sa dami ng kaso na magreresulta sa mga gastos na hindi pa matukoy sa ngayon. Ang iba pang mga pagbabago sa pamamahala ay hindi inaasahang magkakaroon ng epekto sa pananalapi.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE

BUMOTO NG OO SA PANUKALA EE upang palakasin ang etika, pananagutan, malayang pangangasiwa, at epektibong pamamahala sa Munisipyo ng Lungsod ng Los Angeles.

Pinapalakas ng Panukala EE ang mga institusyong responsable sa pagpapanagot sa pamahalaan ng Lungsod. Pinalalawak nito ang awtoridad ng Inspektor Heneral ng Kagawaran ng Pulisya at ng Indipendiyenteng Tagatasa ng Kagawaran ng Bumbero, na nagbibigay ng mas matibay at independiyenteng pangangasiwa sa dalawa sa mga pinakamahalagang kagawaran ng kaligtasan ng publiko ng Lungsod. Pinapalakas rin nito ang pagpapatupad ng mga panuntunan sa pagpopondo ng kampanya sa pamamagitan ng pagpapataas ng mga parusa para sa mga paglabag at nagtatakda ng limang taong panahon ng paghihintay bago maaaring tumakbo ang mga Komisyoner ng Etika para sa ilang halal na posisyon sa Lungsod.

Pinapabago rin ng Panukala EE kung paano isinasagawa ng Konseho ng Lungsod ang trabaho nito. Kasalukuyang inaatasan ng Saligang-batas ng Lungsod ang Konseho na magpulong nang hindi bababa sa tatlong araw bawat linggo—isang hindi pangkaraniwang kautusan na nagtatangi sa Los Angeles kumpara sa iba pang malalaking lungsod sa Amerika at naglilimita sa oras na maaaring ilaan ng mga miyembro ng Konseho sa kanilang mga distrito, direktang pakikipagpulong sa mga nasasakupan, pagpapatupad ng mga patakaran at programa, at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga komunidad. Inaatasan ng Panukala EE ang Konseho na magsagawa ng regular na lingguhang mga pagpupulong habang pinahihintulutan ang mga karagdagang pagpupulong kung kinakailangan, na nagbibigay ng higit na kakayahang umangkop upang magsagawa ng mga pagpupulong sa mga oras at lugar na angkop sa mga pangangailangan ng mga residente sa buong Lungsod at nagbibigay-daan sa Konseho na mahusay at epektibong maisagawa ang mga gawain para sa publiko. Ang Los Angeles ay isang lungsod na may halos apat na milyong residente, at ang epektibong representasyon ay nangangailangan sa mga miyembro ng Konseho na magtrabaho sa kanilang mga komunidad, tumugon sa mga alalahanin ng mga nasasakupan habang lumilitaw ang mga ito, at harapin ang masalimuot na mga hamon sa patakaran sa buong lungsod.

Ina-update rin ng Panukala EE ang mga pamamaraan para sa reperendum at halalan at isinusulong ang iba pang mga repormang binuo sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri sa Saligang-batas ng Lungsod.

Sama-sama, pinapalakas ng mga repormang ito ang pangangasiwa, pinapataas ang mga pamantayang etikal, at ginagawang moderno ang pamahalaan ng Lungsod habang pinapanatili ang transparency at pampublikong pananagutan.

BUMOTO NG OO SA PANUKALA EE para sa isang mas etikal, may pananagutan, at epektibong pamahalaan ng Lungsod.

MGA TAONG LUMAGDA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE

TIM MCOSKER
Miyembro ng Konseho, Distrito 15
City of LA

DIEGO ANDRADES
Komisyon ng Reporma sa Saligang-batas

EUNISSES HERNANDEZ
Miyembro ng Konseho, Distrito 1
City of LA

KATY YAROSLAVSKY
Konsehala, Distrito 5
City of LA

MARQUEECE HARRIS-DAWSON
Miyembro ng Konseho, Distrito 8
City of LA

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE

Ang Pagsusog sa Saligang-Batas EE ay inihaharap bilang isang panukala sa reporma sa etika, ngunit nakatago sa loob nito ang mungkahi na bawasan ang mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod ng Los Angeles mula tatlong beses sa isang linggo tungo sa isang beses sa isang linggo. Ang pangunahing epekto nito ay ang pagbabawas ng bilang ng mga pampublikong pagpupulong kung saan maaaring manood ang mga residente ng mga paglilitis, magbigay ng komento sa publiko, at papanagutin ang mga inihalal na opisyal.

Matapos ang mga taon ng mga iskandalo ng korapsyon at mga pagkabigo sa etika sa Munisipyo, kailangan ng Los Angeles ng mas malinaw at bukas na pamamahala. Ang mas kaunting mga pampublikong pagpupulong ay nangangahulugan ng mas kaunting mga pagkakataon para sa pampublikong pagsusuri at mas malaking potensyal para sa mahahalagang desisyon na mahubog sa labas ng paningin ng publiko.

Sa kasalukuyan, ang San Fernando Valley ay nagdaraos ng mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod nang hindi hihigit sa isang beses sa isang buwan. Kung maipasa ang Panukala EE, malamang na hindi na gaanong madadalas ang mga pagpupulong na iyon, na lalong maglilimita sa akses ng mga residente ng Valley sa kanilang mga inihalal na opisyal.

Dapat palawakin ng reporma sa Saligang Batas ang pagiging bukas sa publiko, akses ng publiko, at pananagutan, hindi bawasan ang mga ito.

Bumoto ng HINDI sa Susog sa Karta EE.

MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE

MONICA RODRIGUEZ
Konsehal ng Lungsod ng Los Angeles, Distrito 7
City of Los Angeles

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulong nakalagay sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nangangahulugang pumipirma ang indibidwal sa ngalan ng organisasyon.

SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE

BUMOTO NG OO SA PANUKALA EE. Kabilang sa iba pang mga reporma, ginagawang mas episyente at bukas ng EE ang Konseho, at pinapataas nito ang akses sa mga inihalal na kinatawan. Pinapayagan ng EE ang mga gawain ng Konseho na isagawa sa isang pulong bawat linggo, na ginagawang mas mahuhulaan at tiyak ang pakikilahok ng publiko sa proseso. Bukod dito, dahil isang beses lamang bawat linggo ginaganap ang mga pulong, mas marami pang oras ang maaaring ilaan ng mga miyembro ng konseho sa komunidad para magbigay ng mga serbisyo at isagawa ang mga gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng mga botante.

Ang argumento ng oposisyon para sa isang arbitraryong bilang ng mga pulong ay nagpapatuloy sa isang sistemang hindi epektibo, hindi episyente, at mapag-aksaya. Hindi rin pinapansin ng oposisyon ang mga karagdagang reporma ng Panukala EE: malayang pangangasiwa sa mga Kagawaran ng Pulisya at Bumbero, mas mataas na parusa para sa mga paglabag sa pananalapi sa kampanya, at limang taong panahon ng pagpapalamig para sa mga Komisyonado ng Etika na naghahangad ng ilang inihalal na posisyon.

Lumilikha ang EE ng makabuluhang pampublikong akses at matibay na independiyenteng pangangasiwa– at inaalis ang luma, arbitraryo, at maaksayang gawain ng Konseho ng Lungsod. **BUMOTO NG OO SA PANUKALA EE.**

MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE

TIM MCOSKER
Miyembro ng Konseho, Distrito 15
City of LA

MARQUEECE HARRIS-DAWSON
Miyembro ng Konseho, Distrito 8
City of LA

KATY YAROSLAVSKY
Konsehala, Distrito 5
City of LA

DIEGO ANDRADES
Komisyon ng Reporma sa Saligang-Batas

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga bagong probisyon o wikang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga umiiral na seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring salungguhit; ang mga salitang tinanggal mula sa Saligang-batas o mula sa mga umiiral na seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring ~~strikeout~~.

PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS EE
(ETIKA NG LUNGSOD, HALALAN, AT PAMAMAHALA)

TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

Seksyon 1. Ang Seksyon 103 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Ang bawat tanggapan at kagawaran ng Lungsod, at bawat opisyal at empleyado ng Lungsod, ay inaasahang gagampanan ang kanilang mga tungkulin nang may kasipagan at dedikasyon para sa mga tao ng Lungsod ng Los Angeles. Sa paghahatid ng mga serbisyo ng Lungsod at sa pagganap ng mga gawain nito, dapat magsikap ang pamahalaan na maisagawa ang mga ito sa pinakamataas na antas ng tagumpay, kabilang ang kahusayan, aksesibilidad, pananagutan, kalidad, paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa teknolohiya, at kakayahang tumugon sa mga alalahanin ng publiko sa loob ng mga limitasyon sa badyet. Ang bawat pagsusuri at pagrepaso sa pagganap ng pamahalaan at mga opisyal nito ay dapat maghangad na matiyak kung ang mga matataas na pamantayang ito ay natutugunan, at kung hindi, ay dapat magrekomenda ng mga paraan ng pagpapabuti. Ang Lungsod ay dapat magpatibay at magpanatili ng mga ordinansa at patakaran upang makatwirang matiyak na ang mga komunikasyon, programa, at pakikipag-ugnayan sa publiko ay maa-access sa iba't ibang wikang sinasalita ng mga residente nito, at ang pag-abot ay sumasalamin sa mga komunidad ng kultura at lingguwistika ng Lungsod.

Sek. 2. Ang Seksyon 242 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa pagsasagawa ng negosyo ng Konseho ng Lungsod, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 242. Pagsasagawa ng Negosyo.

Ang Konseho ang siyang tanging hukom ng halalan at kwalipikasyon ng mga miyembro nito. Ang mga pagpupulong at talaan ng mga pangyayari ng Konseho at ng mga komite ng Konseho ay magiging bukas sa publiko, maliban na lamang kung ang mga saradong sesyon ay maaaring idaos ayon sa pinahihintulutan ng batas. Ang Konseho ay magkakaroon ng eksklusibong kapangyarihang isaayos ang gawain nito, magtakda ng mga tuntunin ng mga paglilitis nito at pangalagaan ang kaayusan sa mga pagpupulong nito, napapailalim sa mga sumusunod:

(a) Ang Konseho ay dapat magdaraos ng mga regular na pagpupulong kahit man lang lingguhan ~~hindi bababa sa tatlong araw bawat linggo~~. Maaaring idaos ang mga pagpupulong sa Munisipyo o sa ibang lugar ng Lungsod. Sa pamamagitan ng resolusyon, maaaring magtakda ang Konseho ng mga panahon kung kailan magre-recess ang Konseho o ang mga komite nito. Ang Konseho at ang mga komite nito ay maaari ring magdaos ng mga espesyal na pagpupulong nang may wastong abiso.

(b) Ang Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa o resolusyon, ay dapat magtatag ng sapat na bilang ng mga komite upang maisagawa nito ang mga tungkulin nito. Ang tungkulin ng Konseho at ng mga komite nito ay maging ganap na may kaalaman tungkol sa mga gawain ng Lungsod upang mapangasiwaan ang lahat ng tungkulin ng pamahalaan ng Lungsod, at iulat sa Konseho ang anumang impormasyon o rekomendasyon na kinakailangan upang maayos na makapagbatas ang Konseho. Ang mga komite ay magkakaroon ng kapangyarihang mag-imbestiga, ngunit wala silang administratibong kontrol sa iba't ibang tungkulin ng pamahalaan ng Lungsod. Ang pangangasiwa ng pamahalaan ng Lungsod ay ipagkakatiwala sa mga opisyal na itinalaga sa Saligang-batas upang gampanan ang mga tungkuling iyon. Ang Pangulo ng Konseho ang magtatalaga ng mga miyembro at pinuno ng mga komite at ang bawat miyembro ng Konseho ay dapat italaga sa kahit isang komite.

Sek. 3. Ang unang talata ng Seksyon 245 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa panahon ng pag-veto ng Konseho ng Lungsod sa mga aksyon ng lupon, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 245. Pag-veto ng Konseho ng Lungsod sa mga Aksyon ng Lupon.

Ang mga aksyon ng mga lupon ng mga komisyoner ay magiging pinal sa pagtatapos ng susunod na 15 araw ng kalendaryo ~~limang araw ng pagpupulong ng Konseho~~ kung saan ang Konseho ay nagpulong sa regular na sesyon, maliban kung ang Konseho ay kumilos sa loob ng panahong iyon sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto upang dalhin ang aksyon dito o upang talikuran ang pagsusuri ng aksyon, maliban na lamang sa anumang aksyon ng Lupon ng mga Komisyoner ng Pulisya hinggil sa pag-alis ng Pinuno ng Pulisya, ang yugto ng panahon kung saan maaaring kumilos ang Konseho bago ang aksyon ng Lupon ay magiging pinal ay magiging 21 araw ng kalendaryo ~~sampung araw ng pagpupulong~~ kung saan ang Konseho ay nagpulong sa regular na sesyon.

Sek. 4. Ang Subseksyon (a) ng Seksyon 461 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa mga petisyon ng reperendum, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(a) Ang petisyon para sa reperendum na ipinamamahagi para sa paglagda ay dapat maglaman ng buong teksto ng ordinansang pinag-uusapan Ang lahat ng mga pangalang lumagda sa isang petisyon ay dapat na nakuha sa loob ng 30 araw pagkatapos mailathala ang ordinansa. Ang anumang lagda na kasama sa labas ng panahong ito ay hindi bibilangin sa pagtukoy ng pagiging sapat ng petisyon. Upang maging kwalipikado para sa presentasyon sa Konseho, ang isang petisyon para sa reperendum ay dapat lagdaan ng mga rehistradong botante ng Lungsod sa halagang katumbas ng 15% ~~10%~~ ng kabuuang bilang ng mga boto para sa lahat ng kandidato para sa posisyon ng Alkalde sa huling pangkalahatang halalan sa munisipyo, o pangunahing halalan sa nominasyon kung saan nahalal ang isang Alkalde bago ang paghahain ng petisyon.

Sek. 5. Ang Subtalata (A) ng Subdibisyon (2) ng Subseksyon (o) ng Seksyon 470 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa pagpapatupad ng mga batas ng Lungsod sa pananalapi ng kampanya, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(A) Ang sinumang taong sinasadya o pabaya na lumabag sa anumang probisyon ng seksyong ito ay mananagot sa isang sibil na aksyon na isinampa ng Abogado ng Lungsod o ng isang taong naninirahan sa loob ng Lungsod. Kung walang partikular na parusang sibil na nakasaad, ang isang tao ay maaaring managot para sa bawat paglabag para sa halagang hanggang mas malaki sa labinlimang libong dolyar ($15,000) ~~dalawang libong dolyar ($2,000) para sa bawat paglabag,~~ inaayos taun-taon upang ipakita ang mga pagbabago sa Indeks ng Presyo ng Mamimili, o tatlong beses ng halagang hindi wastong iniulat o ilegal na iniambag, ginastos, ibinigay, o natanggap ng tao.

Sek. 6. Ang Subseksyon (b) ng Seksyon 514 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa paglilipat ng mga kapangyarihan ng mga kagawaran, tanggapan, at lupon, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(b) **Mga Eksempsiyon**. Ang kapangyarihan ng Alkalde at Konseho na kumilos ayon sa nakasaad sa seksyong ito ay hindi sasaklaw sa:

(1) Mga Nahalal na Katungkulan;

(2) Mga Kagawaran ng Pagmamay-ari;

(3) Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng Lungsod ng Los Angeles;

(4) Mga Pensyon ng Kagawaran ng Bumbero at Pulisya;

(5) Komisyon sa Etika ng Lungsod;

(6) Ang mga tungkuling pandisiplina ng Kagawaran ng Bumbero at ng Kagawaran ng Pulisya na nakapaloob sa mga Seksyon 1060 at 1070; at

(7) Ang Kagawaran ng Pulisya at ang Kagawaran ng Bumbero, kung ang paglilipat o pagsasama-sama ay makabuluhang magbabago o makakaapekto sa pangunahing layunin ~~o karakter~~ ng mga kagawaran.

(8) Malayang Komisyon sa Muling Pagdistrito.

Sek. 7. Ang Seksyon 523 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa Malayang Tagapagtasa ng Kagawaran ng Bumbero, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 523. Malayang Tagapagtasa.

Ang Malayang Tagapagtasa ay mag-uulat sa Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero at magkakaroon ng parehong pag-access sa impormasyon ng Kagawaran ng Bumbero gaya ng Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero. Ang Malayang Tagapagtasa ay magkakaroon ng kapangyarihan at tungkulin na:

(a) sa ilalim ng mga tuntuning itinatag ng Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero, i-awdit, tasahin, at repasuhin ang paghawak ng Kagawaran ng Bumbero sa mga reklamo ng maling pag-uugali na ginawa ng mga empleyado, nanumpa man o sibilyan, ng Kagawaran ng Bumbero;

(b) magsagawa ng anumang pag-awdit o pagtatasa na hiniling sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng lupon;

(c) simulan ang anumang pagtatasa o pag-awdit ng Kagawaran ng Bumbero o anumang bahagi ng Kagawaran ng Bumbero nang may paunang abiso sa Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero~~, at napapailalim sa awtoridad ng lupon sa pamamagitan ng boto ng mayorya na utusan ang Malayang Tagapagtasa na huwag simulan o ipagpatuloy ang isang pagtatasa o pag-awdit~~;

(d) ipaalam sa lupon ang kalagayan ng lahat ng nakabinbing mga pagtatasa at pag-awdit; at

(e) magtalaga, magtanggal, magdisiplina, maglipat at mag-isyu ng mga tagubilin sa mga empleyado sa ilalim ng kanyang pamamahala.

Sek. 8. Ang Seksyon 573 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, patungkol sa Inspektor Heneral ng Kagawaran ng Pulisya, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 573. Inspektor Heneral.

Ang Inspektor Heneral ay mag-uulat sa Lupon ng mga Komisyoner ng Pulisya at magkakaroon ng parehong pag-access sa impormasyon ng Kagawaran ng Pulisya gaya ng sa Lupon ng mga Komisyoner ng Pulisya. Ang Inspektor Heneral ay may kapangyarihan at tungkulin na:

(a) sa ilalim ng mga tuntuning itinatag ng Lupon ng mga Komisyoner ng Pulisya, i-awdit, imbestigahan at pangasiwaan ang paghawak ng Kagawaran ng Pulisya sa mga reklamo ng maling pag-uugali ng mga opisyal ng pulisya at mga empleyadong sibilyan at gampanan ang iba pang mga tungkulin na maaaring italaga ng lupon;

(b) magsagawa ng anumang pag-awdit o imbestigasyon na hiniling sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng lupon;

(c) simulan ang anumang imbestigasyon o pag-awdit ng Kagawaran ng Pulisya nang walang paunang pahintulot mula sa Lupon ng mga Komisyoner ng Pulisya~~, napapailalim sa awtoridad ng lupon sa~~

~~pamamagitan ng boto ng mayorya na utusan ang Inspektor Heneral na huwag simulan o ipagpatuloy ang isang imbestigasyon o pag-awdit~~;

(d) ipaalam sa lupon ang kalagayan ng lahat ng nakabinbing imbestigasyon at pag-awdit; at

(e) magtalaga, magtanggal, magdisiplina, maglipat at mag-isyu ng mga tagubilin sa mga empleyado sa ilalim ng kanyang pamamahala.

Sek. 9. Ang Subseksyon (d) ng Seksyon 700 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, patungkol sa Komisyon sa Etika ng Lungsod, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

(d) **Mga Kwalipikasyon.** Ang bawat miyembro ng komisyon ay dapat isang rehistradong botante ng Lungsod. Ang isang miyembro o dating miyembro ng komisyon ay hindi dapat maging kandidato para sa anumang katungkulan sa Lungsod o katungkulan sa Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles maliban kung ang halalan para sa katungkulang iyon ay gaganapin nang hindi bababa sa limang taon pagkatapos ng huling petsa ng serbisyo ng komisyoner. Ang isang Ehekutibong Direktor o dating Ehekutibong Direktor ng komisyon ay hindi dapat maging kandidato para sa anumang katungkulan sa Lungsod o katungkulan sa Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles maliban kung ang halalan para sa katungkulan na iyon ay gaganapin nang hindi bababa sa limang taon pagkatapos ng huling petsa ng serbisyo ng Ehekutibong Direktor. ~~Hindi dapat tumakbo ang isang miyembro ng komisyon o ang Ehekutibong Direktor nito para sa anumang katungkulan sa Lungsod o sa katungkulan ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles na napagpasyahan ng komisyon sa panahon ng termino ng komisyoner o Ehekutibong Direktor maliban kung ang halalan para sa katungkulan na iyon ay gaganapin nang hindi bababa sa dalawang taon kasunod ng pagtatapos ng termino ng komisyoner o Ehekutibong Direktor.~~ Sa panahon ng kanilang panunungkulan, ang sinumang miyembro ng komisyon o Ehekutibong Direktor nito ay hindi dapat:

(1) humawak ng anumang iba pang pampublikong katungkulan;

(2) lumahok o mag-ambag sa isang kampanya sa halalan ng Lungsod;

(3) lumahok o mag-ambag sa isang kampanya sa halalan para sa isang miyembro ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles;

(4) lumahok o mag-ambag sa pagtakbo ng isang opisyal ng Lungsod o miyembro ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles para sa anumang halal na posisyon;

(5) mag-empleyo o maging empleyado bilang isang taong kinakailangang magparehistro bilang isang tagapagsulong ng interes sa Lungsod ng Los Angeles;

(6) may interes sa pagmamay-ari sa isang negosyo (maliban sa stock sa isang pampublikong kumpanya) na nakikipagkontrata sa o humihingi ng mga pag-apruba na nakabatay sa pagpapasya mula sa Lungsod; o personal na nagbibigay ng mga bayad na serbisyo sa Lungsod sa ilalim ng isang kontrata;

(7) magbigay ng bayad na pagpapayo o serbisyo sa isang kampanyang pampulitika o sa isang komite na kontrolado ng isang opisyal ng Lungsod; o

(8) mag-ambag sa mga komite nang sa gayon ay maging kwalipikado ang indibidwal bilang isang pangunahing donor gaya ng nakasaad sa ilalim ng Batas sa Repormang Pampulitika.

Sek. 10. Ang mga susog na ginawa sa Subseksyon (d) ng Seksyon 700 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay ilalapat lamang sa isang miyembro o ehekutibong direktor ng Komisyon sa Etika ng Lungsod na ang huling petsa ng serbisyo ng Lungsod ay sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng pagsusog na ito sa Saligang-batas.

Sek. 11. Ang mga Seksyon 900 hanggang 914 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, tungkol sa mga Konseho ng Komunidad, ay sinusugan upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 900. Layunin.

Para mas ma-promote ang sibikong pakikilahok ~~mamamayan~~ sa pamahalaan at gawing mas tumutugon ang pamahalaan sa mga lokal na pangangailangan, isang sistema ng pambuong lungsod ng Kkonseho ng Kkapitbahayan, at isang Kagawaran ng Pagbibigay-lakas sa Kapitbahayan ang nilikha. Ang mga Kkonseho ng kapitbahayan ay dapat kabilang ang mga kinatawan ng maraming magkakaibang interes sa mga komunidad at dapat magkaroon ng papel na tagapayo sa mga isyung may kinalaman sa kapitbahayan.

Sek. 901. Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan.

Ang Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan ay magkakaroon ng mga tungkulin at responsibilidad na nakasaad sa Artikulo na ito at sa iba pang bahagi ng Saligang-batas upang ipatupad at pangasiwaan ang mga ordinansa at regulasyon na lumilikha ng sistema ng mga Kkonseho ng Kkapitbahayan na ipinatupad alinsunod sa Seksyon 905. Ang mga tungkulin at responsibilidad ay dapat kabilang ang:

(a) maghanda ng plano para sa paglikha ng isang sistema ng mga Kkonseho ng Kkapitbahayan upang matiyak na ang bawat bahagi ng Lungsod ay nasa loob ng hangganan ng isang Kkonseho ng Kkapitbahayan, at may pagkakataong bumuo ng isang Kkonseho ng Kkapitbahayan (Plano);

(b) tumulong sa mga kapitbahayan sa paghahanda ng mga petisyon para sa pagkilala o sertipikasyon, pagtukoy sa mga hangganan na hindi naghahati sa mga komunidad, at pag-oorganisa ng kanilang mga sarili, alinsunod sa Plano;

(c) mag-ayos ng mga pagpupulong ng Kongreso ng mga Kapitbahayan kung hihilingin na gawin ito ng kinikilalang mga Kkonseho ng Kkapitbahayan;

(d) tumulong sa mga Kkonseho ng Kkapitbahayan na may halalan o pagpili ng kanilang mga opisyal na miyembro ~~ng lupon~~;

(e) mag-ayos ng pagsasanay para sa mga opisyal ng at kawani ng Konseho ng Kapitbahayan;

(f) tumulong sa mga Kkonseho ng Kkapitbahayan upang magbahagi ng mga mapagkukunan, kabilang ang mga tanggapan, kagamitan, at iba pang anyo ng suporta para sa kanila upang makipag-ugnayan sa mga nasasakupan, iba pang mga Kkonseho ng Kkapitbahayan at mga opisyal ng pamahalaan; at

(g) magsagawa ng iba pang mga tungkulin na itinatadhana ng ordinansa.

Sek. 902. Lupon ng mga Komisyoner ng Kapitbahayan.

(a) Magkakaroon ng lupon ng pitong komisyoner na kikilalanin bilang Lupon ng mga Komisyoner ng Kapitbahayan (lupon). Ang mga Komisyoner ay hihirangin ng Alkalde, at dapat ay mula sa iba't ibang heograpikong lugar, gaya ng karagdagang tinukoy sa pamamagitan ng ordinansa. Ang paghirang at pagtanggal ng mga komisyoner ay dapat na naaayon sa Seksyon 502.

(b) Ang lupon ay magiging responsable para sa pagtatakda ng patakaran at pangangasiwa ng patakaran, kabilang ang pag-apruba ng mga kontrata at pag-upa at ang pagpapalaganap ng mga tuntunin at regulasyon, ngunit hindi magiging responsable para sa pang-araw-araw na pamamahala.

(c) Ang lupon ay kikilos alinsunod sa mga Seksyon 503 hanggang 508 at 510 ng Saligang-batas.

Sek. 903. Pangkalahatang Tagapamahala.

(a) Magkakaroon ng isang pangkalahatang tagapamahala ng Kagawaran ng Pagpapalakas sa Kapitbahayan na itatalaga ng Alkalde, napapailalim sa kumpirmasyon ng Konseho ng Lungsod, at maaaring tanggalin gaya ng nakasaad sa Seksyon 508.

(b) Ang pangkalahatang tagapamahala ay magkakaroon ng mga kapangyarihan at tungkuling nakasaad sa Seksyon 510.

(c) Ang pangkalahatang tagapamahala ang magtatalaga, mag-alis, at magtatakda ng mga tungkulin ng mga kawani, alinsunod sa mga probisyon ng Saligang-batas sa serbisyo sibil.

Sek. 904. Pag-unlad at Pagpapanatili ng Plano ng Konseho ng Kapitbahayan.

Ang Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan ay bubuo ng isang Plano para sa isang sistemang pang-lungsod ng mga K~~k~~onseho ng K~~kapitbahayan~~, alinsunod sa mga sumusunod:

(a) Ang Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan ay hihingi ng opinyon ng publiko sa pagbuo ng Plano.

(b) Ang Plano ay dapat maglaman ng isang pahayag ng mga layunin, patakaran at mithiin ng sistema ng Konseho ng Kapitbahayan, at dapat maglaman ng mga partikular na regulasyon, sa pormat ng burador ng ordinansa (Mga Regulasyon) na, kung pagtitibayin sa pamamagitan ng ordinansa, ay sapat na upang ipatupad ang Plano.

(c) Ang mga Regulasyon ang magtatatag ng paraan kung paano tutukuyin ang mga hangganan ng mga K~~k~~konseho ng K~~k~~apitbahayan. Ang sistema para sa pagtukoy ng mga hangganan ay dapat magpanatili ng mga hangganan ng kapitbahayan sa pinakamataas na posibleng antas, at maaaring isaalang-alang ang mga hangganan ng distrito ng pagpaplano ng komunidad kung saan naaangkop.

(d) Dapat tiyakin ng mga Regulasyon na ang lahat ng lugar sa Lungsod ay mabibigyan ng pantay na pagkakataon na bumuo ng mga K~~k~~onseho ng K~~k~~kapitbahayan.

(e) Ang mga Regulasyon ay magtatatag ng pamamaraan at pamantayan para sa pagkilala o sertipikasyon ng mga K~~k~~onseho ng K~~k~~apitbahayan.

(f) Hindi dapat higpitan ng mga Regulasyon ang paraan ng pagpili ng mga miyembro ng isang Konseho ng K~~k~~apitbahayan, kung ang proseso ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng Artikulong ito.

(g) Ang mga Regulasyon ay mangangailangan na ang mga K~~k~~onseho ng K~~k~~apitbahayan ay magpatibay ng patas at bukas na mga pamamaraan para sa pagsasagawa ng kanilang negosyo.

(h) Ang Alkalde at Konseho ng Lungsod ay magtatakda para sa paglikha ng Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan at paghirang ng pangkalahatang tagapamahala sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng pagkakabisa ng Artikulong ito.

Sek. 905. Inisyal na Pagpapatupad ng Plano.

Ang Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan ay dapat kumpletuhin ang pagbuo ng Plano at ihaharap ang Plano at lahat ng kinakailangang Regulasyon para sa isang sistema ng mga K~~k~~onseho ng K~~k~~apitbahayan sa Konseho ng Lungsod at Alkalde sa loob ng isang taon mula sa pagkakatatag ng kagawaran at komisyon. Dapat isaalang-alang ng Konseho ng Lungsod ang mga Regulasyon, at sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng paglalahad ng Plano sa Konseho ng Lungsod ay maaaring magpatibay ng mga ordinansa upang ipatupad ang mga Regulasyon ayon sa iminungkahi, o ayon sa pagbabago ng Konseho ng Lungsod na naaayon sa mga kinakailangan ng Planong nakasaad sa Seksyon 904. Kung ang mga ordinansang

nagpapatupad ay hindi mapagtitibay sa loob ng panahong ito, ang mga Regulasyon ay magkakabisa, at sa lawak na hindi salungat sa batas ay magiging may bisa sa lahat ng kagawaran at tanggapan ng Lungsod.

Sek. 906. Sertipikasyon ng mga Konseho ng Kapitbahayan.

(a) **Mga Alituntunin.** Ang bawat Kkonseho ng Kkapitbahayan na humihingi ng opisyal na sertipikasyon o pagkilala mula sa Lungsod ay dapat magsumite ng plano ng organisasyon at mga alituntunin sa Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan na nagpapakita, nang hindi bababa sa:

(1) ang paraan kung paanong ang kanilang mga opisyal ng ~~miyembro ng lupon~~ ay napili;

(2) Ang pagiging miyembro sa mga Kkonseho ng Kkapitbahayan ay bukas para sa lahat ng stakeholder, gaya ng tinukoy ng ordinansa ~~lahat ng nakatira, nagtatrabaho o nagmamay-ari ng ari-arian sa lugar (mga stakeholder)~~;

(3) mga katiyakan na ang mga miyembro ng Kkonseho ng Kkapitbahayan ay magpapakita ng magkakaibang interes sa loob ng kanilang lugar;

(4) isang sistema kung saan ang Kkonseho ng Kkapitbahayan ay regular na makikipag-ugnayan sa mga stakeholder;

(5) isang sistema para sa pananagutang pinansyal ng mga pondo nito; at

(6) ginagarantiyahan na ang lahat ng mga pagpupulong ay magiging bukas at pampubliko, at pinahihintulutan, hangga't maaari, ang bawat stakeholder na lumahok sa pagsasagawa ng negosyo, deliberasyon at paggawa ng desisyon.

(b) **Pagpetisyon para sa Sertipikasyon at Pag-apruba.** Maaaring magpetisyon para sa sertipikasyon o pagkilala ang mga Kkonseho ng Kkapitbahayan alinsunod sa mga patakaran at pamamaraan na nakasaad sa Plano.

Sek. 907. Paunang Abiso at mga Oportunidad para sa Pagbibigay ng Input ~~Sistema ng Maagang Babala~~.

Ang mga Regulasyon ay magtatatag ng mga pamamaraan para sa pagtanggap ng input mula sa mga Kkonseho ng Kkapitbahayan bago ang mga desisyon ng Konseho ng Lungsod, mga Komite ng Konseho ng Lungsod at mga lupon at komisyon. Ang mga pamamaraan ay dapat magsama, ngunit hindi kailangang limitado sa, abiso sa mga Kkonseho ng Kkapitbahayan sa lalong madaling panahon, at isang makatwirang pagkakataon upang magbigay ng input bago gumawa ng mga desisyon. Kabilang sa mga abisong ibibigay ang mga bagay na isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod, mga Komite ng Konseho ng Lungsod, at mga lupon o komisyon ng Lungsod.

Sek. 908. Mga Kapangyarihan ng mga Konseho ng Kapitbahayan.

Alinsunod sa naaangkop na batas, maaaring italaga ng Konseho ng Lungsod ang awtoridad nito sa mga Kkonseho ng Kkapitbahayan upang magsagawa ng mga pampublikong pagdinig bago gumawa ng desisyon ang Konseho ng Lungsod sa isang bagay na may kinalaman sa lokal na interes.

Sek. 909. Mga Prayoridad sa Taunang Badyet ng Lungsod.

Ang bawat Kkonseho ng Kkapitbahayan ay maaaring magharap sa Alkalde at sa Konseho ng Lungsod ng isang taunang listahan ng mga prayoridad para sa badyet ng Lungsod. Ipaalam ng Alkalde sa mga sertipikadong Kkkonseho ng Kkapitbahayan ang deadline para sa pagsusumite upang ang input ay maisaalang-alang sa napapanahong paraan.

Sek. 910. Pagsubaybay sa mga Serbisyo ng Lungsod.

Susubaybayan ng mga Kkonseho ng Kkapitbahayan ang paghahatid ng mga serbisyo ng Lungsod sa kani-kanilang mga lugar at magkakaroon ng pana-panahong mga pagpupulong kasama ang mga responsableng opisyal ng mga kagawaran ng Lungsod, napapailalim sa kanilang makatwirang kakayahang magagamit.

Sek. 911. Paglalaan.

Ang Alkalde at ang Konseho ng Lungsod ay maglalaan ng pondo para sa Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan at para sa pagsisimula at pagpapatakbo ng mga Kkonseho ng Kkapitbahayan sa unang dalawang taon pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng Artikulong ito. Ang mga pondo ay ilalaan sa isang espesyal na pondo na itatatag sa pamamagitan ng ordinansa. Ang Alkalde at ang Konseho ng Lungsod ay maglalaan ng mga pondo para sa kagawaran at mga Kkonseho ng Kkapitbahayan nang hindi bababa sa isang taon bago ang bawat kasunod na taon ng pananalapi.

Sek. 912. Pagrepaso.

Ang Alkalde at ang Konseho ng Lungsod ay magtatalaga ng isang komisyon ayon sa itinakda ng ordinansa upang suriin ang mga probisyon ng Artikulong ito, ang mga Regulasyong pinagtibay alinsunod sa Artikulong ito, at ang bisa ng sistema ng mga Kkonseho ng Kkapitbahayan nang hindi lalampas sa pitong taon pagkatapos ng pagpapatibay ng Saligang-batas. Ang komisyon ay magbibigay ng mga rekomendasyon sa Konseho ng Lungsod hinggil sa mga pagbabago sa Saligang-batas o sa mga Regulasyon, kung saan itinuturing nitong naaangkop.

Sek. 913. Paglilipat ng mga Kapangyarihan.

Sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng Saligang-batas ang Alkalde at ang Konseho ng Lungsod ay hindi ililipat ang mga kapangyarihan, tungkulin o tungkulin ng Kagawaran ng Pagpapalakas ng Kapitbahayan sa anumang iba pang kagawaran, tanggapan o ahensya alinsunod sa Seksyon 514 sa unang limang taon pagkatapos ng pagpapatupad ng Plano alinsunod sa Seksyon 905.

Sek. 914. Epekto ng mga Ordinansa.

Maaaring magpatibay ang Konseho ng Lungsod ng mga ordinansa tungkol sa mga Kkonseho ng Kkkapitbahayan na naaayon sa mga kinakailangan para sa Planong nakasaad sa Seksyon 904 anumang oras, kung saan ang mga ordinansa ay papalit sa anumang hindi pantay na Regulasyon na naging epektibo alinsunod sa Seksyon 905.

Sek. 12. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahang panghurisdiksiyon, ang natitirang mga seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para rito, ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na ipinasa sana nila ang lahat ng seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, at aplikasyon ng susog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon na idineklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa.

PRK BADYET NG KAGAWARAN NG LIBANGAN AT MGA PARKE NG LUNGSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRK.

Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang taasan ang minimum na badyet na inilaan sa Kagawaran ng Libangan at mga Parke, na unti-unting ginagawa sa loob ng sampung taon hanggang sa doblehin nito ang kasalukuyang pinakamababang alokasyon ng badyet, maliban sa mga emerhensiya sa pananalapi?

WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Ang Pangkalahatang Pondo ang pangunahing pondo para sa pagpapatakbo ng Lungsod. Ginagamit ang kita mula sa Pangkalahatang Pondo upang pondohan ang mga serbisyo ng Lungsod tulad ng pulisya, bumbero, mga gawaing pampubliko, transportasyon, mga aklatan, at mga parke. Nagmumula ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo sa mga buwis, lisensya, permit, bayarin, multa, at iba pang mga pinagkukunan.

Itinatatag ng Saligang-batas ng Lungsod ang minimum na alokasyon ng badyet para sa Kagawaran ng Libangan at mga Parke mula sa Pangkalahatang Pondo. Ang pinakamababang badyet na iyon ay isang halagang katumbas ng 0.0325% ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod. Ang kasalukuyang porsyento ng alokasyon ng Saligang-batas ng Lungsod at ang nagresultang alokasyon ng badyet ay hindi nakasabay sa lumalaking populasyon, lumalawak na sistema ng parke, at tumataas na gastos sa pagpapanatili at operasyon. Nakatulong ito sa mga pagbawas sa mga serbisyo ng Libangan at mga Parke sa paglipas ng panahon.

Noong 1996, inaprubahan ng mga botante ang pagpasa ng Proposisyon K: Ang Programa ng LA para sa mga Bata (Proposisyon K), na lumikha ng isang pagtatasa sa buong lungsod na nakalikom ng $25 milyon bawat taon para sa pagkuha, pagpapaunlad, pagpapahusay, at pagpapanumbalik ng mga parke at pasilidad para sa paglilibang.pagpapaunlad, pagpapabuti at pagpapanumbalik ng mga parke at mga pasilidad ng libangan. Ang Proposisyon K ay mawawalan ng bisa sa Taon ng Panlalapi 2026-27 at magreresulta sa pagkawala ng pondo para suportahan ang mga parke at mga pasilidad ng libangan.

Magpapataas ang hakbang na ito sa minimum na halaga ng pera ng Pangkalahatang Pondo na inilalaan sa Libangan at mga Parke. Ang mga karagdagang mapagkukunang ito ay makakatulong na maibalik ang mga antas ng serbisyo sa Libangan at mga Parke, matugunan ang mga kakulangan sa pagkakapantay-pantay ng mga parke, at pahihintulutan ang Kagawaran na masakop ang gastos ng mga operasyon at programa. Ang porsyento ay unti-unting tataas mula sa kasalukuyang 0.0325% patungong 0.065% ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod, na unti-unting ipapasa sa loob ng sampung taon gaya ng sumusunod:

- Mga Taon ng Pananalapi 2026-2027 at mga nagdaan: 0.0325%
- Taon ng Pananalapi 2027-2028: 0.03575%
- Taon ng Pananalapi 2028-2029: 0.039%
- Taon ng Pananalapi 2029-2030: 0.04225%
- Taon ng Pananalapi 2030-2031: 0.0455%
- Taon ng Pananalapi 2031-2032: 0.04875%
- Taon ng Pananalapi 2032-2033: 0.052%
- Taon ng Pananalapi 2033-2034: 0.05525%
- Taon ng Pananalapi 2034-2035: 0.0585%
- Taon ng Pananalapi 2035-2036: 0.06175%

- Mga Taon ng Pananalapi 2036-2037 at pagkatapos nito: 0.065%

Ang panukala na ito ay hindi lilikha ng bagong buwis o bubuo ng karagdagang kita ng Lungsod. Mangangailangan ito ng mas maraming pera mula sa Pangkalahatang Pondo na ilalaan sa Libangan at mga Parke. Dahil dito, mababawasan ang halaga ng kita mula sa Pangkalahatang Pondo na magagamit para sa iba pang mga serbisyo ng Lungsod.

Sa panahon ng idineklarang emerhensya sa pananalapi, maaaring bawasan ng Konseho ng Lungsod ang karagdagang pondo na kinakailangan sa hakbang na ito nang hanggang 30 porsyento sa buong tagal ng emerhensya sa pananalapi. Gayunpaman, ang pinakamababang alokasyon ng badyet ng Libangan at mga Parke ay hindi maaaring bawasan sa kasalukuyang antas na 0.0325% ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNGSOD

Dinoble ng panukala na ito ang apropriyasyon base sa halaga ng ari-arian ng Kagawaran ng Libangan at mga Parke (RAP) mula 0.0325 patungong 0.065 porsyento sa loob ng sampung taon. Kung ipagpapalagay ang katamtamang paglago ng halaga ng ari-arian, ang pondo ng RAP ay tataas mula $303 milyon patungong $995 milyon pagsapit ng 2036-37, na may tinatayang taunang pagtaas na maiuugnay sa panukala na ito: 2027-28 ($32 milyon), 2028-29 ($66 milyon), 2029-30 ($105 milyon), 2030-31 ($147 milyon), 2031-32 ($193 milyon), 2032-33 ($244 milyon), 2033-34 ($299 milyon), 2034-35 ($359 milyon), 2035-36 ($426 milyon), at 2036-37 ($497 milyon). Ang lahat ng pagtaas sa panahong ito ay napapailalim sa aktwal na paglago ng tinasang halaga ng ari-arian.

Dahil ang panukala na ito ay hindi nakakalikom ng mga bagong kita, dapat muling ilalaan ng Lungsod ang mga mapagkukunan mula sa iba pang mga serbisyo, kabilang ang kaligtasan ng publiko, mga gawaing pampubliko, at mga serbisyo para sa mga walang tirahan upang matugunan ang pinataas na mandato sa pagpopondo. Maaaring suspindihin ng Lungsod ang ipinag-uutos na pagtaas sa panahon ng idineklarang emerhensya sa pananalapi. Ang RAP ay nananatiling responsable sa pagbabayad ng Pangkalahatang Pondo para sa mga benepisyo ng empleyado at iba pang kaugnay na gastos.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRK

Pananatilihin ng Pagsusog sa Saligang-batas PRK na malinis ang ating mga parke, katubigan, at mga dalampasigan; aayusin at pananatilihin ang mga pasilidad ng parke; at pananatilihing bukas ang mga sentro ng libangan at nakatatanda nang hindi nagtataas ng buwis kahit isang sentimo.

Ang kagawaran ng mga parke ng LA ay nangangasiwa sa mahigit 500 parke, 123 sentro ng libangan at nakatatanda, at 52 palanguyan. Ito ay mga abot-kayang lugar para sa mga bata upang maglaro ng isport at manatiling ligtas pagkatapos ng eskwela at sa tag-araw, para sa mga nakatatandang mamamayan upang makahanap ng mga serbisyo, at para sa mga pamilya upang magtipon-tipon. Ang mga parke at sentro ng libangan ay nagho-host ng mga programang interbensyon sa karahasan at nagbibigay ng mga serbisyo at tirahan sa panahon ng mga sunog sa kagubatan at mga emerhensiya.

Bumaba ang mga parke ng Los Angeles sa ika-93 pwesto sa 100 pinakamalalaking lungsod sa Amerika ayon sa 2026 Ranggo sa ParkScore ng Tiwala para sa Pampublikong Lupa. Natuklasan sa pagtatasa ng Lungsod sa mga parke na dalawang-katlo ang mas mababa sa pagpopondo ng LA sa mga parke kumpara sa mga katulad na lungsod. Ang malaking pagbawas ng tauhan ay nangangahulugan na ang mga parke ay hindi na gaanong ligtas at malinis. Ang mga pasilidad ay nangangailangan ng halos $3 bilyon na pagkukumpuni, at ang mga oras ng operasyon ng mga palanguyan, sentro ng libangan, at mga sentro ng nakatatanda ay nabawasan. Kung walang aksyon, maaaring mas marami pa ang magsara. Sangkatlo ng mga taga-Angeles ay walang parke na nasa loob ng sampung minutong lakad mula sa kanilang tahanan.

Ang mga parke ay mahahalagang serbisyo para sa mga taga-Angeles.

Hindi tumaas ang pondo para sa mga protektadong parke simula noong 1937, at ang perang direktang napupunta sa mga parke ay lalong nabawasan simula noong 2009.

Pinapataas ng PRK ang pondo ng mga parke sa loob ng 10 taon, na may mga proteksyon para sa mga emerhensiya sa pananalapi.

Lilinisin at pagbubutihin ng PRK ang mga parke, banyo, palanguyan, at mga pasilidad; muling itatayo ang mga parke at ang mga tanod-gubat; poprotektahan ang mga dalampasigan at katubigan sa baybayin; magtatayo ng mga bagong parke kung saan kinakailangan ang mga ito; ibabalik ang mga natural na lugar; at mamumuhunan sa mga puno ng lilim, pag-iwas sa sunog sa kagubatan, at mga solusyon batay sa kalikasan upang protektahan ang ating tubig.

Pinapanatili nitong bukas ang mga palanguyan, libangan, at mga sentro para sa mga nakatatandang mamamayan, at pinapagana nito ang mga parke ng mga paaralang pangkomunidad.

Ang pondong ito ay nangangailangan ng mahigpit na pananagutan sa pananalapi, at dapat gamitin lamang para sa mga karapat-dapat na layunin ng parke, kung saan ang mga taunang plano sa paggasta at pag-uulat ay susuriin sa mga pampublikong pagpupulong at ipo-post online.

Samahan ang mga lider ng komunidad at pangkalikasan na bumoto ng OO sa PRK upang ayusin ang mga parke nang hindi nagtataas ng buwis.

MGA TAONG LUMAGDA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRK

MONICA RODRIGUEZ
Miyembro ng Konseho
City of Los Angeles

YSABEL JURADO
Miyembro ng Konseho
City of Los Angeles

IMELDA PADILLA
Miyembro ng Konseho
City of Los Angeles

KENNETH MEJIA
Kontroler
City of Los Angeles

PADRE GREGORY BOYLE
Tagapagtatag
Homeboy Industries

TEFARAI BAYNE
Komisyoner
LA Department of Recreation and Parks

BRUCE SAITO
Tagapagtatag
Conservation and Youth Workforce
Pinuno ng Pag-unlad

NICOLE CHASE
Pangulo at CEO (Punong Ehekutibong Opisyal)
Boys & Girls Club of San Fernando Valley

TORI KJER
Tagapagpaganap na Direktor
LA Neighborhood Land Trust

BRUCE REZNIK
Ehekutibong Direktor
LA Waterkeeper

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA NA ITO ANG NAISUMITE.

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRK

Ang Pagsusog sa Saligang-Batas PRK ay isang responsableng pamumuhunan sa mga parke, nang hindi nagtataas ng buwis. Sa loob ng 10 taon, dadagdagan ng PRK ang nakalaang pondo para sa mga parke habang hinihiling ang mahigpit na pananagutan para sa bawat dolyar na ginagastos.

Magandang pamumuhunan ang mga parke.

Pinapanatili ng mga parke na malusog, aktibo, at konektado ang mga residente ng Los Angeles. Ang kawalan ng pisikal na aktibidad ay bumubuo sa 12.6% ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga komunidad na namumuhunan sa mga parke ay may mas mababang antas ng stroke, sakit sa puso, labis na katabaan, at diabetes. Ang bawat $1 na ginagastos sa mga programa sa parke ay nakakabawas ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ng $11.

Bukod pa rito, ang bawat $1 na ginagastos sa pagpapanatili ng mga parke ay nagbabalik ng hindi bababa sa $3 na mas malawak na benepisyong pang-ekonomiya. Ang turismo ay nakalikha ng $35.1 bilyong gastusin noong nakaraang taon sa Los Angeles, na sumuporta sa mahigit 224,000 na trabaho. Ang Griffith Park at Venice Beach, na parehong mga parke ng lungsod, ay kabilang sa aming mga pinakamalaking atraksyon.

Lilikha ang PRK ng magaganda at lokal na trabaho, mapapabuti ang kalusugan ng publiko, mapapanatili ang ligtas na mga lugar ng paglalaro ng mga bata, ganap na magbubukas muli ng mga sentro ng libangan at mga sentro para sa mga senior citizen, pananatilihing malinis ang mga dalampasigan, at aayusin ang mga banyo sa buong lungsod.

Bumoto ng OO sa PRK.

MGA TAONG PUMIPIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRK

MONICA RODRIGUEZ
Konsehala ng Lungsod ng LA

IMELDA PADILLA
Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng LA

YSABEL JURADO
Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng LA

KENNETH MEJIA
Dating Kontroler ng Lungsod ng LA

LUIS A SANCHEZ
Presidente
LA Rec and Parks Board of Commissioners

JIMMY KIM
Pangkalahatang Tagapamahala
LA Department of Recreation and Parks

JON CHRISTENSEN
Katulong na Propesor
UCLA

AMBER MARTINEZ
Pangulo at CEO (Punong Ehekutibong Opisyal)
Los Angeles Parks Foundation

DEBORAH COHEN, MD (Doktor ng Medisina), MPH
(Masterado sa Pampublikong Kalusugan)
Pampublikong Kalusugan at Medisinang Pang-iwas

MONA FIELD
Dating Presidente
Greater Los Angeles League of Women Voters

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga bagong probisyon o wikang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga umiiral na seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring salangguhit; ang mga salitang tinanggal mula sa Saligang-batas o mula sa mga umiiral na seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring ~~strikeout~~.

PAGBABAGO SA SALIGANG-BATAS PRK
(BADYET NG KAGAWARAN NG LIBANGAN AT MGA PARKE NG LUNGSOD)

TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

Seksyon 1. Ang Seksyon 593 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles ay binago upang mabasa bilang mga sumusunod:

Sek. 593. Suportang Pinansyal.

(a) Para sa suportang pinansyal ng Kagawaran ng Libangan at mga Parke, dapat maglaan ng taunang halagang hindi bababa sa sumusunod na porsyento ~~0.0325%~~ ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod:~~.~~

Mga Taon ng Pananalapi 2026-2027 at mga nagdaan: 0.0325%
Taon ng Pananalapi 2027-2028: 0.03575%
Taon ng Pananalapi 2028-2029: 0.039%
Taon ng Pananalapi 2029-2030: 0.04225%
Taon ng Pananalapi 2030-2031: 0.0455%
Taon ng Pananalapi 2031-2032: 0.04875%
Taon ng Pananalapi 2032-2033: 0.052%
Taon ng Pananalapi 2033-2034: 0.05525%
Taon ng Pananalapi 2034-2035: 0.0585%
Taon ng Pananalapi 2035-2036: 0.06175%
Mga Taon ng Pananalapi 2036-2037 at pagkatapos nito: 0.065%

(b) Maaaring gumawa ng karagdagang mga paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo.

(c) Lahat ng perang nagmula sa (a) o (b), kasama ang lahat ng iba pang halagang natanggap ng departamento ay ilalaan sa kredito ng Pondo ng Libangan at mga Parke.

(d) Maliban sa nakasaad sa Seksyon 342 patungkol sa mga pondong inilaan mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng Libangan at mga Parke, ang pera sa Pondo ng Libangan at mga Parke ay gagamitin lamang para sa suportang pinansyal ng Kagawaran ng Libangan at mga Parke.

(e) Kung sakaling ang Konseho ng Lungsod, sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto, ay magdeklara ng isang emergency sa pananalapi sa pamamagitan ng resolusyon, ang suportang pinansyal na kinakailangan sa ilalim ng subsection (a) ay maaaring bawasan ng hanggang tatlumpung porsyento (30%) ng kabuuang halaga ng nakasaad na porsyento ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod kasunod ng naturang deklarasyon at ang naturang pagbawas ay maaaring manatiling epektibo hanggang sa matapos ang emergency sa pananalapi, sa kondisyon na sa anumang oras ay hindi dapat bawasan ng naturang pagbawas ang kabuuang suportang pinansyal na kinakailangan sa ilalim ng subsection (a) sa mas mababa sa 0.0325% ng tinasang halaga ng lahat ng ari-arian na tinasa para sa mga buwis ng Lungsod.

Sek. 2. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahang panghurisdiksiyon, ang natitirang mga seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para rito, ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito,

idinedeklara ng mga botante na ipinasa sana nila ang lahat ng seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, at aplikasyon ng susog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, subseksyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon na idineklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa.

PRT MGA KAGAWARAN NG MGA PALIPARAN, DAUNGAN, TUBIG AT KURYENTE NG LUNGSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRT.

Dapat bang amyendahan ang Saligang-batas ng Lungsod upang: atasan ang Kagawaran ng Daungan na maglaan ng pondo para sa mga proyektong pampublikong aksesibilidad sa tabing-dagat; atasan ang pagsisiwalat ng mga epekto ng lakas ng paggawa para sa ilang mga pag-upa at kasunduan sa Kagawaran ng Daungan; dagdagan ang pinakamataas na termino para sa ilang mga pag-upa; at baguhin ang kinakailangan sa komposisyon para sa Komisyon sa Paliparan?

WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Ang Seksyon 607 ng Saligang-batas ng Lungsod ay naglalagay ng mga limitasyon sa mga prangkisa, konsesyon, permit, lisensya at pag-upa para sa bawat Kagawaran ng Pagmamay-ari (Kagawaran ng Paliparan, Kagawaran ng Daungan, at Kagawaran ng Tubig at Enerhiya). Nakasaad sa Seksyon 607(a) na maaaring pahintulutan ng Konseho ng Lungsod ang isang termino ng pag-upa na hanggang 50 taon para sa Kagawaran ng Paliparan at Kagawaran ng Tubig at Enerhiya, at 66 na taon para sa Kagawaran ng Daungan.

Nakasaad sa Seksyon 630 ng Saligang-batas ng Lungsod na ang Lupon ng mga Komisyoner ng Paliparan ay dapat bubuuin ng pitong miyembro, at ang isang miyembro ay dapat manirahan sa lugar na nakapalibot sa Pandaigdigang Paliparan ng Los Angeles at isang miyembro ay dapat manirahan sa lugar na nakapalibot sa Paliparan ng Van Nuys. Ang mga lugar na ito ay tinukoy sa pamamagitan ng ordinansa.

Nakasaad sa Seksyon 651 ng Saligang-batas ng Lungsod na ang mga Komisyonado ng Lupon ng Daungan ang siyang magkakaroon ng pagmamay-ari, pamamahala, at kontrol sa mga ari-arian ng Kagawaran ng Daungan. Tinutukoy pa nito na ang mga lupain at katubigan na nasa ilalim ng pagmamay-ari, pamamahala, at kontrol ng Mga Komisyoner ng Lupon ng Daungan ay kikilalanin bilang Distrito ng Daungan. Inilalaan din ng Seksyon 651 ng Saligang-batas ng Lungsod ang tabing-dagat para sa pampublikong paggamit, at ipinagbabawal ang pagbebenta ng mga lupang tinatablan ng tubig at mga lupang nakalubog sa tubig ng Distrito ng Daungan. Nakasaad sa Seksyon 652 ng Saligang-batas ng Lungsod ang mga kapangyarihan at tungkulin ng mga Komisyonado ng Lupon ng Daungan, kabilang ang kapangyarihan at tungkulin na magtatag ng mga tuntunin at regulasyon na may kaugnayan sa Distrito ng Daungan.

Hinihiling ng batas ng estado ang isang Permit sa Pagpapaunlad ng Baybayin para sa maraming pag-unlad sa loob ng Distrito ng Daungan. Kabilang dito ang mga proyekto sa konstruksyon at mga proyektong makabuluhang nagpapataas o nagpapabago sa antas o uri ng aktibidad sa isang lugar o sa tubig, o nagpapabago sa pampublikong pag-access dito, kahit na walang itinatayo.

Susuugan ng panukala ang Saligang-batas ng Lungsod para:

- Pahintulutan ang Konseho ng Lungsod na pahintulutan ang Kagawaran ng Paliparan at Kagawaran ng Tubig at Enerhiya sa pag-upa nang hanggang 66 na taon, o ang pinakamataas na haba na pinahihintulutan ng anumang pederal o batas ng estado, alinman ang mas mababa, kung ang Konseho ng Lungsod ay gumawa ng pagpapasya na ang terminong mas mahaba sa 30 taon ay magiging para sa pinakamahusay na interes ng Lungsod. Pinahihintulutan na ng Saligang-batas ng Lungsod ang Konseho ng Lungsod na pahintulutan ang mga pag-upa sa Kagawaran ng Daungan para sa terminong hanggang 66 na taon.
- Taasan ang mga lokal na kinakailangan sa paninirahan para sa Lupon ng mga Komisyonado ng Paliparan sa pamamagitan ng pag-aatas na tatlo sa pitong miyembro ng Lupon ng mga

Komisyonado ng Paliparan ay manirahan sa lugar na nakapalibot sa Pandaigdigang Paliparan ng Los Angeles at dalawa sa pitong miyembro ay manirahan sa lugar na nakapalibot sa Paliparan ng Van Nuys. Papayagan din ng hakbang na ito ang Konseho ng Lungsod na, sa pamamagitan ng ordinansa, higit pang hatiin ang mga lugar na ito sa mga subarea at magtatatag ng mga kinakailangan sa paninirahan bilang komisyonado.

- Ang Lupon ng mga Komisyonado ng Daungan ay dapat maglaan taon-taon ng bahagi ng kita sa pagpapatakbo ng Kagawaran ng Daungan upang mamuhunan sa mga proyektong kaugnay ng pampublikong daanan sa tabing-dagat, at iba pang mga proyekto at programang nagsisilbi sa publiko, na binuo nang may pampublikong suhestiyon bilang bahagi ng Plano sa Pamumuhunan sa Pampublikong Daanan. Ang Lupon ng mga Komisyonado ng Daungan ang magkakaroon ng tanging awtoridad na tukuyin ang halagang ilalaan bawat taon.
- Hilingin sa lahat ng aplikante sa paupa, ekstensiyon sa paupa, o susog sa paupa, o anumang iminungkahing pagpapaunlad ng ari-arian sa loob ng Distrito ng Daungan na nangangailangan ng Pahintulot sa Pagpapaunlad ng Baybayin, na magsumite ng pagsusuri sa epekto sa lakas-paggawa na nagbibigay ng tantiyang epekto ng lakas-paggawa kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, potensiyal na epekto sa trabaho na nauugnay sa lugar at ang tantiyang epekto sa ekonomiya sa mas malawak na rehiyon ng Los Angeles sa lawak na nalalaman. Ang maliliit na negosyo at mga organisasyong hindi pangkalakal, gaya ng tinukoy ng Lupon ng mga Komisyonado ng Daungan, ay maaaring hindi isama sa pagbibigay ng pagsusuri sa epekto sa ekonomiya.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA PAMPANGASIWAAN NG LUNGSOD

Binabago ng panukalang ito ang Saligang-batas ng Lungsod gaya ng sumusunod:

Haba ng Pag-upa - Pinalalawig ang pinakamataas na termino ng pag-upa para sa Mga Paliparan ng Los Angeles at Kagawaran ng Tubig at Enerhiya mula 50 hanggang 66 na taon, na inihahanay ang mga ito sa Kagawaran ng Daungan. Ang pagsusog na ito ay walang kinalaman sa gastos.

Komposisyon ng Lupon ng Paliparan – Dinadagdagan ang representasyon ng lokal na paninirahan mula isa hanggang tatlong miyembro at isa hanggang dalawang miyembro para sa mga lugar na nakapalibot sa paliparan ng LAX at Van Nuys, ayon sa pagkakabanggit. Ang pagsusog na ito ay walang kinalaman sa gastos.

Plano ng Pamumuhunan sa Pag-access ng Publiko sa Daungan (PAIP) - Isinasaad dito ang taunang kasanayan ng Kagawaran ng Daungan na maglaan ng 10 porsyento ng kita sa pagpapatakbo nito sa PAIP para sa mga proyekto at programa sa tabing-dagat. Ang makasaysayang taunang alokasyon sa PAIP ay humigit-kumulang $28.6 milyon.

Mga Epekto sa Lakas-Paggawa - Inaatasan ang lahat ng aplikante na humihingi ng mga pag-apruba, pagpapalawig, susog, o mga Pahintulot sa Pagpapaunlad ng Baybayin ng Distrito ng Daungan na magsumite ng isang pagsisiwalat ng epekto sa lakas-paggawa na pinondohan ng sarili na nagtatasa ng mga epekto sa ekonomiya at trabaho sa rehiyon. Ang pagsusog na ito ay walang kinalaman sa gastos.

PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRT

BUMOTO NG OO SA PANUKALA PRT para palakasin ang representasyon ng komunidad, protektahan ang mga lokal na pamumuhunan, at matiyak ang higit na pananagutan mula sa mga kagawarang pinamamahalaan ng Los Angeles.

Mula sa Silangang Los Angeles hanggang sa Kanlurang Bahagi, mula sa Daungan hanggang sa Lambak, ang representasyon ay lubhang mahalaga sa mga komunidad na aming pinaglilingkuran–at lalo na sa mga nakatira at nagtatrabaho sa tabi ng aming mga paliparan at tabing-dagat.

Tinitiyak ng Panukala PRT na may mas malakas na boses sa mga lokal na desisyon ang mga komunidad na pinakanaapektuhan ng mga operasyon ng paliparan. Sa pamamagitan ng pagpapataas ng bilang ng mga Komisyonado ng Paliparan na kumakatawan sa heograpiya mula dalawa tungong lima, nagbibigay ang panukala na ito sa mga residenteng naapektuhan ng ingay, trapiko, at pagsisikip ng sasakyang panghimpapawid ng direktang representasyon na nararapat sa kanila sa Komisyonado ng Paliparan.

Sa Daungan ng Los Angeles, inaalala ng Panukalang PRT ang mahahalagang umiiral na pangako sa Saligang-batas ng Lungsod. Itinatakda nito ang mga kinakailangan para isaalang-alang at ibunyag kung paano maaaring makaapekto ang mga pag-upa at kasunduan sa mga lokal na trabaho at sa ating mga manggagawa, na tinitiyak na mananatiling bahagi ng proseso ng paggawa ng desisyon ng publiko ang mga kahihinatnang iyon. Pinoprotektahan din nito ang pangako ng Daungan sa pamumuhunan sa pampublikong aksesibilidad sa tabing-dagat sa pamamagitan ng pagkokodigo ng mga umiiral na plano sa pamumuhunan sa Saligang-batas. Nakakatulong ang mga pamumuhunang ito na matiyak na patuloy na makibahagi ang mga komunidad na nagho-host ng isa sa mga pinakaabalang daungan sa bansa sa mga benepisyo ng ating gumaganang tabing-dagat.

Ginawang makabago rin ng Panukala PRT ang awtoridad sa pagpapaupa para sa Kagawaran ng Tubig at Enerhiya at sa mga Pandaigdig na Paliparan ng Los Angeles, na nagbibigay ng higit na kakayahang umangkop para sa responsableng pangmatagalang pamumuhunan at kritikal na imprastraktura habang pinapanatili ang pampublikong pangangasiwa.

Malaki ang naiaambag ng mga komunidad na siyang nagho-host ng ating mga paliparan at operasyon sa daungan sa Los Angeles. Karapat-dapat sila sa representasyon, pagiging bukas, at pangmatagalang pangako sa lokal na pamumuhunan.

BUMOTO NG OO SA PANUKALA PRT–mula Silangang Los Angeles hanggang Kalurang Bahagi, mula Daungan hanggang Valley, mahalaga ang representasyon at pananagutan ng komunidad.

MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS PRT

TIM MCOSKER
Miyembro ng Konseho, Distrito 15
City of LA

TRACI PARK
Miyembro ng Konseho, Distrito 11
City of LA

PAULA GEREZ
Presidente
Westchester/Playa Neighborhood Council

IMELDA PADILLA
Miyembro ng Konseho, Distrito 6
City of LA

GINA MARTINEZ
Tagapagtaguyod ng Komunidad ng Wilmington

DAVID YANOWITZ
Tagapagtaguyod ng Komunidad ng Van Nuys

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA NA ITO ANG NAISUMITE.

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga bagong probisyon o wikang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga umiiral na seksiyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring salangguhit; ang mga salitang tinanggal mula sa Saligang-batas o mula sa mga umiiral na seksiyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa uring ~~strikeout~~.

PROPOSISYON PRT
(MGA KAGAWARAN NG MGA PALIPARAN, HARBOR, AT TUBIG AT ENERHIYA NG LUNGSOD)

TEKSTO NG IMINUNGKAHING PANUKALA SA BALOTA

Seksiyon 1. Sinusugan ang subseksiyon (a) ng Seksiyon 607 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga limitasyon sa prangkisa sa Proprietary Department, konsesyon, permit, lisensiya, at paupa, para maisaad gaya ng sumusunod:

(a) **Haba**. Ang termino ay hindi dapat lumagpas sa 30 taon o sa terminong tinukoy ng naaangkop na batas pederal o estado, alinman ang mas mababa. Kung ang Konseho ay makagawa ng desisyon kung saan ang isang terminong mas mahaba sa 30 taon ay para sa pinakamabuting interes ng Lungsod, ang Konseho ay maaaring, sa pamamagitan ng dalawang-katlong boto, napapailalim sa beto ng Alkalde, o tatlong-kapat na boto laban sa beto ng Alkalde, pahihintulutan ang ~~isang termino hanggang 50 taon para sa Kagawaran ng Paliparan at Kagawaran ng Tubig at Enerhiya at~~ isang termino hanggang 66 na taon para sa Kagawaran ng mga Paliparan, Kagawaran ng Harbor, at sa Kagawaran ng Tubig at Enerhiya, o ang pinakamataas na panahong pinahihintulutan ng anumang batas pederal o pang-estado, alinman ang mas mababa.

Sek. 2. Sinusugan ang subseksiyon (a) at (b) ng Seksiyon 630 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga kapangyarihan at tungkulin ng Lupon ng mga Komisyoner ng Paliparan, para maisaad gaya ng sumusunod:

Ang Lupon ng mga Komisyoner sa Paliparan ay dapat binubuo ng limang miyembro na hihirangin at aalisin gaya ng nakasaad sa Seksiyon 502. Hindi bababa sa tatlong miyembro ~~isang miyembro~~ ay dapat na naninirahan sa loob ng lugar na nakapalibot sa Los Angeles International Airport at hindi bababa sa dalawang miyembro, ~~isang miyembro~~ ay dapat na naninirahan sa loob ng lugar na nakapalibot sa Van Nuys Airport, gaya ng tinukoy ng ordinansa sa mga lugar na iyon. Maaaring higit pang hatiin ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa, ang mga lugar na nakapalibot sa Los Angeles International Airport at Van Nuys Airport sa mga subarea, na nagtatatag ng mga kinakailangan sa paninirahan bilang komisyoner sa mga subarea na iyon.

Sek. 3. Idinagdag ang bagong Subseksiyon (d) sa Seksiyon 651 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, kaugnay ng pagmamay-ari, pamamahala, at kontrol sa mga pag-aari ng Kagawaran ng Harbor, para maisaad gaya ng sumusunod:

(d) **Plano sa Pamumuhunan sa Pampublikong Daanan**. Ang Lupon ng mga Komisyoner ng Harbor ay dapat maglaan taon-taon ng isang bahagi ng kita sa pagpapatakbo ng Kagawaran ng Harbor upang mamuhunan sa mga proyektong kaugnay ng pampublikong daanan sa tabing-dagat, at iba pang mga proyekto at programang nagsisilbi sa publiko, na binuo nang may input ng publiko bilang bahagi ng isang Plano sa Pamumuhunan sa Pampublikong Daanan. Ang Lupon ng mga Komisyoner ng Harbor ang magkakaroon ng tanging awtoridad na tukuyin ang naaangkop na halagang ilalaan sa Plano sa Pamumuhunan sa Pampublikong Daanan bawat taon ng pananalapi, na naaayon sa mga tungkulin nitong katiwala sa ilalim ng mga seksiyon 6005, 6009.1, at 6306 ng California Public Resources Code at iba pang naaangkop na batas.

Sek. 4. Idinagdag ang bagong Subseksiyon (g) sa Seksiyon 652 ng Saligang-batas ng Lungsod ng Los Angeles, kaugnay ng Lupon ng mga Komisyoner ng Harbor, para maisaad gaya ng sumusunod:

Sek. 652. Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Lupon.

Ang lupon ay dapat magkaroon ng kapangyarihan at tungkulin sa:

(a) **Mga Panuntunan at Regulasyon**. Gumawa at magpatupad ng lahat ng kinakailangang tuntunin at regulasyon sa pagpapanatili, operasyon, at paggamit ng Distrito ng Harbor, at magpataw ng mga parusa para sa paglabag sa mga tuntunin at regulasyong iyon.

(b) **Trapiko sa Harbor**. Ayusin at kontrolin ang pagpipiloto, pag-angkla, pagduong, paghila, at pagdiskarga ng lahat ng sasakyang-dagat at sasakyang-pantubig sa Distrito ng Harbor.

(k) **Kontrol sa mga Pasilidad ng Harbor**. Ayusin at kontrolin ang konstruksiyon, pagpapanatili, operasyon, at paggamit ng anumang riles ng tren, pantalan, bodega, o iba pang pasilidad, utility, estruktura, o pagpapabuti na ginagamit kaugnay ng Distrito ng Harbor.

(d) **Paghukay**. Ayusin at kontrolin ang lahat ng pagpapalalim ng lupa, pagbabalik ng lupa, at paghuhukay sa Distrito ng Harbor.

(e) **Mga Bayarin**. Magtakda at mangolekta ng mga bayarin para sa paggamit ng mga Ari-arian ng Harbor, pagpapalipad at paghihila, at anumang iba pang serbisyong ibinibigay ng departamento.

(f) **Pagpapaunlad ng Distrito ng Harbor**. Kunin, ilaan, itayo, panatilihin, at patakbuhin ang lahat ng mga pagpapabuti, kagamitan, estruktura, sasakyang-dagat, pasilidad, at serbisyo para sa mga Layuning Pangkagawaran at kumuha at tumanggap, sa pamamagitan ng pagbili, pag-upa, pagkondena, o iba pa, sa ngalan ng Lungsod, ng anumang ari-arian, tunay o personal, o anumang interes doon, at italaga ang lugar para sa anumang pampublikong gusali, estruktura o pasilidad sa Distrito ng Harbor. Ang kapangyarihan ng pagkondena ay magagamit lamang kapag may pag-apruba ng Konseho.

(g) **Mga Epekto sa Lakas-Paggawa**. Hilingin sa lahat ng aplikante sa paupa, ekstensiyon sa paupa, o susog sa paupa, o anumang iminungkahing pagpapaunlad ng ari-arian sa loob ng Distrito ng Harbor na nangangailangan ng Coastal Development Permit, na magsumite ng isang pagsusuri sa epekto sa lakas-paggawa na nagbibigay ng tantiyang epekto ng lakas-paggawa kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, potensiyal na epekto sa trabaho na nauugnay sa lugar at ang tantiyang epekto sa ekonomiya sa mas malawak na rehiyon ng Los Angeles sa lawak na nalalaman. Ang maliliit na negosyo at mga organisasyong hindi pangkalakal, gaya ng tinukoy ng Lupon ng mga Komisyoner ng Harbor, ay maaaring hindi isama sa pagbibigay ng pagsusuri sa epekto sa ekonomiya. Dapat isaalang-alang ng Lupon ng mga Komisyoner ng Harbor ang mga paghahayag na isinumite ng isang aplikante sa ilalim ng subseksiyong ito na naaayon sa mga tungkulin ng Lupon bilang katiwala sa ilalim ng mga seksiyon 6005, 6009.1, at 6306 ng California Public Resources Code at iba pang naaangkop na batas.

Sek. 5. Pagkakahiwalay. Kung ang anumang seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, o aplikasyon ng ordinansang ito o anumang bahagi nito ay ituring na labag sa konstitusyon o hindi wasto ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahang panghurisdiksiyon, ang natitirang mga seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon ng ordinansa ay mananatiling may ganap na bisa at epekto, at para rito, ang mga probisyon ng ordinansang ito ay maaaring paghiwalayin. Bukod pa rito, idinedeklara ng mga botante na naipasa nawa nila ang lahat ng seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, at aplikasyon ng ordinansang ito nang wala ang seksiyon, subseksiyon, sugnay, pangungusap, parirala, bahagi, o aplikasyon na ipinasiyang labag sa konstitusyon o hindi wasto.

FD

PAGPONDO PARA SA KAGAWARAN NG BUMBERO NG LOS ANGELES SA PAMAMAGITAN NG KALAHATING PORSYENTO NG BUWIS SA BENTA. INISYATIBONG ORDINANSA FD.

Dapat bang pagtibayin ang isang ordinansa na nagbibigay ng pondo para sa Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles, kabilang ang pagkuha ng mga bumbero, paramediko, at iba pang kawani, pagbili at pagpapanatili ng mga sasakyan at kagamitan, pagtatayo at pag-upgrade ng mga istasyon ng bumbero, at paglilinis ng mga palumpong; sa pamamagitan ng pagpapataw ng kalahating porsyento (0.5%) na buwis sa benta sa Lungsod ng Los Angeles; na may taunang mga pag-awdit at isang komite na pangangasiwaan ng mamamayan; na bubuo ng humigit-kumulang $345 milyon taun-taon hanggang sa wakasan ng mga botante?

WALANG-PINAPANIGANG PAGSASABUOD
NI SHARON M. TSO, PUNONG MANUNURI NG BATAS

Ang inisyatibong ito sa balota na itinataguyod ng mga mamamayan, kung maaprubahan, ay mag-aatas sa Lungsod na pagtibayin ang isang ordinansa upang mag pataw ng bagong kalahating porsyento (0.5%) na buwis sa mga transaksiyon sa tingian at paggamit (Buwis sa Pagbebenta) sa Lungsod ng Los Angeles. Ang mga malilikom na pondo mula sa bagong Buwis sa Pagbebenta na ito ay gagamitin upang magbigay ng karagdagang pondo para sa Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles (LAFD). Ang kasalukuyang rate ng Buwis sa Pagbebenta ng Lungsod ay 10.25%. Mananatili ang bagong buwis na ito maliban kung ipawalang-bisa ng mga botante, o kung hindi matutugunan ang mga obligasyon sa badyet ng Lungsod, gaya ng tinukoy sa inisyatibo.

Sa kasalukuyan, ang LAFD ay pangunahing pinopondohan sa pamamagitan ng Pangkalahatang Pondo ng Lungsod. Ang Pangkalahatang Pondo ang pangunahing pondo para sa pagpapatakbo ng Lungsod, at tumatanggap ng mga kita mula sa iba't ibang buwis, permiso, bayarin, multa at iba pang mga mapagkukunan na magagamit para sa mga maingat na paggamit. Limitado ang mga mapagkukunan ng Pangkalahatang Pondo at ginagamit upang pondohan ang karamihan sa mga kagawaran ng Lungsod na nagbibigay ng mga pampublikong serbisyo.

Kung mapagtibay, ang karagdagang kita ay idedeposito sa isang bagong Espesyal na Pondo. Ang mga pondong ito ay gagamitin para sa mga layuning partikular sa LAFD, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Pagkuha at pagpapanatili ng mga bumbero, paramediko, at sibilyang kawani ng LAFD;
- Pagbili at pagpapanatili ng mga sasakyan upang suportahan ang mga pangangailangan sa pag-apula ng bumbero at pagsagip, tulad ng mga trak ng bumbero, mga sasakyang panghimpapawid, mga ambulansya, at mga helikopter;
- Pagbili at pagpapanatili ng mga kagamitan upang suportahan ang mga serbisyo sa pag-apula ng sunog at pagsagip;
- Pagpapalit, pag-upgrade o pagtatayo ng mga bagong istasyon ng bumbero at mga pasilidad ng serbisyong medikal para sa emerhensya, na ang pagtatayo ay sasailalim sa mga kasunduan sa paggawa ng proyekto at mga umiiral na kinakailangan sa sahod;
- Pagbili at pagpapanatili ng mga sistema ng komunikasyon para sa mga emerhensiya; at
- Pagpapabuti ng paglilinis ng mga palumpong at paghahanda sa sunog sa kagubatan.

Upang makolekta ang buwis na ito, kinakailangang panatilihin ng Lungsod ang maingat na pagbabadyet ng LAFD sa pamantayang porsyentong nakasaad para sa sampung taon bago ang petsa ng pagkakabisa ng ordinansa. Magtatatag din ang hakbang na ito ng isang Komite ng Pangangasiwa ng mga Mamamayan

(COC) upang subaybayan ang paggasta ng kitang nalilikha ng Buwis sa Pagbebenta na ito. Ang COC ay bubuuin ng limang miyembro, na bubuuin mula sa mga residente ng Lungsod. Ang Alkalde, Hepe ng Bumbero, Kontroler ng Lungsod, Opisyal na Tagapangasiwa ng Lungsod at ang Tagapangulo ng Komite sa Kaligtasan ng Publiko ng Konseho ng Lungsod ay magkakaroon ng awtoridad na magtalaga ng isang miyembro sa COC. Aatasan ang COC na repasuhin ang mga gastusin at mag-isyu ng mga ulat sa Alkalde, Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero, Konseho ng Lungsod at sa publiko nang hindi bababa sa isang taon.

Ang awtoridad ng Konseho ng Lungsod na amyendahan ang ordinansa nang walang pag-apruba ng botante ay limitado sa mga pagsusog na mahigpit na kinakailangan upang ipatupad o pangasiwaan ang ordinansa; hindi binabago ang rate o tagal ng buwis sa pagbebenta; o isinusulong ang layunin ng ordinansa. Anumang mga pagsusog na sinimulan ng Konseho ay mangangailangan ng pag-apruba ng dalawang-katlo ng Konseho pagkatapos ng 30-araw na pampublikong abiso.

Ang kalahating porsyentong buwis sa pagbebenta na iminungkahi ng inisyatibong ito ay ipapataw humigit-kumulang 110 araw pagkatapos ng pag-apruba ng botante.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA TAGAPANGASIWA NG LUNGSOD

Ang hakbang na ito ay nagpapataas sa buwis sa pagbebenta ng Lungsod ng 0.5 porsyento (mula 10.25 patungong 10.75 porsyento). Nakakabuo ito ng humigit-kumulang $345 milyon taun-taon para sa isang espesyal na pondong eksklusibong nakatuon sa pagsuporta sa operasyon at mga serbisyo ng Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles (LAFD), kabilang ang mga pangunahing tungkulin nito: pagkuha at pagpapanatili ng mga tauhan; pagbili at pagpapanatili ng mga sasakyan at kagamitan sa pag-apula ng sunog; pagtatayo ng mga bago at pagpapahusay ng mga umiiral na istasyon ng bumbero; at, pagpapahusay ng kahandaan sa sunog at pamamahala ng mga palumpong. Ang mga kita at gastusin ay susubaybayan ng isang komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan at ia-awdit taun-taon. Ang hakbang ay nangangailangan ng “pagpapanatili ng pagsisikap” kung saan dapat pondohan ng Lungsod ang LAFD sa isang basehang antasl na katumbas ng pamanmtayang porsyento ng kabuuang maingat na pagpopondo sa LAFD sa loob ng sampung taon ng pananalapi bago ang petsa ng pagpapatupad ng hakbang. Kung hindi matugunan ang antas ng pagpopondo na ito, hindi maaaring ipataw ang buwis sa taong pananalapi na iyon.

PANGANGATWIRANG PANIG SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

Sa tuwing tatawag ka sa 911, inaasahan mong naroon kami. Ganoon din kami.

Bilang mga Bumbero at Paramediko ng Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles, inialay namin ang aming buhay sa pagprotekta sa lungsod na ito. Tumutugon kami sa inyong pinakamasasamang araw: mga sunog sa bahay, atake sa puso, aksidente sa sasakyan, insidente ng mapanganib na materyales, pagsagip, at patuloy na mapaminsalang mga sunog sa kagubatan. Mahalaga ang bawat segundo at maaaring mangahulugan ng pagkakaiba sa pagitan ng buhay at kamatayan.

Pero sa ngayon, dahil sa kakulangan ng mga bumbero, paramediko, kagamitan, at mga mapagkukunan, halos doble na ng dapat na oras ang inaabot namin para makarating sa oras ng emerhensya. Kapag naantala tayo, alam natin kung ano ang maaaring mangyari. Nasaksihan na natin ang paglaki ng apoy nang hindi na makontrol, lumaban para iligtas ang mga pasyenteng bumababa ang tsansang mabuhay sa bawat minutong lumilipas, at nakisama sa mga pamilya dahil alam nating ang mas mabilis na pagtugon ay maaaring nakapagpabago sana ng kinalabasan.

Para malaman kung makakarating sa iyo ang Bumbero at Paramediko ng LAFD (Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles) sa oras, bisitahin ang FundLAFire.com.

Matapos ang ilang dekada ng kapabayaan, hindi na natin mapagkakatiwalaan ang Munisipyol para ayusin ang LAFD. Kaya naman isinulat ng Bumbero at Paramediko ng LAFD ang Panukala FD: para matiyak ang mas mabilis na pagtugon sa emerhensya ng 911, maiwasan ang mga sunog sa kagubatan, at protektahan ang ating mga komunidad.

Mga Oras ng Pagtugon sa Emerhensya ng 911

Mahigit 80% ng lahat ng tawag sa LAFD 911 ay mga medikal na emerhensya, tulad ng atake sa puso, stroke, at aksidente sa sasakyan. Ang pambansang pamantayan para sa pagdating ng paramediko sa medikal na emerhensya ay apat na minuto; sa Los Angeles, madalas ay halos doble nito ang inaabot na oras.

Kapag ang isang tao ay nasa paghinto ng puso, mayroon lamang silang 4-6 na minuto bago magkaroon ng hindi na maibabalik na pinsala sa utak. Ang mga karagdagang minutong ito dahil sa kakulangan ng mga kawani ay humahantong sa mga kalunus-lunos na kinalabasan na patuloy nating dinadala sa ating kalooban. Kaya nga namin isinulat ang Panukala FD.

Papayagan ng Panukala FD ang LAFD na kumuha ng mas maraming paramediko at babawasan ang oras ng pagtugon sa emerhensya ng 911.

Proteksyon sa Sunog sa Kagubatan

Ang panganib ng sunog sa kagubatan sa Los Angeles ay nasa pinakamataas na antas sa lahat ng panahon. Mahalaga ang Panukala FD upang mabawasan ang panganib na ito: madaragdagan nito ang pondo para sa mga programa ng kagawaran para sa paglilinis ng mga tuyong halaman at pag-iwas sa mga sunog sa kagubatan habang ginagawang moderno ang mga helikopter na ginagamit sa pagbuhos ng tubig, kumukuha ng mga espesyal na sasakyang panghimpapawid, at nagbibigay ng mga kinakailangang bumbero upang labanan ang mga sunog na ito.

Mga Mapagkukunan ng 1965 LAFD para sa Lungsod sa 2026

Mula noong 1965, ang populasyon ng LA ay tumaas ng mahigit 50%; walang pagtaas sa mga bumbero o paramediko, at ang lungsod ay may mas kaunting mga istasyon ng bumbero sa mga kapitbahayan ngayon, kaya imposibleng tumugon nang epektibo sa 500,000 taunang tawag para sa serbisyo.

Sa pamamagitan ng Panukala FD, makakakuha ang LAFD ng hindi bababa sa 1,000 karagdagang bumbero at paramediko para makarating kami sa oras kung kailan ninyo kami pinakakailangan.

Lahat ng Pondong Nakalaan sa LAFD

Ang Panukala FD ay nagbibigay ng nakalaang mapagkukunan ng pondong kontrolado sa lokal na antas, kung saan kinakailangang 100% ng mga pondo ay ilaan sa mga pangunahing serbisyo ng LAFD at hindi maaaring ilihis para sa anumang ibang layunin.

Napakahalaga ng pondong ito dahil ginagamit natin ang lahat ng ating mapagkukunan: paglipat mula sa emerhensya patungo sa susunod nang walang tigil, pagpapadala ng mga makina sa buong bayan dahil ang mga pinakamalapit ay handa na, at pagkukulang sa mga ambulansya dahil ang pangangailangan ay higit pa sa tauhan - lahat habang ang ating mga istasyon at kagamitan ay patuloy na lumuluma.

Saan napupunta ang mga pondo ng buwis ng Panukala FD?

Ayon sa batas, 100% ng pera ay mapupunta sa mga pangunahing serbisyo ng LAFD, kabilang ang pagrerekrut at pagpapanatili ng mga kwalipikadong bumbero at paramediko, pagpapataas ng mga programa sa paglilinis ng mga palumpong at pag-iwas sa sunog sa kagubatan, at pagbibigay sa mga bumbero ng mga pinakabagong kagamitan. Ideposito ito sa nakalaang pondong may mahigpit na proteksyon, at legal na ipinagbabawal sa mga politiko sa Munisipyo na ilipat kahit isang dolyar nito sa ibang paggagamitan.

Paano naiiba ang Panukala FD sa iba pang mga panukala sa buwis sa Los Angeles?

Dahil iba ang pagkakabuo ng Panukala FD. Lumilikha ito ng iisa, naka-lock na pondo na puwede lamang gastusin sa mga tauhan, sasakyan, kagamitan, at istasyon ng LAFD. Nangangailangan ito ng pagsisiwalat ng pampublikong paggastos, mga independiyenteng taunang pag-awdit, at minomonitor ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan. Walang kalabuan kung saan mapupunta ang pera, dahil hindi pinahihintulutan ng ordinansa na ilihis ito para sa anumang ibang layunin.

Pinipigilan ba ng Panukala FD ang Munisipyo sa pagputol ng kasalukuyang pondo ng LAFD?

Ipinagbabawal ng Panukala FD ang mga pulitiko at burukrata ng lungsod na ilipat o ilihis ang anumang kasalukuyang pondo ng LAFD. Kasama sa Panukala FD ang kinakailangan sa Pagpapanatili ng Pagsisikap: dapat ipagpatuloy ng Lungsod ang pagpopondo sa LAFD nang hindi bababa sa karaniwang bahagi ng pondong maaaring ilaan ayon sa pagpapasya sa nakalipas na sampung taon. Kung hindi mapanatili ng Lungsod ang itinakdang batayang halaga ng pagpopondo, hindi ito maaaring legal na maningil ng bagong buwis sa taong iyon. Ang pondong ito ay dapat magdagdag, hindi pumalit, sa mga kasalukuyang mapagkukunan ng LAFD.

Magkano ang magagastos ng mga nagbabayad ng buwis sa Panukala FD?

Ang Panukala FD ay kalahating sentimo na buwis sa pagbebenta: limang sentimo sa $10 na binili. Ang limang sentimong iyon ay nangangahulugang mas mabilis na darating ang tulong kapag tumawag sa 911 ang taong mahal mo.

Anong mga partikular na programa at kagamitan ng LAFD ang pinopondohan ng Panukala FD?

Pagkuha ng karagdagang mga bumbero at paramediko para mabawasan ang oras ng pagtugon sa emergensya ng 911 at mapalawak ang paglilinis sa mga palumpong at pag-iwas sa sunog sa kagubatan. Noong 2025, ang mga sunog sa kagubatan ay nagkakahalaga ng daan-daang milyong dolyar sa mga nagbabayad ng buwis sa LA sa mga nasirang imprastraktura, kagamitan, pagtugon sa emerhensya, at nawalang kita; mas mura ang pagpigil sa sunog sa kagubatan kaysa sa pagbangon mula sa sunog. Pinahihintulutan din ng Panukala ang LAFD na matugunan ang pambansang pamantayan sa bilang ng mga tauhan isaayos at gawing makabago ang mga himpilan ng bumbero, maglaan ng mga kagamitang pamprotekta tulad ng damit na lumalaban sa sunog at mga radyo, at gawing moderno ang teknolohiya ng ating komunikasyon sa 911.

May kasamang maipatutupad na pananagutan ang Panukala FD na direktang nakapaloob sa batas: mga independiyenteng awdit, pampublikong pag-uulat, at pangangasiwa ng mga mamamayan, para malaman ng mga nagbabayad ng buwis kung paano eksaktong ginagastos ang bawat dolyar. Kaya sinusuportahan ng inyong mga lokal na bumbero at paramediko, doktor sa silid pang-emerhensya, at may-ari ng maliliit na negosyo ang Panukala FD.

Bawat taon na naghihintay tayo ay isa na namang taon ng mga oras ng pagtugon na halos doble sa pambansang pamantayan, isa na namang taon ng mga bumbero at paramediko na nagsisikap na matugunan ang pangangailangan ng lungsod na ilang dekada nang lumampas sa kapasidad ng kanilang serbisyo. Lumago na ang LA. Panahon na para gawin din ito ng LAFD.

Sa Los Angeles, hindi na tanong kung tatawag ka sa 911 para sa isang taong mahal mo - ang tanong ay kung kailan ka tatawag.

Kapag bumoto ka ng oo sa Panukala FD, namumuhunan ka sa isang bagay na inaasahan ng bawat residente, napagtanto man nila ito ngayon o hindi, dahil balang araw, ang buhay na ating inililigtas ay maaaring maging iyo.

Samahan ang Bumbero at Paramediko ng LAFD, ang Kapisanan ng mga Punong Opisyal ng LAFD, Propesyonal na Bumbero ng California, at ang Pandaigdigang Kapisanan ng mga Bumbero sa pagboto ng OO sa Panukala FD.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang FundLAFire.com.

MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA INISYATIBO ORDINANSANG FD

DOUG COATES
Presidente
United Firefighters of LA City

ERIC GONZALEZ
Bumbero
LAFD, Pacific Palisades

LEON DUNN
Kapitan
LAFD, Skid Row

GERARDO PUGA
Kapitan
LAFD, Panorama City

KIMBERLY HERRING
Bumbero/Paramediko
LAFD, South Los Angeles

JAIME MOORE
Hepe ng Bumbero
Los Angeles Fire Department

OMAR VELASQUEZ
Bumbero/Paramediko
LAFD, Boyle Heights

DAVID RILES
Kapitan
LAFD, Chatsworth

MIRANDA MCOSKER
Bumbero
LAFD, Lincoln Heights

CHRIS MIYASATO
Bumbero
LAFD, Echo Park

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

ANG PANUKALA FD AY PAGTAAS NG BUWIS SA BENTA. ITINATAAS NITO ANG BUWIS SA BENTA SA 10.75%

Kung maipasa ang Panukala FD, **Itataas nito ang buwis sa pagbebenta sa Lungsod ng Los Angeles sa 10.75%**. Ito ang magiging ikatlong pagtaas ng buwis sa pagbebenta sa loob ng dalawang taon matapos ang pagtaas ng buwis sa pagbebenta ng county para sa kawalan ng tirahan (Panukala A noong 2024) at pangangalagang pangkalusugan (Panukala ER noong Hunyo). Tinatayang $345 milyon bawat taon ang magiging gastos ng Panukala FD para sa mga nagbabayad ng buwis. Kung hahatiin sa populasyon ng L.A. na humigit-kumulang 4 milyon, katumbas ito ng mahigit $86 bawat tao bawat taon. sa mga karagdagang buwis sa pagbebenta, **$345 para sa isang pamilyang may apat na miyembro**. Bawat taon.

ANG PAGTAAS NA ITO NG BUWIS AY ISANG INISYATIBONG ORDINANSA NA GINAMIT PARA MALUSUTAN ANG BUTAS.

Nakasaad sa konstitusyon ng estado na ang mga espesyal na buwis, kung saan ang pera ay inilaan para sa isang partikular na layunin, ay nangangailangan ng dalawang-katlong boto – 66.67% – para maipasa. Gayunman, kamakailan ay nagpasya ang mga korte na ang espesyal na buwis ay nangangailangan ng mas kaunting boto — 50% dagdag ang isa — kung inilagay ito sa balota sa pamamagitan ng inisyatibo ng mga mamamayan. Ang mga nagsusulong ng pagtaas ng buwis na ito ang mismong sumulat nito, nagpasya kung saan mapupunta ang pera, nangolekta ng mga pirma, at maaari na ngayong itaas ang buwis sa pagbebenta nang hindi nangangailangan ng dalawang-katlong boto. **Hindi tama na pinadali ng mga korte ang pagtataas ng buwis.**

ISASARA ANG LEGAL NA BUTAS NA ITO KUNG IPAPASA NG MGA BOTANTE ANG PROPOSISYON 43 SA NOBYEMBRE.

Ang Inisyatibong Ordinansa FD ay espesyal na buwis na maaaring makalusot sa legal na butas para maipasa gamit ang mas kaunting boto kaysa sa 66.67% na hinihingi ng konstitusyon. Kung maipasa ng mga botante ang Proposisyon 43 sa Nobyembre, ang butas ay isasara sa Enero 1 at lahat ng mga espesyal na buwis sa hinaharap ay mangangailangan ng dalawang-katlong boto para maipasa.

DAPAT GANAP NA PONDOHAN NG MGA LIDER NG LUNGSOD ANG KAGAWARAN NG BUMBERO NANG WALANG PAGTAAS NG BUWIS.

Sa taon ng badyet 2025-26, ang kabuuang kita ng lungsod mula sa Pangkalahatang Pondo ay mahigit $8.1 bilyon. Bakit kailangan ang pagtaas ng buwis sa pagbebenta para mabayaran ang mga pinakamahalagang serbisyo ng lungsod? Ano ang nasa badyet na mas priyoridad kaysa sa ganap na pagpopondo sa Kagawaran ng Bumbero?

ANG PROBLEMA SA KAWALAN NG TIRAHAN AY NAGDUDULOT NG DAGDAG NA PASANIN SA MGA MAPAGKUKUNAN NG KAGAWARAN NG BUMBERO; DAPAT ITONG MASALAMIN SA BADYET.

Noong 2025-26, gumastos ang lungsod ng humigit-kumulang $350 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo para sa mga walang tirahan. Iyon ay halos sangkatlo lamang ng kabuuang badyet ng lungsod para sa kawalan ng tirahan, na humigit-kumulang $1 bilyon. Dahil sa bilang ng mga sunog na may kaugnayan sa mga kampo ng mga walang tirahan, maaaring gastusin ng lungsod ang bahagi ng badyet para sa mga walang tirahan para ganap na pondohan ang Kagawaran ng Bumbero, nang walang pagtaas ng buwis.

BAKIT MAS BINIBIGYANG-PRIYORIDAD ANG MULING PAGMOMODELO NG SENTRO NG KOMBENSYON KAYSA SA KAGAWARAN NG BUMBERO?

Sa isang liham na may petsang Setyembre 18, 2025, para sa Konseho ng Lungsod, nagbabala ang Kontroler ng Lungsod na ang $2.7 bilyong pagpapahusay sa Sentro ng Kombensyon ay mangangailangan ng "karagdagang tinatayang $116 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo bawat taon sa susunod na 28 taon...." Iyan ay $116 milyon bawat taon na puwede sanang gamitin para kumuha ng mga bumbero.

MASYADO NANG MATAGAL ANG MGA BUWIS SA BENTA, BUMOTO NG HINDI SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

Sapat na ang binabayaran mong buwis. Nagsasayang ng pera ang lungsod. **Bumoto ng hindi sa Panukala FD**.

MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

HOWARD JARVIS TAXPAYERS ASSOCIATION
Jon Coupal
Presidente

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

PANGANGATWIRANG LABAN SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

BUMOTO NG HINDI SA INISYATIBONG ORDINANSA FD. ITINATAAS NITO ANG BUWIS SA PAGBEBENTA SA 10.75%

Simula ika-1 ng Oktubre, ang buwis sa pagbebenta sa lungsod ng Los Angeles ay 10.25%. Kung maipasa ang INISYATIBONG ORDINANSA FD, ang buwis sa pagbebenta sa L.A. ay magiging **10.75%**. Ito ang magiging ikatlong pagtaas ng buwis sa pagbebenta sa loob ng dalawang taon para sa mga residente ng lungsod ng Los Angeles, kasunod ng mga pagtaas ng buwis sa pagbebenta ng county para sa kawalan ng tirahan (Panukala A noong 2024) at pangangalagang pangkalusugan (Panukala ER noong Hunyo).

SINUSUBUKAN NG INISYATIBONG ORDINANSA FD NA MAKALUSOT SA PAMAMAGITAN NG ISANG BUTAS SA BATAS NA MAAARING ISARA NG MGA BOTANTE

Iniaatas ng Konstitusyon ng California na ang mga espesyal na buwis (kapag ang pera ay inilaan para sa isang espesyal na layunin) ay dapat aprubahan ng dalawang-katlo ng mga botante upang maipasa. Gayunpaman, simula noong 2017, ang mga korte ng estado ay nakagawa ng butas sa mahalagang proteksyong ito ng Proposisyon 13. Pinahintulutan ng mga hukom na maipasa ang ilang nakatakdang buwis sa pamamagitan ng mas kaunting boto kung ang mga ito ay inilagay sa balota sa pamamagitan ng pangangalap ng mga lagda sa mga petisyon. Maaaring isara ng mga botante ang butas na ito sa pamamagitan ng Proposisyon 43 sa balota sa Nobyembre, na magpapanumbalik sa kinakailangang dalawang-katlong boto upang maipasa ang mga espesyal na buwis. Ang Proposisyon 43 ay magkakabisa sa Enero, 2027. Ang pagtaas ng buwis sa pagbebenta sa ilalim ng INISYATIBONG ORDINANSA FD ay susubok na samantalahin ang butas na ito upang iwasan ang kinakailangang dalawang-katlong boto.

DAPAT GANAP NA PONDOHAN NG MGA LIDER NG LUNGSOD ANG KAGAWARAN NG BUMBERO NANG WALANG PAGTAAS NG BUWIS

Ang INISYATIBONG ORDINANSA FD ay isang **pagtaas ng buwis sa pagbebenta** upang makalikom ng humigit-kumulang $345 milyon taun-taon para sa Kagawaran ng Bumbero. Sa taon ng badyet 2025-26, ang kabuuang kita ng lungsod mula sa Pangkalahatang Pondo ay mahigit $8.1 bilyon. Bakit ang pagtaas ng buwis sa pagbebenta ang tanging paraan upang mabayaran ang mahalagang serbisyong ito? Ano ang nasa badyet na mas prayoridad kaysa sa ganap na pagpopondo sa Kagawaran ng Bumbero?

PINAPABIGAT NG KAWALAN NG TIRAHAN ANG MGA YAMANG NAKALAAN SA KAGAWARAN NG BUMBERO; DAPAT MAIPAKITA ITO SA BADYET

Noong 2025-26, gumastos ang lungsod ng humigit-kumulang $350 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo para sa mga walang tirahan. Iyon ay halos sangkatlo lamang ng kabuuang badyet ng lungsod para sa kawalan ng tirahan, na humigit-kumulang $1 bilyon. Dahil sa dami ng mga sunog na may kaugnayan sa mga kampamento ng mga taong walang tirahan, nararapat lamang na itanong kung ang malaking bahagi ng paggasta mula sa Pangkalahatang Pondo para sa kawalan ng tirahan ay dapat na ilaan sa halip sa Kagawaran ng Bumbero, nang walang pagtaas ng buwis.

MAPANGANIB ANG MGA PRAYORIDAD NG LUNGSOD SA PAGGASTA

Sa isang liham noong ika-18 ng Setyembre, 2025 sa Konseho ng Lungsod, nagbabala ang Tagakontrol ng Lungsod laban sa pag-apruba ng $2.7 bilyong pagpapahusay ng Sentro ng Kumbensyon. “Kung maisasakatuparan ang planong ito, inaasahang mangangailangan ang Lungsod ng karagdagang pamantayan na $116 milyon mula sa Pangkalahatang Pondo bawat taon sa susunod na 28 taon, simula sa [Taon ng Pananalapi] 2029. Ang $116 milyon ay katumbas ng halos 1,000 trabaho sa Lungsod,” isinulat ng kontroler. Tinapos niya ang kanyang liham sa pagsasabing, “hangga't hindi lubos na mababago ng Lungsod ang paraan ng paghawak nito sa pananalapi at patuloy na hindi sapat ang pagpopondo sa mga serbisyo ng Lungsod para

sa halos apat na milyong residente, hindi namin mairerekomenda ang pagsasagawa ng proyektong ito sa ngayon." Gayunman, inaprubahan pa rin ng Konseho ng Lungsod ang magastos na proyektong ito. Iyan ay $116 milyon kada taon na maaaring nagamit sana sa pagkuha ng mga bumbero.

MATAAS NA MASYADO ANG MGA BUWIS SA PAGBEBENTA, LAMPAS NA SA ITINAKDANG LIMITASYON SA BATAS NG ESTADO

Nililimitahan ng batas ng California ang mga lokal na buwis sa pagbebenta sa kabuuang 2% bukod pa sa 7.25% na buwis sa pagbebenta ng estado. Gayunman, regular na nagpapasa ang mga mambabatas ng estado ng mga bagong batas upang hindi mapasailalim sa limitasyon ang mga bago at mas mataas na buwis sa pagbebenta. Ang mahalagang proteksiyong ito para sa mga nagbabayad ng buwis ay halos tuluyang nawalan ng saysay. Ang mga buwis sa pagbebenta ay nagiging mas mabigat na pasanin sa mga taga-California na kahit papaano ay kayang bayaran ang mas matataas na presyo.

BUMOTO NG HINDI SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

Huwag hayaang makalusot ang pamahalaang lungsod sa pag-aaksaya ng perang dapat sana'y ginastos sa mga pangunahing prayoridad. Walang mas mataas na prayoridad kaysa sa pagbibigay ng buong pondo para sa mga unang rumeresponde sa mga emerhensiya. Bumoto ng HINDI sa ORDINANSANG INISYATIBO FD at sabihin sa mga lider ng lungsod na ituwid ang kanilang mga prayoridad.

MGA TAONG LUMAGDA SA PANGANGATWIRANG LABAN SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

HOWARD JARVIS TAXPAYERS ASSOCIATION
Jon Coupal
Presidente

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

Tama ang mga kalaban sa isang bagay: Dapat pondohan nang buo ng Munisipyo ang Kagawaran ng Bumbero. Sumasang-ayon kami. Bilang mga Bumbero at Paramediko ng LAFD (Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles), ilang dekada na naming ipinaglalaban ang puntong iyon sa Munisipyo, sa ilalim ng mga mayor at konseho ng iba't ibang paninindigang pampulitika. Hindi ito nangyayari kailanman.

Mula noong dekada 1960, lumago ang Los Angeles nang mahigit 50%, mahigit 1.4 milyong residente ang nadagdagan, habang ang bilang ng mga bumbero ay hindi man lang lumago, at mas kaunti na ang mga istasyon ng bumbero sa mga kapitbahayan ngayon kaysa noon. Hindi iyon isang taon lamang na hindi naging maayos ang badyet. Iyan ay mahigit 60 taon nang pagtanggi ng Munisipyo na gawing priyoridad ang LAFD. Ang paghihintay sa mga pulitiko na "maitama ang kanilang mga priyoridad" ay isang planong nasubukan na natin. Namatay ang mga tao habang naghihintay.

Kaya naman isinulat ng mga Bumbero at Paramediko ng LAFD (Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles) ang Panukala FD at kung bakit ang mga botante, hindi ang mga pulitiko, ang naglagay nito sa balota.

Nauunawaan din namin na mataas ang halaga ng pamumuhay. Nagbabayad din kami ng buwis. Kaya nga ang Panukala FD ay kalahating sentimo: ang limang sentimo sa bawat $10 na pagbili. Kahit na maipasa ang Panukala FD, mas mababa pa rin ang antas ng buwis ng Lungsod ng LA kumpara sa ating mga karatig-bayan sa Long Beach, Santa Monica, Pasadena, Burbank, at karamihan sa mga lungsod ng LA County.

Ang limang sentimo na iyon ay nakapagbibigay ng isang bagay na hindi naipagkaloob ng anumang badyet ng Lungsod sa loob ng maraming henerasyon. Hindi bababa sa 1,000 karagdagang bumbero at paramediko, mas mabilis na pagresponde sa 911, at tunay na pag-iwas sa sunog sa kagubatan: paglilinis ng mga palumpong at mga modernong helikopter na nagpapababa ng tubig.

Mahigit 80% ng mga tawag sa LAFD ay mga medikal na emerhensya, at ngayon ay halos doble ang inaabot ng pambansang apat na minutong pamantayan para makontak ka ng paramediko. Sa cardiac arrest, ang pinsala sa utak ay nagsisimula sa loob ng 4 hanggang 6 na minuto. Walang iniaalok na anumang panukala ang mga kalaban para ayusin iyon.

Nagbabala ang mga kalaban na nagsasayang ang Lungsod ng pera sa ibang mga priyoridad. Muli, sumasang-ayon kami. Kaya nga isinulat namin ang Panukala FD - kaya walang kahit isang sentimo ang maaaring galawin ng Munisipyo. Ayon sa batas, 100% ng mga pondo ay mapupunta sa isang nakalaang account na hindi maaaring gamitin para sa ibang layunin at maaari lamang gastusin para sa mga bumbero at paramediko ng LAFD, kagamitan, at mga istasyon. Ipatutupad ito sa pamamagitan ng mga independiyenteng taunang awdit at pampublikong pagsisiwalat ng mga gastusin. At kasama sa Panukala FD ang garantiya ng Pagpapanatili ng Pagsisikap: Kung babawasan ng Munisipyo ang kasalukuyang bahagi ng badyet ng LAFD, legal na ipinagbabawal dito ang pagkolekta ng buwis na ito.

Hindi maaaring gamitin ng mga pulitiko ang perang ito sa ibang bagay. Iyan ay higit na pananagutan kaysa sa naibigay kailanman ng mismong proseso ng pagbabadyet ng Lungsod, at iyan ang dahilan kung bakit ang tunay na pagtutol ng mga kumokontra ay laban sa Munisipyo, hindi sa inyong mga bumbero.

Sinasabi ng mga kalaban na sabihin sa mga lider ng lungsod na ituwid ang kanilang mga priyoridad. Sinabi na namin sa kanila sa loob ng 60 taon. Ngayon, ikaw naman ang dapat makinig.

Balang araw, TATAWAG KAYO sa 911 - dahil sa sunog, aksidente, o medikal na emerhensya na kinasasangkutan mo o ng isang taong mahal mo. Kapag dumating ang araw na iyon, kailangan mo kami agad doon. Wala nang iba pang mahalaga. Makakatulong sa atin ang Panukala FD na makarating doon nang mas mabilis.

Bumoto ng OO sa Panukala FD.

MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA INISYATIBONG ORDINANSA FD

BRENT KNEISLER
Inspektor
LAFD Brush Clearance & Wildfire Prevention

TANYA CRABBE
Presidente
Los Angeles Women in the Fire Service

MARK MCLEAN
Bumbero
LAFD, San Pedro

ANGELO PITILLO
Bumbero/Paramediko
LAFD, West Adams

DAVID RILES
Kapitan
LAFD, Chatsworth

LUCIA LIMA
Bumbero
LAFD, Watts

JAVIER HONLES
Kapitan
LAFD, Encino

GARY IZQUIERDO
Bumbero/Paramediko
LAFD, Hollywood

KYLE CAWDREY
Bumbero
LAFD, Pico-Robertson

FERNANDO PIZANO
Bumbero
LAFD, North Hollywood

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa kawastuhan ng anumang ahensya ng Lungsod. Bukod pa rito, ang titulo sa ilalim ng pangalan ng pumirma ay para lamang sa pagkakakilanlan at hindi nagpapahiwatig na ang indibidwal ay pumipirma sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga bagong probisyon o wikang idinagdag sa Kodigong Munisipal o sa mga umiiral na seksyon ng Kodigong Munisipal ay ipinapakita sa uring salungguhit; ang mga salitang tinanggal mula sa Kodigong Munisipal o mula sa mga umiiral na seksyon ng Kodigong Munisipal ay ipinapakita sa uring ~~strikeout~~.

ORDINANSA NG INISYATIBO FD

PAGPONDO PARA SA KAGAWARAN NG BUMBERO NG LOS ANGELES SA PAMAMAGITAN NG KALAHATING PORSYENTONG BUWIS SA PAGBEBENTA. ORDINANSA NG INISYATIBO.

Ang iminungkahing ordinansa ay magpapataw ng karagdagang kalahating porsyento (0.5%) na buwis sa pagbebenta sa Lungsod ng Los Angeles. Ang mga nalikom sa buwis ay gagamitin upang magbigay ng karagdagang pondo na nakalaan upang suportahan ang Kagawaran ng Bumbero ng Los Angeles (LAFD), kabilang ang para sa: pagkuha ng mga bumbero, paramediko, at iba pang kawani; pagbili at pagpapanatili ng mga sasakyan at kagamitan; pagtatayo at pagpapahusay ng mga istasyon ng bumbero at iba pang pasilidad; at paglilinis ng mga palumpong. Nakasaad sa ordinansa na ang layunin nito ay dagdagan, hindi palitan, ang kasalukuyang pondo ng Lungsod para sa LAFD, na ang karagdagang pondo ay pananatilihin sa isang hiwalay na akawnt para sa eksklusibong layuning iyon, at ang buwis ay hindi ipapataw kung mabibigo ang Lungsod na mapanatili ang pondo ng LAFD sa mga makasaysayang antas ng badyet. Ang ordinansa ay mangangailangan ng mga taunang pag-awdit at magtatatag ng isang komite ng pangangasiwa ng mamamayan upang subaybayan at iulat ang mga gastos ng mga kita sa buwis. Itatakda ng ordinansa na ang mga proyekto sa pagtatayo at pagpapalit ng istasyon ng bumbero na tumatanggap ng pondo mula sa buwis na ito ay sumailalim sa isang kasunduan sa pagitan ng mga proyekto at paggawa at sumunod sa mga umiiral na kinakailangan sa sahod.

TEKSTO NG IMINUMUNGKAHING ORDINANSA NG INISYATIBO

ORDINANSA BLG._____

Isang ordinansang iminungkahi sa pamamagitan ng petisyon ng inisyatiba upang idagdag ang Artikulo 1.20 sa Kabanata II ng Kodigo Munisipal ng Los Angeles, na nagtatatag ng "Ordinansa ng Paghahanda at Pagtugon sa Sunog at Emerhensya ng Los Angeles."

IPINAG-AATAS NG MGA MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG LOS ANGELES ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. Pangalan

Ang hakbang na ito ay kikilalanin bilang "Ordinansa ng Paghahanda at Pagtugon sa Sunog at Emerhensya ng Los Angeles."

SEKSYON 2. Ang Artikulo 1.20 ay idinaragdag sa Kabanata II ng Kodigong Munisipal ng Los Angeles upang mabasa:

Sek. 21.20.1 - Pamagat.

Ang artikulong ito ay kikilalanin bilang “Ordinansa ng Paghahanda at Pagtugon sa Sunog at Emerhensya ng Los Angeles” (ang “Ordinansa”). Ang Lungsod ng Los Angeles mula rito ay tatawaging "Lungsod." Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang Kagawaran ng Bumbero ng Lungsod ng Los Angeles, na tatawaging “LAFD” mula rito. Ang Ordinansang ito ay ilalapat sa teritoryong sakop ng Lungsod.

Sek. 21.20.2 - Layunin.

Ang Ordinansang ito ay pinagtibay upang makamit ang mga sumusunod, bukod sa iba pang mga layunin, at nag-uutos na ang mga probisyon nito ay bigyang-kahulugan upang maisakatuparan ang mga layuning iyon:

A. Upang magtatag ng karagdagang mapagkukunan ng pondo para sa LAFD para sa mga layunin at gamit na nakasaad sa Ordinansang ito.

B. Upang magpataw ng buwis sa mga transaksyong tingian at paggamit alinsunod sa mga probisyon ng Bahagi 1.6 (simula sa Seksyon 7251) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at Seksyon 7285.91 ng Bahagi 1.7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, na nagpapahintulot sa Lungsod ng Los Angeles ("Lungsod") na pagtibayin ang ordinansa sa buwis na ito sa kondisyon na ang mayorya ng mga botanteng bumoto sa panukala ay boboto upang aprubahan ang pagpapataw ng buwis sa isang halalan.

C. Ang ordinansang ito ay karagdagang pinagtibay sa ilalim ng awtoridad ng Lungsod na namamahala sa sariling bayan bilang isang saligang-batas ng lungsod (Cal. Konstitusyon, sining. XI, § 5), na nagpapahintulot sa pagbubuwis sa munisipyo para sa mga lokal na layunin na naaayon sa naaangkop na batas.

D. Upang magpatibay ng isang ordinansa sa buwis sa mga transaksyon at paggamit ng tingian na nagsasama ng mga probisyong kapareho ng nasa Batas sa Buwis sa Pagbebenta at Paggamit ng Estado ng California hangga't ang mga probisyong iyon ay hindi salungat sa mga kinakailangan at limitasyon na nakapaloob sa Bahagi 1.6 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

E. Upang magpatibay ng isang ordinansa sa buwis para sa mga transaksyon sa tingian at paggamit na nagpapataw ng buwis at nagbibigay ng isang hakbang para dito na maaaring pangasiwaan at kolektahin ng Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California sa ngalan ng Lungsod sa paraang lubos na umaangkop sa sarili hangga't maaari, at nangangailangan ng pinakamaliit na posibleng paglihis mula sa, umiiral na mga pamamaraang ayon sa batas at administratibo na sinusunod ng Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California sa pangangasiwa at pangongolekta ng Mga Buwis sa Pagbebenta at Paggamit ng Estado ng California.

F. Upang magpatibay ng isang ordinansa sa buwis para sa mga transaksyon at paggamit ng tingian na maaaring pangasiwaan sa paraang, sa pinakamataas na antas na posible, ay naaayon sa mga probisyon ng Bahagi 1.6 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, bawasan ang gastos sa pagkolekta ng mga transaksyon at buwis sa paggamit, at kasabay nito, bawasan ang pasanin ng pagtatala ng mga taong napapailalim sa pagbubuwis sa ilalim ng mga probisyon ng Ordinansang ito.

G. Upang matiyak na ang mga kitang nalilikha ng Ordinansang ito ay gagamitin lamang para sa mga layunin at gamit na inaprubahan ng mga botante, na naaayon sa Saligang-batas ng Lungsod, sa Konstitusyon ng California, at sa naaangkop na batas, at ang mga naturang kita ay sasailalim sa taunang independiyenteng pag-awdit at pangangasiwa.

Sek. 21.20.3 - Kontrata sa Estado.

Bago ang petsa ng pagpapatupad, ang Lungsod ay makikipagkontrata sa Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California upang isagawa ang lahat ng tungkuling may kaugnayan sa pangangasiwa at pagpapatakbo ng ordinansang ito tungkol sa buwis sa paggamit at transaksyon; sa kondisyon na kung ang Lungsod ay hindi nakipagkontrata sa Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California bago

ang petsa ng pagpapatupad, makikipagkontrata pa rin ito at sa ganitong kaso, ang petsa ng pagpapatupad ay ang unang araw ng unang quarter ng kalendaryo kasunod ng pagpapatupad ng naturang kontrata.

Sek. 21.20.4 - Antas ng buwis sa mga transaksyon.

Para sa pribilehiyong magbenta ng nasasalat na personal na ari-arian sa tingian, isang buwis ang ipinapataw sa lahat ng nagtitingi sa teritoryo ng Lungsod sa antas na 0.50 porsyento (0.50%) ng kabuuang kita ng sinumang nagtitingi mula sa pagbebenta ng lahat ng nasasalat na personal na ari-arian na ibinebenta sa tingian sa nasabing teritoryo sa at pagkatapos ng petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito.

Sek. 21.20.5 - Lugar ng pagbebenta.

Para sa mga layunin ng Ordinansang ito, lahat ng benta sa tingian ay isinasagawa sa lugar ng negosyo ng nagre-retail maliban kung ang nasasalat na personal na ari-arian na naibenta ay inihatid ng nagre-retail o ng kanyang ahente sa isang destinasyon sa labas ng estado o sa isang karaniwang tagapagdala para sa paghahatid sa isang destinasyon sa labas ng estado. Ang kabuuang kita mula sa mga naturang pagbebenta ay dapat kasama ang mga singil sa paghahatid, kapag ang mga naturang singil ay napapailalim sa buwis sa pagbebenta at paggamit ng estado, saanman ginawa ang paghahatid. Kung sakaling ang isang nagre-retail ay walang permanenteng lugar ng negosyo sa Estado o mayroong higit sa isang lugar ng negosyo, ang lugar o mga lugar kung saan isinasagawa ang mga tingiang pagbebenta ay dapat matukoy sa ilalim ng mga patakaran at regulasyon na itatakda at pagtibayin ng Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California.

Sek. 21.20.6 - Gamitin ang antas ng buwis.

Isang buwis sa pagkonsumo ang ipinapataw sa pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo sa Lungsod ng nasasalat na personal na ari-arian na binili mula sa sinumang nagre-retail sa at pagkatapos ng petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito para sa pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo sa nasabing teritoryo sa antas na 0.50 porsyento (0.50%) ng presyo ng pagbebenta ng ari-arian. Kasama sa presyo ng pagbebenta ang mga singil sa paghahatid kapag ang mga naturang singil ay napapailalim sa buwis sa pagbebenta o paggamit ng estado anuman ang lugar kung saan ginawa ang paghahatid.

Sek. 21.20.7 - Pagpapatibay ng mga probisyon ng batas ng Estado.

Maliban kung may ibang itinadhana sa Ordinansang ito at maliban kung ang mga ito ay hindi naaayon sa mga probisyon ng Bahagi 1.6 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, lahat ng mga probisyon ng Bahagi 1 (simula sa Seksyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay pinagtitibay at ginagawang bahagi ng Ordinansang ito na parang ganap na nakasaad dito.

Sek. 21.20.8 - Mga limitasyon sa pagpapatibay ng batas ng Estado at pangongolekta ng mga buwis sa paggamit.

Sa pagpapatibay ng mga probisyon ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis:

A. Saanman ipinangalan o tinutukoy ang Estado ng California bilang ahensiya ng pagbubuwis, ang pangalan ng Lungsod na ito ang ipapalit dito. Gayunpaman, ang pagpapalit ay hindi gagawin kapag:

   1. Ang salitang "Estado" ay ginagamit bilang bahagi ng titulo ng Kontroler ng Estado, Ingat-yaman ng Estado, Kabahayan ng Estado o ng Konstitusyon ng Estado ng California;

   2. Ang resulta ng pagpapalit na iyon ay mangangailangan ng aksyon na gagawin ng o laban sa Lungsod na ito o sa anumang ahensya, opisyal, o empleyado nito sa halip na ng o laban sa Kagawaran ng Pangangasiwa ng Buwis at Bayarin ng California, sa pagsasagawa ng mga tungkuling nauugnay sa administrasyon o pagpapatakbo ng Ordinansang ito.

3. Sa mga seksyong iyon, kabilang ang, ngunit hindi kinakailangang limitado sa mga seksyong tumutukoy sa mga panlabas na hangganan ng Estado ng California, kung saan ang resulta ng pagpapalit ay magiging:

a. Magbigay ng eksempsyon mula sa buwis na ito kaugnay ng ilang pagbebenta, pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo ng nasasalat na personal na ari-arian na hindi sana magiging eksempsyon mula sa buwis na ito habang ang mga naturang pagbebenta, pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo ay nananatiling napapailalim sa buwis ng Estado sa ilalim ng mga probisyon ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, o;

b. Ipataw ang buwis na ito kaugnay ng ilang pagbebenta, pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo ng nasasalat na personal na ari-arian na hindi sasailalim sa buwis ng estado sa ilalim ng nasabing probisyon ng kodigo na iyon.

4. Kaugnay ng mga Seksyon 6701, 6702 (maliban sa huling pangungusap nito), 6711, 6715, 6737, 6797 o 6828 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.

B. Ang salitang "lungsod" ay ipapalit sa salitang "estado" sa pariralang "nagre-retail na nakikibahagi sa negosyo sa estadong ito" sa Seksyon 6203 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at sa kahulugan ng pariralang iyon sa Seksyon 6203.

1. Ang "isang nagre-retail na nakikibahagi sa negosyo sa distrito" ay dapat ding kabilang ang anumang nagre-retail na, sa nakaraang taon ng kalendaryo o sa kasalukuyang taon ng kalendaryo, ay may kabuuang pinagsamang benta ng nasasalat na personal na ari-arian sa estadong ito o para sa paghahatid sa Estado ng nagre-retail at lahat ng taong may kaugnayan sa nagre-retail na lumampas sa $500,000.00. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang isang tao ay kamag-anak ng ibang tao kung ang parehong tao ay kamag-anak sa isa't isa alinsunod sa Seksyon 267(b) ng Titulo 26 ng Kodigo ng Estados Unidos at mga regulasyon sa ilalim nito.

Sek. 21.20.9 - Hindi kinakailangan ang permiso.

Kung ang permiso ng nagbebenta ay inisyu sa isang nagre-retail sa ilalim ng Seksyon 6067 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang karagdagang permiso ng transaksyon ay hindi kakailanganin ng Ordinansang ito.

Sek. 21.20.10 - Mga eksempsiyon at pagbubukod.

A. Hindi isasama sa panukalang buwis sa mga transaksyon at buwis sa paggamit ang halaga ng anumang buwis sa pagbebenta o buwis sa paggamit na ipinataw ng Estado ng California o ng anumang lungsod, lungsod at kondado, o kondado alinsunod sa Batas sa Pantay na Lokal Buwis sa Pagbebenta at Paggamit ng Bradley-Burns o ang halaga ng anumang buwis sa transaksyon o paggamit na pinangangasiwaan ng estado.

B. Hindi kasama sa pagkalkula ng halaga ng mga transaksyon ang kabuuang kita mula sa:

1. Pagbebenta ng nasasalat na personal na ari-arian, maliban sa gasolina o mga produktong petrolyo, sa mga nagpapatakbo ng sasakyang panghimpapawid na gagamitin o kukunin pangunahin sa labas ng kondado kung saan ginawa ang pagbebenta at direkta at eksklusibo sa paggamit ng naturang sasakyang panghimpapawid bilang mga karaniwang tagapagdala ng mga tao o ari-arian sa ilalim ng awtoridad ng mga batas ng Estadong ito, ng Estados Unidos, o anumang dayuhang pamahalaan.

2. Pagbebenta ng ari-arian na gagamitin sa labas ng Lungsod na ipapadala sa isang lugar sa labas ng Lungsod, alinsunod sa kontrata ng pagbebenta, sa pamamagitan ng paghahatid

sa naturang lugar ng nagre-retail o ng kanyang ahente, o sa pamamagitan ng paghahatid ng nagre-retail sa isang tagapagdala para sa pagpapadala sa isang tagatanggap sa naturang lugar. Para sa mga layunin ng talatang ito, ang paghahatid sa isang lugar sa labas ng Lungsod ay dapat matugunan ang:

a. Tungkol sa mga sasakyan (maliban sa mga sasakyang pangkomersyo) na napapailalim sa pagppaparehistro alinsunod sa Kabanata 1 (simula sa Seksyon 4000) ng Dibisyon 3 ng Kodigo ng Sasakyan, mga sasakyang panghimpapawid na may lisensya alinsunod sa Seksyon 21411 ng Kodigo ng Pampublikong Utilidad, at mga sasakyang-dagat na walang dokumento na nakarehistro sa ilalim ng Dibisyon 3.5 (simula sa Seksyon 9840) ng Kodigo ng Sasakyan sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa isang adres sa labas ng Lungsod at sa pamamagitan ng isang deklarasyon sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na nilagdaan ng mamimili, na nagsasaad na ang naturang adres ay, sa katunayan, ang kanyang pangunahing lugar ng tirahan; at

b. Tungkol sa mga sasakyang pangkomersyo, sa pamamagitan ng pagpaparehistro sa isang lugar ng negosyo sa labas ng Lungsod at deklarasyon sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na nilagdaan ng mamimili, na ang sasakyan ay patatakbuhin mula sa adres na iyon.

3. Ang pagbebenta ng nasasalat na personal na ari-arian kung ang nagbebenta ay obligadong magbigay ng ari-arian sa isang takdang presyo alinsunod sa isang kontratang pinasok bago ang petsa ng pagkakabisa ng Ordinansang ito.

4. Isang pagpa-upa ng nasasalat na personal na ari-arian na isang patuloy na pagbebenta ng naturang ari-arian, para sa anumang tagal ng panahon kung saan ang nagpapaupa ay obligado na paupahan ang ari-arian sa halagang itinakda ng pag-upa bago ang petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito.

5. Para sa mga layunin ng mga talata (3) at (4) ng subseksyon na ito, ang pagbebenta o pagpa-upa ng nasasalat na personal na ari-arian ay ituturing na hindi obligado alinsunod sa isang kontrata o pagpa-upa para sa anumang panahon kung saan ang sinumang partido sa kontrata o pagpa-upa ay may walang kundisyong karapatan na wakasan ang kontrata o pagpa-upa sa sandaling maabisuhan, ginagamit man o hindi ang naturang karapatan.

C. May mga hindi sakop ng buwis sa paggamit na ipinapataw ng Ordinansang ito, ang pag-iimbak, paggamit o iba pang pagkonsumo sa Lungsod na ito ng nasasalat na personal na ari-arian:

1. Ang kabuuang kita mula sa pagbebenta nito ay napapailalim sa buwis sa mga transaksyon sa ilalim ng anumang ordinansa sa buwis sa paggamit at transaksyon na pinangangasiwaan ng estado.

2. Maliban sa mga produktong panggatong o petrolyo na binili ng mga nagpapatakbo ng sasakyang panghimpapawid at ginamit o kinokonsumo ng mga naturang nagpapatakbo nang direkta at eksklusibo sa paggamit ng naturang sasakyang panghimpapawid bilang mga karaniwang tagapagdala ng mga tao o ari-arian para sa pag-upa o kabayaran sa ilalim ng isang sertipiko ng pampublikong kaginhawahan at pangangailangan na inisyu alinsunod sa mga batas ng Estadong ito, ng Estados Unidos, o anumang dayuhang pamahalaan. Ang eksempsyon na ito ay karagdagan sa mga eksempsyon na nakasaad sa Seksyon 6366 at 6366.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ng Estado ng California.

3. Kung ang mamimili ay obligadong bilhin ang ari-arian sa isang takdang presyo alinsunod sa isang kontratang pinasok bago ang petsa ng pagkakabisa ng Ordinansang ito.

4. Kung ang pagmamay-ari, o ang paggamit ng anumang karapatan o kapangyarihan sa, nasasalat na personal na ari-arian ay nagmumula sa ilalim ng isang pag-upa na isang patuloy na pagbili ng naturang ari-arian sa anumang panahon kung saan ang nangungupahan ay obligado na paupahan ang ari-arian sa halagang itinakda ng isang pag-upa bago ang petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito.

5. Para sa mga layunin ng mga talata (3) at (4) ng subseksyon na ito, ang pag-iimbak, paggamit, o iba pang pagkonsumo, o pagmamay-ari, o paggamit ng anumang karapatan o kapangyarihan sa, nasasalat na personal na ari-arian ay ituturing na hindi obligado alinsunod sa isang kontrata o pag-upa para sa anumang panahon kung saan ang sinumang partido sa kontrata o pag-upa ay may walang kundisyong karapatan na wakasan ang kontrata o pag-upa sa sandaling maabisuhan, ginagamit man o hindi ang naturang karapatan.

6. Maliban sa nakasaad sa talata (7), ang isang nagre-retail na nagnenegosyo sa Lungsod ay hindi kinakailangang mangolekta ng buwis sa paggamit mula sa bumibili ng nasasalat na personal na ari-arian, maliban na lang kung ang nagre-retail ay nagpapadala o naghahatid ng ari-arian sa Lungsod o nakikilahok sa loob ng Lungsod sa pagbebenta ng ari-arian, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, paghingi o pagtanggap ng order, direkta man o hindi direkta, sa isang lugar ng negosyo ng nagre-retail sa Lungsod o sa pamamagitan ng sinumang kinatawan, ahente, tagapangalap, tagapagsolicit, subsidiaryo, o tao sa Lungsod sa ilalim ng awtoridad ng nagre-retail.

7. Ang "isang nagre-retail na nakikibahagi sa negosyo sa Lungsod" ay dapat ding kabilang ang sinumang nagre-retail ng alinman sa mga sumusunod: mga sasakyang napapailalim sa rehistrasyon alinsunod sa Kabanata 1 (simula sa Seksyon 4000) ng Dibisyon 3 ng Kodigo ng Sasakyan, mga sasakyang panghimpapawid na may lisensya alinsunod sa Seksyon 21411 ng Kodigo ng Pampublikong Utilidad, o mga sasakyang-dagat na walang dokumento na nakarehistro sa ilalim ng Dibisyon 3.5 (simula sa Seksyon 9840) ng Kodigo ng Sasakyan. Ang nagre-retail na iyon ay kinakailangang mangolekta ng buwis sa pagamit mula sa sinumang mamimili na nagrehistro o naglilisensya ng sasakyan, barko, o sasakyang panghimpapawid sa isang adres sa Lungsod.

D. Sinumang taong napapailalim sa buwis sa paggamit sa ilalim ng Ordinansang ito ay maaaring magkredito laban sa buwis na iyon ng anumang buwis sa transaksyon o pagre-imburse para sa buwis sa transaksyon na binayaran sa isang distrito na nagpapataw, o nagre-retail na mananagot para sa, isang buwis sa transaksyon alinsunod sa Bahagi 1.6 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis kaugnay ng pagbebenta sa tao ng ari-arian na ang imbakan, paggamit o iba pang pagkonsumo ay napapailalim sa buwis sa paggamit.

Sek. 21.20.11 - Mga Pagsusog.

Lahat ng mga pagsusog kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng Ordinansang ito sa Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis na may kaugnayan sa mga buwis sa pagbebenta at paggamit at hindi sumasalungat sa Bahagi 1.6 at Bahagi 1.7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, at lahat ng mga pagsusog sa Bahagi 1.6 at Bahagi 1.7 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Kita at Pagbubuwis, ay awtomatikong magiging bahagi ng Ordinansang ito, gayunpaman, sa kondisyon na walang ganitong pagsusog ang kikilos upang makaapekto sa antas ng buwis na ipinapataw ng Ordinansang ito.

Sek. 21.20.12 - Ipinagbabawal ang pag-uutos ng pangongolekta.

Walang kautusan, utos mula sa hukuman, o anumang legal o patas na proses ang ihahayag sa anumang demanda, aksyon, o paglilitis sa alinmang hukuman laban sa Estado o sa Lungsod, o laban sa anumang opisyal ng Estado o ng Lungsod, upang pigilan o ipagbawal ang pagkolekta sa ilalim ng Ordinansang ito, o

ng Bahagi 1.6 ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Buwis, ng anumang buwis o anumang halaga ng buwis na kinakailangang kolektahin.

Sek. 21.20.13 – Layunin at gamit ng buwis.

A. Ang layunin ng espesyal na buwis na pinahihintulutan ng Ordinansang ito ay upang magbigay ng suporta sa pagpopondo para sa LAFD. Ang lahat ng kitang nalilikha ng espesyal na buwis ay gagamitin para sa mga layuning sumusuporta sa mga pangunahing tungkulin ng LAFD, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga prayoridad na ito: pagkuha at pagpapanatili ng sapat na mga bumbero at paramediko at sibilyang kawani ng LAFD upang matugunan ang mga pangangailangan sa kaligtasan/pagsagip sa sunog ng Lungsod; pagbili at pagpapanatili ng mga sasakyan upang suportahan ang mga pangangailangan sa pag-apula ng sunog at pagsagip, tulad ng mga trak ng bumbero, mga sasakyang pangbumbero, mga ambulansya, mga sasakyang panghimpapawid, at mga helikopter; pagbili at pagpapanatili ng mga kagamitan upang suportahan ang mga serbisyo sa pag-apula ng sunog at pagsagip; upang palitan, i-upgrade, at bumuo ng mga karagdagang istasyon ng bumbero at mga pasilidad ng EMS upang matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa serbisyo; pagbili at pagpapanatili ng mga sistema ng komunikasyon sa emerhensya; at pagpapabuti ng paglilinis ng mga palumpong at kahandaan sa sunog sa kagubatan.

B. Ang lahat ng nalikom mula sa buwis na ipinapataw at ipinag-uutos dito ay idedeposito sa isang espesyal na pondo o akawnt at gagamitin lamang para sa mga layuning pinahihintulutan ng Ordinansang ito. Ang mga hindi nagastos na balanse ay mananatili sa pondo o kuwenta at patuloy na magagamit para sa mga awtorisadong paggamit sa mga susunod na taon ng pananalapi hanggang sa ganap na magastos.

Sek. 21.20.14 - Komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan.

A. Itinatag ang Komite. Sa pamamagitan nito ay itinatatag sa Lungsod ang isang komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan upang subaybayan ang mga gastusin ng kitang nakolekta alinsunod sa Ordinansang ito lamang at magbibigay ng mga ulat sa mga tao, sa Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero, sa Konseho ng Lungsod, at sa Alkalde.

B. Pagpili ng mga Miyembro. Ang komite ay dapat bubuuin ng limang miyembro. Isang miyembro ng komite ang hihirangin ng bawat isa sa mga sumusunod na opisyal: (1) ang Alkalde, (2) ang Pinuno ng Bumbero ng LAFD, (3) Kontroler ng Lungsod, (4) Opisyal ng Administratibo ng Lungsod, at (5) ang Tagapangulo ng Komite sa Kaligtasan ng Publiko ng Konseho ng Lungsod. Ang mga miyembro ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ay dapat residente ng Lungsod at hindi dapat kasalukuyang empleyado, opisyal, kontratista, o tagapagtustos ng Lungsod. Ang mga dating empleyado, opisyal, o tagapagtustos ay maaaring maglingkod sa komite, sa kondisyon na walang mga salungatan ng interes na napagpasyahan ng Abogado ng Lungsod.

Sa mga miyembro ng komite na unang hinirang, ang mga miyembrong hinirang ng Alkalde, ng Hepe ng Bumbero ng LAFD, ng Kontroler ng Lungsod, ng Opisyal ng Administratibo ng Lungsod at ng Tagapangulo ng Komite sa Kaligtasan ng Publiko ng Konseho ng Lungsod ay hihirangin para sa mga terminong tatlong taon. Walang miyembro ang maaaring maglingkod nang higit sa dalawang magkasunod na termino.

C. Layunin at Hurisdiksyon. Rerepasuhin ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ang mga gastusin ng kita na nakolekta alinsunod sa Ordinansang ito upang matukoy lamang kung ang mga naturang pondo ay ginagastos para sa mga layuning tinukoy sa Seksyon 21.20.13 at maglalabas ng mga ulat tungkol sa kanilang mga natuklasan sa Alkalde, Konseho ng Lungsod, Lupon ng mga Komisyoner ng Bumbero, at publiko nang hindi bababa sa isang taon. Maaari ring repasuhin ng mga miyembro ng komite ang mga taunang pinansyal o pag-awdit ng pagganap na isinasagawa ng

isang independiyenteng awditor. Ang komite ay dapat na maglimita sa pangangasiwa nito partikular sa mga kitang nalilikha sa ilalim ng Ordinansang ito. Ang kitang nalilikha sa pamamagitan ng ibang mga pinagkukunan ay dapat na nasa labas ng hurisdiksyon ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan.

Upang mapanatili ang integridad at kalayaan ng proseso ng pangangasiwa, ang mga miyembro ng komite ay hindi gaganap ng pormal na tungkulin sa pagkontrata, pamamahala ng proyekto, o anumang iba pang aspeto ng pamamahala o pagpopondo ng LAFD.

Ang komite ay hindi inaatasan sa paggawa ng desisyon sa mga prayoridad sa paggastos, iskedyul, detalye ng proyekto, mga desisyon sa pinagmumulan ng pondo, mga plano sa pagpopondo, o mga pagpapalagay sa antas ng buwis. Ang komite ay magsisilbi lamang sa tungkuling tagapayo. Ang komite ay walang hurisdiksyon maliban sa itinalaga rito alinsunod sa Ordinansang ito.

Ang Alkalde o ang kanyang itinalaga ay magbibigay ng anumang makatwirang tulong administratibo o teknikal na kinakailangan ng komite upang matupad ang mga responsibilidad nito o mailathala ang mga natuklasan nito.

D. Mga pagpupulong. Ang komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ay magpupulong nang tatlong beses bawat taon ng pananalapi (o ayon sa ibang itinadhana sa mga inaprubahan o pagsusog na batas) na may mga tiyak na petsa ng pagpupulong na itatakda ng mga miyembro ng komite. Ang mga pagpupulong ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ay napapailalim sa Batas Brown. Ang mga pagpupulong ay dapat na nakaayos ayon sa iskedyul at bukas sa publiko. Ang mga katitikan at ulat ng Komite ay isang bagay na nakatala sa publiko at dapat i-post sa isang website na ibinigay ng Lungsod. Maaaring mag-iskedyul ang komite ng mga karagdagang pagpupulong, kung kinakailangan. Ang lahat ng miyembro ng komite ay dapat dumalo sa isang sesyon ng pagsasanay at oryentasyon bago dumalo sa kanilang unang regular na pagpupulong ng komite.

Inaasahang dadalo ang mga miyembro ng komite sa lahat ng regular na pagpupulong. Ang hindi pagdalo sa dalawang magkasunod na pagpupulong ay maaaring magresulta sa pagkatanggal sa komite ayon sa pagpapasya ng opisyal ng Lungsod na nagtalaga sa miyembro ng komite.

E. Mga Operasyon at Pagpopondo ng Komite. Ang komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ay pipili ng mga miyembrong magsisilbing tagapangulo at pangalawang tagapangulo ng komite. Isang kawani ng Lungsod ang hihirangin ng Alkalde o ng kanyang itinalaga upang magsilbing kalihim. Ang kalihim ang magiging responsable sa paghahanda, pagpapaskil, at pamamahagi ng mga adyenda at pagkuha ng katitikan sa bawat pulong. Ang inaprubahang katitikan ay dapat makuha ng publiko. Ang mga desisyon, posisyon, natuklasan, at pamamaraan ng Komite ay mangangailangan ng boto ng mayorya ng mga miyembrong dumalo. Ang kinakailangan sa korum para sa anumang pagpupulong ay dapat na hindi bababa sa tatlong miyembro. Ang patuloy na gastos ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ay babayaran gamit ang kitang nalikha mula sa espesyal na buwis na pinahihintulutan ng Ordinansang ito.

F. Mga bakante. Maaaring tanggalin sa komite ang mga miyembro ng komite ng opisyal ng Lungsod na humirang sa kanila dahil sa paulit-ulit na pagliban (tingnan ang subseksyon D ng seksyong ito), dahil sa maling gawain, dahil sa hindi pagtugon sa mga kwalipikasyong nakasaad sa seksyong ito o dahil sa kawalan ng kakayahan o ayaw na gampanan ang mga tungkulin ng isang miyembro. Kung sakaling matanggal, magbitiw, o mamatay, ang opisyal ng Lungsod na humirang sa miyembro ng komite na nabakante ang puwesto ay dapat magtalaga ng isang tao upang punan ang bakanteng puwesto.

G. Iba pang mga probisyon. Maliban sa mga aytem na partikular na tinalakay sa mga gabay na prinsipyong ito, maaaring bumalangkas at magpatibay ang komite ng sarili nitong mga pamantayang pamamaraan at tuntunin sa pamamagitan ng boto ng mayorya. Ang lahat ng mga pamamaraan at tuntunin ng komite ng pangangasiwa ng mga mamamayan ay nananatiling napapailalim sa pagsusuri at pag-apruba ng Konseho ng Lungsod at ng Alkalde. Ang mga ulat at pag-awdit ng komite sa pangangasiwa ng mga mamamayan ay napapailalim sa pagsusuri at pag-apruba ng Konseho ng Lungsod at ng Alkalde.

H. Tagal. Ang komite ng pangangasiwa ng mga Mamamayan ay mananatili hanggang sa maganap ang botohan ng Konseho ng Lungsod, na napapailalim sa pag-apruba mula sa Alkalde, upang buwagin ang komite. Hindi maaaring maganap ang pagbuwag na ito sa loob ng unang 10 taon ng pagpapatupad ng Ordinansang ito.

Sek. 21.20.15 - Mga probisyon sa pananagutang pinansyal.

Ang halagang nalikom ng pinagmumulan ng kita na ito para sa espesyal na layunin at kung paano ito ginamit ay isasama sa taunang pag-awdit ng mga operasyong pinansyal ng Lungsod ng isang independiyenteng sertipikadong pampublikong akawntant. Ang gastos ng taunang pag-awdit na ito ay babayaran gamit ang kitang nalikha mula sa espesyal na buwis na pinahihintulutan ng Ordinansang ito.

Sek. 21.20.16 – Tagal ng buwis.

Ang awtoridad na magpataw ng buwis na ipinag-utos ng Ordinansang ito ay mananatiling may bisa hanggang sa mapawalang-bisa ng mga botante.

Sek. 21.20.17 – Paghihiwalay.

Kung ang anumang probisyon, seksyon, subseksyon, talata, pangungusap, parirala, o salita ng Ordinansang ito ay ginawa o idineklarang hindi wasto, ilegal, o labag sa konstitusyon ng anumang pangwakas na aksyon sa isang korte na may kakayahang hurisdiksyon o sa pamamagitan ng dahilan o anumang paunang batas, ang naturang labag sa konstitusyon, ilegalidad o kawalang-bisa ay makakaapekto lamang sa naturang probisyon, seksyon, subseksyon, talata, pangungusap, parirala, o salita at hindi makakaapekto o makakasira sa anumang natitirang mga probisyon, seksyon, subseksyon, talata, pangungusap, parirala, o salita, o ang aplikasyon ng Ordinansang ito sa sinumang ibang tao o pangyayari, at sa layuning iyon, ang mga probisyon nito ay maaaring paghiwalayin. Ipinahahayag dito na layunin ng mga Mamamayan ng Lungsod na ang Ordinansang ito ay pinagtibay sana kahit hindi isinama rito ang naturang labag sa Konstitusyon, labag sa batas, o walang-bisang probisyon, seksiyon, subseksiyon, talata, pangungusap, parirala, o salita.

Sek. 21.20.18 – Mga Pagsusog.

Ang Konseho ng Lungsod ay walang awtoridad na susugan ang Ordinansang ito maliban kung hayagang itinatadhana rito. Ang isang pagsusog ay maaaring ipatupad nang walang boto ng mga tao kung ito ay: (1) ay mahigpit na kinakailangan upang ipatupad o pangasiwaan ang Ordinansa; (2) hindi binabago ang halaga, antas, o tagal ng buwis; (3) isinusulong ang mga layunin ng Ordinansang ito; at (4) inaprubahan ng dalawang-katlong boto ng lahat ng miyembro ng Konseho ng Lungsod kasunod ng hindi bababa sa 30 araw ng pampublikong abiso at pagsusuri.

Sek. 21.20.19 – Pagpapanatili ng Pagsisikap (MOE).

A. Layunin ng mga Tao na ang mga kitang nakolekta sa ilalim ng Ordinansang ito ay magdagdag at hindi pumalit sa mga kasalukuyang gastusin ng Lungsod para sa mga serbisyo ng LAFD. Para sa layuning iyon, pananatilihin ng Lungsod, sa pinakamababa, ang karaniwang porsyento ng kabuuang pondo mula sa badyet na nakabatay sa pagpapasya sa LAFD sa loob ng sampung taon

ng pananalapi bago ang petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito (ang "panahong batayan"). Ang panahon ng batayan ay itatakda sa petsa ng pagpapatupad ng Ordinansang ito at hindi na muling kakalkulahin pababa sa mga susunod na taon.

B. Kung sakaling mabigo ang Lungsod na magbadyet upang matugunan ang antas ng pagpopondo na itinatadhana ng seksyong ito, hindi magpapataw at magpapataw ang Lungsod ng espesyal na buwis na itinatag alinsunod sa Ordinansang ito sa taong piskal na iyon.

C. Upang maitaguyod ang pagiging bukas at pananagutan, taun-taon na sesertipikahan ng Lungsod ang pagsunod nito sa kinakailangang Pagpapanatili ng Pagsisikap bilang bahagi ng proseso ng badyet, at ang naturang sertipikasyon ay dapat ibigay sa publiko.

D. Walang anumang nakasaad sa seksyong ito ang hahadlang sa Lungsod sa pagpapataas ng suporta ng Pangkalahatang Pondo sa LAFD nang higit sa karaniwang porsyento para sa panahong batayan.

Sek. 21.20.20 – Mga Oportunidad sa Bagong Konstruksyon at Lokal na Pagkuha ng Trabaho.

A. Ang lahat ng mga proyekto sa konstruksyon ng mga bagong istasyon ng bumbero at kapalit na istasyon ng bumbero na tumatanggap ng pondo mula sa Ordinansang ito ay sasailalim sa Kasunduan sa Paggawa ng Proyekto ng Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain ng Lungsod ng Los Angeles (“Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain PLA”). Maaaring isama ng Konseho ng Lungsod, sa sarili nitong pagpapasya, sa loob ng Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain PLA ang iba pang mga proyekto sa konstruksyon, rehabilitasyon, at kapalit na tumatanggap ng pondo mula sa Ordinansang ito.

B. Kung ang isang partikular na Kasunduan sa Paggawa ng Proyekto (“PLA”) ay inaprubahan ng Konseho ng Lungsod upang ilapat sa mga proyekto ng pagtatayo, rehabilitasyon, at pagpapalit ng mga pasilidad sa sunog na tumatanggap ng pondo mula sa Ordinansa, ang mga kontratista na nagsasagawa ng konstruksyon, rehabilitasyon, at pagpapalit ng trabaho sa mga naturang proyekto ng pasilidad sa sunog ay kinakailangang sumunod sa naturang partikular na PLA, sa halip na sa Kagawaran ng mga Pampublikong Gawain PLA.

C. Anumang proyekto sa konstruksyon, rehabilitasyon, at pagpapalit ng istasyon ng bumbero na tumatanggap ng pondo mula sa Ordinansang ito ay bubuo ng mga gawaing pampubliko kung saan ang umiiral na sahod ay dapat bayaran nang naaayon sa Kodigo sa Paggawa ng California.

D. Para sa mga proyekto ng LAFD na tumatanggap ng pondo mula sa Ordinansang ito, maaaring hilingin ng Konseho ng Lungsod ang pagtatatag ng isang programa sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa upang mapataas ang pag-access sa mga karera sa konstruksyon para sa mga lokal na residente ng Lungsod ng Los Angeles. Ang anumang naturang programa ay dapat magsulong ng paggamit ng mga programa sa pag-aaprentis at panimulang pag-aaprentis, mga job fair, at iba pang mga inisyatibo sa pagpapaunlad ng lakas manggagawa upang matiyak na ang mga proyekto ng LAFD ay naglalayong lumikha ng mga landas tungo sa magagandang trabaho para sa mga residente ng Lungsod.

SEKSYON 3. Mga Magkasalungat na Panukala.

Ang panukala na ito ay inilaan upang gumana sa loob ng mga limitasyon ng batas ng estado na namamahala sa mga transaksyon at buwis sa paggamit. Kung ang panukalang ito at anumang iba pang panukala ng Lungsod na lumalabas sa iisang balota ay magpapataw ng buwis sa transaksyon at paggamit, at ang pinagsamang pagpapatibay ng mga naturang panukala ay magiging sanhi ng paglampas ng kabuuang antas ng buwis sa distrito na naaangkop sa loob ng Lungsod sa limitasyong itinatag ng Seksyon 7251.1 ng Kodigo sa Kita at

Pagbubuwis ng California o anumang kahaliling batas, kung gayon ang mga probisyon ng panukalang ito ay ituturing na sumasalungat sa iba pang (mga) panukala sa lawak na iyon.

Alinsunod sa Artikulo II, Seksyon 10(b) ng Konstitusyon ng California, kung ang panukalang ito at anumang magkasalungat na panukala ay maaprubahan ng mga botante sa parehong halalan, ang panukalang nakatanggap ng mas maraming bilang ng mga boto ng pagsang-ayon ang mananaig sa lahat ng aspeto hinggil sa mga magkasalungat na bahagi. Kung ang panukalang ito ay makatanggap ng mayorya ng mga boto ng pagsang-ayon ngunit mas kaunti kaysa sa anumang iba pang magkasalungat na panukala, ito ay magkakabisa sa lawak na maaari nitong gawin nang hindi lumalagpas sa limitasyong itinakda ng batas o sumasalungat sa umiiral na panukala.

SEKSYON 4. Petsa ng Pagkakabisa; Petsa ng Operasyon.

Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos patunayan ng Konseho ng Lungsod o iba pang namamahalang lupon na ang Ordinansang ito ay naaprubahan na ng mga botanteng bumoto sa halalan ng panukalang nagpapatupad ng Ordinansang ito. Ang buwis sa mga transaksyon at paggamit na ipinapataw dito ay magiging epektibo sa unang araw ng unang kwarter ng kalendaryo na magsisimula nang higit sa isang daan at sampung (110) araw pagkatapos ng pagpapatibay ng Ordinansang ito ("Petsa ng Operasyon") o ayon sa ibang itinatadhana ng batas.

SEKSYON 5. Legal na Depensa.

Kung maaprubahan ng simpleng mayorya ng mga botante, at pagkatapos ay hamunin sa korte na may kakayahang hurisdiksyon, ipagtatanggol ng Lungsod ang Ordinansang ito sa naturang korte na may kakayahang hurisdiksyon. Ang mga Tao ng Lungsod, sa pamamagitan ng pag-apruba sa Ordinansang ito ng simpleng mayorya ng mga botante, ay nagpapahayag na ang mga tagapagtaguyod ng Ordinansang ito ay may direkta at personal na interes sa pagtatanggol sa Ordinansang ito mula sa mga hamon sa konstitusyon o batas sa bisa o implementasyon ng Ordinansang ito. Kung sakaling mabigo ang Lungsod na ipagtanggol ang Ordinansang ito, o mabigo ang Lungsod na iapela ang isang salungat na hatol laban sa Ordinansang ito, nang buo o bahagi, sa anumang hukuman na may kakayahang hurisdiksyon, ang tagapagtaguyod ng Ordinansang ito ay may karapatang igiit ang kanyang, kanya, o kanilang direktang personal na interes sa pamamagitan ng pagtatanggol sa bisa at pagpapatupad ng Ordinansang ito sa anumang hukuman na may kakayahang hurisdiksyon at bibigyan ng kapangyarihan ng mga Tao sa pamamagitan ng Ordinansang ito na kumilos bilang mga ahente ng mga Tao ng Lungsod, at babayaran ng Lungsod ang tagapagtaguyod para sa makatwirang bayad sa abogado.

SEKSYON 6. Kodipikasyon; Pagnunumero; Mga Di-substantibong Pagbabago.

Kung maaprubahan ng mga botante, ang Ordinansang ito ay isasama sa kodigo ng Kodigong Munisipal ng Lungsod ng Los Angeles. Ang mga numero ng kabanata, artikulo, at seksyon na nakasaad sa Ordinansang ito ay para sa sanggunian lamang at ang Klerk ng Lungsod ay awtorisadong magtalaga ng alternatibong mga numero ng kabanata, artikulo, at seksyon, at gumawa ng mga hindi substantibong pag-format, tipograpiya, at pagtukoy sa kaugnay na impormasyon na pagwawasto kung kinakailangan upang maipatupad ang Ordinansang ito nang hindi binabago ang nilalaman nito.

Batas sa mga Karapatan ng Botante

IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapatdapat bumoto kung ikaw ay:
   - ★ isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - ★ hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - ★ nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - ★ hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - ★ hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.**
   Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan ng isang bagong balota,
   Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o
   Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan sa isang opisyal sa mga halalan** o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 345-VOTE (8683).

Sa web sa **www.sos.ca.gov**

Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 345-VOTE (8683)**

Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

Impormasyon para sa Kakayahang Makagamit ng Botante

Para sa kakayahang makagamit at iba pang pantulong na kagamitan (800) 815-2666, Opsyon 4 (Tuwirang Linya ng County ng LA)

Ang mga Sentro ng Botohan sa County ng LA ay nagkakaloob ng madadaanan ng upuang de gulong at/o pagboto sa gilid ng bangketa. Sa loob ng Sentro ng Botohan, may makikita kayong mga kagamitan na makakatulong sa inyo sa inyong karanasan sa pagboto.

Mga Pagtatala ng Audio (213) 978-0444
Mayroong kagamitang pang-audio sa lahat ng Sentro ng Botohan upang tulungan kayo.

Ang mga pagtatala ng audio ng mga panukala na kasama sa libritong na ito ay mapapakinggan sa Ingles, Armenian, Tsino, Farsi, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Ruso, Espanyol, Tagalog, Thai, at Bietnames. Ang mga rekording na ito ay makukuha sa aming website: clerk.lacity.gov/elections/multilingual-services at sa mga sumusunod na lokasyon:

Braille Institute Library
741 North Vermont Avenue
Los Angeles, CA 90029
(323) 660-3880

Central Library
630 West 5th Street
Los Angeles, CA 90071
(213) 228-7000

Ang mga botante ay maaari ring humiling ng kopya ng mga pagtatala ng audio mula sa aming opisina:

Office of the City Clerk-Election Division
Attn: Audio Recordings
555 Ramirez Street, Space 300
Los Angeles, CA 90012

Numero ng Telepono ng TTD (562) 462-2259
Ang isang numero ng telepono na TTD ay nakalaan para sa mga botante na may kapansanan sa pandinig.

Tulong sa Wika (213) 978-0444
Ang Lungsod ay nagbibigay din ng mga materyal sa pagboto sa wikang Armenian, Tsino, Farsi, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Ruso, Espanyol, Tagalog, Thai, at Bietnames.

Ang Iyong Lungsod. Ang Iyong Tinig. Ang Iyong Konseho ng Kapitbahayan!

Gusto mo bang gumawa ng paraan para sa mga lubak? May ideya ka ba para sa isang inisyatibo sa pagpapaganda ng komunidad? Naghahanap ng mga makabuluhang paraan para kumonekta sa iyong komunidad?

Makisali sa iyong Konseho ng Kapitbahayan!

Ang mga Konseho ng Kapitbahayan ay binubuo ng mga tao sa IYONG komunidad na nagtatrabaho upang matiyak na ang Lungsod ng Los Angeles ay tumutugon sa mga pangangailangan, hamon, at mithiin ng inyong kapitbahayan. Bilang mga halal na boluntaryong tagapayo, ang mga Konseho ng Kapitbahayan ay nagsisilbing **ANG IYONG boses sa Munisipyo**.

May mahalagang papel ang mga Konseho ng Kapitbahayan sa pamahalaan ng Lungsod ng Los Angeles sa pamamagitan ng:

- Pagpapayo sa mga pinuno ng Lungsod at pagtataguyod sa mga lokal na isyu,
- Pagtatakda ng mga prayoridad para sa mga proyekto sa pagpapabuti ng komunidad at kapital,
- Pagsubaybay at pagbibigay ng mga rekomendasyon sa mga serbisyo ng Lungsod tulad ng pagkukumpuni ng kalye at bangketa, kaligtasan ng publiko, at pangongolekta ng basura,
- Pagpopondo sa mga kaganapan, proyekto, at inisyatibo sa kanilang komunidad,
- At higit pa!

Ang Los Angeles ay may 99 na Konseho ng Kapitbahayan.
Itinuturing na pinakamalaking modelo ng pakikilahok sibiko ng mamamayan sa bansa, ang bawat isa ay nagsisilbi sa mga taga-Los Angeles na naninirahan, nagtatrabaho, nag-aaral, sumasamba, nagmamay-ari ng ari-arian o negosyo, o nagboboluntaryo sa loob ng kapitbahayan.

Makilahok Ngayon

Ang Mga Halalan sa Konseho ng Kapitbahayan ay magaganap sa 2027. Bilang isang taga-Los Angeles, maaari kang maging pinuno ng komunidad sa pamamagitan ng pagtakbo para sa isang puwesto sa iyong Konseho ng Kapitbahayan at sa pamamagitan ng pagiging botante sa mahalagang halalang ito.

Bisitahin ang www.99NCs.com upang mahanap ang inyong Konseho ng Kapitbahayan at alamin ang tungkol sa Mga Halalan sa Konseho ng Kapitbahayan sa 2027, o makipag-ugnayan sa Departamento ng Pagbibigay-Kapangyarihan ng Kapitbahayan sa EmpowerLA@LACity.org o (213) 978-1551.

Nagbibigay ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ng libreng tulong sa wika. Maaaring humiling ng mga serbisyo ng interpretasyon o pagsasalin sa inyong wika o iba pang madaling ma-access na format para sa anumang serbisyong may kaugnayan sa Klerk ng Lungsod.

MGA SERBISYO SA INTERPRETASYON SA PAGPUPULONG NG KONSEHO NG LUNGSOD AT KOMITE

Mayroong interpretasyon sa wikang Espanyol na makukuha sa lahat ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at ng Komite. Mayroon ding interpretasyon sa iba pang mga wika at mga interpreter ng Wikang Senyas ng Amerika (ASL) na magagamit kapag hiniling, nang walang bayad.

MGA SERBISYO SA BRAILLE

Ang mga libreng adyenda at dokumento ng Konseho at Komite sa braille na may kaugnayan sa mga serbisyo ng Klerk ng Lungsod ay makukuha kapag hiniling.

PAGSASALIN NG DOKUMENTO

Ang mga dokumento ng Klerk ng Lungsod o mga adyenda ng Pagpupulong ng Konseho sa ibang wika o madaling ma-access na format ay makukuha kapag hiniling.

PAG-INTERPRET NG VIDEO NG MALAYUAN (VRI)

Nag-aalok ang Opisina ng Klerk ng Lungsod ng mga serbisyong VRI, na nagkokonekta sa mga indibidwal sa mga live na ASL interpreter sa pamamagitan ng kompyuter para sa mga serbisyong may kaugnayan sa Klerk ng Lungsod. Ang mga serbisyo ng VRI ay makukuha lamang ng personal sa City Hall Room 395, Lunes hanggang Biyernes sa oras ng opisina.

KARAGDAGANG TULONG

Para magsumite ng kahilingan, o para sa karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email sa clerk.interpretation@lacity.org o tumawag sa (213) 978-1133 o bisitahin kami nang personal sa City Hall, 200 North Spring Street, Room 395, Los Angeles, CA 90012.

Para sa lahat ng mga kahilingan, mangyaring magbigay ng abiso nang mas maaga hangga’t maaari. Hindi garantisado ang mga kahilingan hangga't hindi natatanggap ang isang abiso ng kumpirmasyon.

Ang Inyong Mga Opsyon para sa Pagboto

PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN-NG-KOREO

- Ibalik sa pamamagitan ng Koreo
  - Dapat may nakatatak-koreo bago ang Araw ng Halalan at matanggap sa loob ng 7 araw
- Hulugan
  - Sa isang Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota
  - Sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng LA

Huwag kalimutang PIRMAHAN ang likod ng iyong Envelope para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo!

MGA SENTRO NG BOTOHAN

- Bumoto nang personal
- Ihulog ang iyong balota para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo

I-SCAN PARA HANAPIN ANG MGA ORAS AT LOKASYON NG SENTRO NG BOTOHAN

o bisitahin ang locator.lavote.gov/locations/vc

I-SCAN DITO!

Bumoto nang maaga!
Bukas na ang mga Sentro ng Pagboto simula ika-24 ng Oktubre, 2026